# KRISIS AT REBOLUSYONG PILIPINO

*Serye ng mga Lektyur na binigkas ni* JOSE MA. SISON
sa Asian Center, University of the Philippines

inilimbag ng
AMADO V. HERNANDEZ RESOURCE CENTER, INC.
at ng
COLLEGE EDITORS' GUILD OF THE PHILIPPINES

**1998**
KRISIS AT REBOLUSYONG PILIPINO
ni JOSE MARIA SISON
Inilathala ng
AMADO V. HERNANDEZ RESOURCE CENTER, INC.
at ng
COLLEGE EDITORS' GUILD OF THE PHILIPPINES

Maaaring sipiin ang alinmang bahagi ng libro. Banggitin lamang ang pinagsanggunian.

ISBN 971-92080-0-7 Manila, Philippines.
Cover artwork: *Pizza Pilipina* by Boy Dominguez

# *Nilalaman*

*Unang Lektyur*
ISTORIKONG UGAT NG KRISIS NG PILIPINAS 5
*Ikalawang Lektyur*
KRISIS NG MALAPYUDAL NA EKONOMYA 24
*Ikatlong Lektyur*
KRISIS NG ESTADONG NEOKOLONYAL 36
*Ikaapat na Lektyur*
KRISIS NG KULTURANG PILIPINO 51
*Ikalimang Lektyur*
KRISIS SA UGNAYANG INTERNASYUNAL 63
*Ikaanim na Lektyur*

ANG BAGONG DEMOKRATIKONG KILUSAN *75*
*Ikapitong Lektyur*
PAG-UNLAD NG EKONOMYA 87
*Ikawalong Lektyur*
ISANG PAMBANSA, SYENTIPIKO AT PANGMASANG KULTURA 96
*Ikasiyam na Lektyur*
NAGSASARILING PATAKARANG PANLABAS 107
*Ikasampung Lektyur*
HINAHARAP NG REBOLUSYONG PlLIPINO 11 7

AKO AY LABIS NA NALULUGOD DAHIL INILALATHALA ANG BERSYONG Pilipino ng *Philippine Crisis and Revolution* (PCR). Sa gayon, mas maraming mamamayan, laluna ang mga manggagawa at rnagsasaka, ay makakabasa at makakapagsuri ng librong ito.

Ang maikli ngunit malamang librong ito ay naghahayag ng istorikong bakgrawnd at mga saligang problema ng sambayanang Pilipino sa pampulitika, sosyo-ekonomiko, pangkultura at diplomatikong larangan at mga batayang solusyon sa pambansa'demokratikong linya. Inaapdeyt at itinataguyod nito ang nilalaman ng Struggle for National Democracy (SND) at Philippine Society and Revolution (PSR).

Ang PCR ay makabuluhan sa kasaysayan dahil ipinaliliwanag nito ang kinakailangang pagpapatuloy ng bagong demokratikong rebolusyon mula sa panahon sa pasistang diktadurang Marcos hanggang pagkaraan ng panahong Marcos. Tinukoy nito ang maka imperyalistang uring malaking kumprador-panginoong maylupa na katangian ng rehimeng Aquino ng panahong ipinagdiriwang ng mga irnperyalista at karamihan sa mga reaksyunaryo ang rehimen bilang "demokratiko" na kabaligtaran ng despotikong rehimeng Marcos at tinatawag din ito ng ilang mamamayan na "liberal demokratiko".

Sa takbo ng pakikibaka laban sa pasistang rehimeng Marcos at sa pagbubunyi sa pagbagsak nito, ang ilang elemento ay abalang abala sa antipasistang aspeto ng pambansa-demokratikong kilusan hanggang sa pagtakpan nila ang anti-imperyalista at antipyudal na aspeto. May awtokrasya man o oligarkiya sa rurok ng malakolonyal at malapyudal na naghaharing sistema, ang pambansa-demokratikong kilusan ay matatag na lumalaban sa dayuhang monopolyo kapitalismo lokal na pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Ipinabatid sa akin na mula noong 1987 ay ginagamit na sa rebolusyonaryong kilusan ang Philippine Crisis and Revolution bilang isang materyal sa pag-aaral. Ang PCR ay isinalin sa Pranses, Dutch at iba pang lenggwaheng dayuhan noong 1986-87 at nagsilbing paglilinaw ng kalagayan pagkaraan ng panahong Marcos sa hanay ng mga progresibong pwersa sa ibayong dagat.

Ako'y nagpapasalamat dahil naginy kapakipakinabang any librong ito higit sa

pagiging serye ng lektyur na akademiko sa Asian Center ng University of the Philippines. Unvaasa ako na ang kasalukuyang tagapaglathala ay lalupang makapagpapalaganap ng librong ito sa sambayanang Pilipino.

JOSE MARIA SISON
Disyembre 16, 1998

## INTRODUKSYON

Ang pagsalin sa Pilipino sa aklat na ito ng mga lektyur sa Ingles na binigkas ni Propesor Jose Maria Sison sa Pamantasan ng Pilipinas, Diliman noong Abril hanggang Mayo 1986, ay isang pagkilala na ang mga suliraning pinapasan ng masang Pilipino noong panahong iyon ay patuloy pa ring umiiral sa kasalukuyan. Nang palitan ang diktador na si Marcos ni Gory Aquino noong 1986, nagpalitan lamang ang mga pangkat ng mga naghahari. Minana naman ni Fidel Ramos ang mga patakarang kontra-masa ni Aquino, kagaya ng pekeng reporma sa lupa at mga programang ipinataw ng IMF-World Bank sa Pilipinas (liberalisasyon, deregularisasyon at pribatisasyon). At nang umupo sa kapangyarihan si Erap Estrada pinahalik niya ang mga kroni ni Marcos at pinawalang sala ang asawa ng dating diktador. Tunay na ang nangyayari sa pulitika sa Pilipinas ay angkop na angkop sa isang kasabihan ng mga Tsino: "Habang nagbabago ang mga bagay-bagay, ang lahat ay nananatiling pareho."

Ang nababago lamang sa pamumunong pulitikal sa Pilipinas ay mga mukha ng mga naghaharing uri, ngunit nananatili ang istruktura ng lipunan na dinodomina ng monopolyong kapitalismo ng United States at ng mga alalay nitong katutubong kumprador na burgesya at panginoong maylupa. Nagkakaroon lamang ng rigodon sa pulitika (palitan ng kapareha) at ang tumutugtog ng musika ay ang imperyalistang United States.

Ang ekonomya ng Pilipinas ay nananatiling malapyudal at malakolonyal, pinagkukunan ng naghaharing uri ng limpak-limpak na sobrang tubo mula sa gawa ng mga manggagawa at magsasakang Pilipino. Ang mga natuklasan ng may akda sa kalagayan ng Pilipinas ay tumpak pa hanggang ngayon. Dahil sa mas agresibong pagsasaman-tala ng imperyalismo at mga galamay nito sa mga batayang masang Pilipino at likas-yaman ng bayan, lalong dumarami ang mahihirap sa lipunan. Sa kasalukuyan, ayon sa IBON Philippines, may 70% ng mga pamilyang Pilipino ang nabubuhay sa ilalim ng lebel ng kahirapan. Ikumpara ito sa 57% mahirap na pamilyang Pilipino noong 1975, ayon mismo sa US AID.

Ang tamang landas para lutasin ang gumagrabeng suliranin ng bayan na lalo pang umiigting dulot ng kasalukuyang krisis ng pandaigdigang kapitalismo ay lungo sa pambansa-demokratikong kilusan. Ito ang hakbang na iminumungkahi ni Propesor Sison at ho ay kailangang isaalang-alang ng bawat mama may ang Pilipmo. Kailangang tuluyang wakasan ang pagkontrol ng monopolyong kapitalismong US sa lipunang

Pilipino at lansagin ang pamumuno sa pulitika ng mga kumprador na burgesya at panginoong maylupa, na lalong lumalakas sa Kongreso. Kailangang ipalit sa kanila ang pamumuno ng batayang masa na tatahak sa daan tungo sa tunay na demokrasya at kaginhawaan ng sambayanan. Sa pamamagitan lamang ng pakikibakang ito makakaalpas ang masang Pilipino sa daan-daang taon na pambubusabos sa kanila. Isang karangalan na mailathala ng Amado V. Hernandez Resource Center ang aklat na ito na nagbibigay ng pag-asa sa naghihirap na bayan. Sana'y lalong dumami ang maabot ng mga pananaw ng aklat na ito sa pagsalin nito sa ating wikang pambansa

EDBERTO M. VILLEGAS, PH.D.
Tagapangulo
Amado V. Hernandez Resource Center
2 Disyembre 1998

*Unang Lektyur*

# ISTORIKONG UGAT NG KRISIS NG PILIPINAS

ANG PANGUNAHING DIIN NG TALAKAYANG ITO AY ANG pagtalunton sa istorikong ugat ng palagian at kasalukuyang krisis na nagpapahirap sa malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino. Imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo ang dahilan ng krisis na ito. Dapat itong tingnan ayon sa takbo ng kasaysayan para maipaliwanag ang mga ito sa pangkalahatan pero sa naaangkop na kongkretong mga salita.

Para makita nang malaliman ang bakgrawnd, kailangan nating talakayin muna ang mga lipunan sa kapuluan na nakilalang Pilipinas bago dumating ang kolonyalismo gayundin ang lipunang kolonyal at pyudal na idinulot ng kolonyalismong Espanyol. Pagkatapos nito, matatalakay na natin ang lipunang malapyudal na idinulot ng imperyalismong US sa mga yugtong kolonyal (1902-1946) at malakolonyal (1946 hanggang sa kasalukuyan) sa kasaysayan ng Pilipinas.

Sa pagtalakay sa gayong natatanging pormasyong panlipunan, ilalahad natin ang moda ng produksyon at superistruktura at ipapaliwanag ang pagbabago mula sa isang pormasyong panlipunan tungo sa isa pa. Ang pangunahing layunin ay magtuon nang husto sa kasalukuyang malakolonyal at malapyudal na lipunan, sa paglitaw ng pasistang diktadura at sa bagong sitwasyon pagkaraan ng pagbabagsak sa despotismong Marcos.

## Ang mga Lipunan Bago Dumating ang Kolonyalismo

Sa mahigpit na pakahulugan ng kasaysayan batay sa sapat na nakasulat na mga rekord, ang kasaysayan ng Pilipinas ay nagsimula noong ika-16 na siglo sa mga ulat ng mga Espanyol. Mula sa mga ito, at sa tulong ng mga datos na arkeolohikal,

etnolinggwistiko, antropolohikal at mga datos bago nasulat ang kasaysayan (protohistoric), magkakaroon tayo ng mahusay-husay na ideya ng mga lipunan sa Pilipinas bago dumating ang kolonyalismo.

Sa pagdating ng kolonyalismong Espanyol, ang nangingibabaw na pormasyong panlipunan sa Pilipinas noong ika-16 na siglo ay matatagpuan sa mga lugar na malapit sa ilog at dagat, na dito naninirahan ang kasalukuyang malalaking grupong etnolinggwistiko tulad ng mga Ilokano, Ibanag, Kapampangan, Tagalog, Bikolano, Cebuano, Waray, Hiligaynon, Tausug, Maranaw at iba pa. Sa kabuuang populasyon na isang milyon, mga 80 porsyenro ang nasa mga komunidad na ito.

May mga komunidad na integral sa sosyo-ekonomya na ang populasyon ay umaabot sa 20,000, tulad ng mga komunidad sa Jolo at Maynila. Ang moda ng produksyon ay may mga elemento ng pagkaalipin at pyudal na pagkabusabos.

Pandagdag sa pagtatanim ng palay na ginagamitan ng patubig (wet rice agriculture) ang pagtatanim ng palay na umaasa sa sahod-ulan (dry rice agriculture). Maunlad na maunlad na pagyayaring-kamay, tulad ng paggawa ng.palayok, paghahabi, pagpapanday at paggawa ng bangka. Walang mga istrukturang gawa sa malalaking bato pero malalaki ang bahay na gawa sa kahoy na pagmamay-ari ng pinakamataas na uri sa lipunan at karaniwan na ang mga bangkang kasinlaki ng caracoa (makakapagsakay ng 50 hanggang 100 pasahero para sa kalakalan at gera).

Bilang naghaharing uri, ang mga pamilya ng datu ang nagmamay-ari ng mga alipin, kagamitang metal, hayop, bangka at lupain para sa pagtatanim ng palay na ginagamitan ng patubig. Ang mga alipin ay walang kaparte sa kanilang produkto pero ang mga pyudal na busabos ay may kaparte o nagbabayad ng tribute sa mga datu o taong malaya. Mayroon ding panggitnang uri ng mga taong malaya na nagmamay-ari ng sariling mga kagamitan at lupain para sa pagtatanim ng palay na ginagamitan ng patubig at may kaparte sa lupain para sa pagtatanim ng palay na umaasa sa sahod-ulan at kanila na ang produkto nila.

May pakikipagkalakalan sa mga tribung nasa burol. May malawakang kalakalan sa pagitan ng mga pulo na lumalampas sa mga hangganang etnolinggwistiko. May pakikipagkalakalan sa loob ng Timog-Silangang Asya at pakikipagkalakalan sa Tsina at Japan. Ang pinakaimportanteng mga kalakal na ipinagpapalit ay porselana, seda at produktong metal mula sa Tsina, at pagkit, kahoy, bigas, bulak, bahay ng pagong-tabang at iba pang produktong tropikal na mula sa bayan.

Ang sultanato ng Sulu ang pinakamataas na sosyo-pulitikal na pormasyon. Sa ilalim ng Sultan, ang naghaharing kunseho na kinabibi- langan ng mga upisyal na may malinaw na nakatakdang mga tungkulin ang tumutulong sa kanyang awtokratikong paghahari. May maunlad na maunlad na istruktura ng mga lider sa pulitika at relihiyon.

Sa iba pang lugar, ang raha o nangungunang datu sa kalipunan ng barangay ay naghahari nang awtokratiko o sa iba't ibang antas ay umaasa sa isang kunseho ng mga datu. Ang mga barangay (saligang panlipunang yunit noong panahong iyon) ay madalas na nagkakasundo batay sa pagkulekta ng tributo, kalakalan o gera.

Bukod sa pag-iral ng mga uri sa lipunan at paggamit ng paghuhugis' at

pagrerepinerya ng metal, marami ang marunung bumasa't sumulat para masabing sibilisado ang mga lipunan bago dumating ang kolonyalismo. Mula pa noong ika-14 na siglo, ang Islam ay nakapag-ugat na sa pulo ng Sulu at mga parte ng pulong Mindanao at umabot na hanggang Maynila ang pagpapalaganap ng doktrinang Islam. Pero nanaig sa karamihan ng mga lugar sa bayan ang animismo at paniniwala sa maraming diyos. Ang mga porma ng sining na umunlad ay ang awit, musikang instrumental, tula, dramang panritwal, pag-uukit, pagtatatu, paggawa ng alahas, pagpapalayok, paghahabi.

### *Ang Lipunang Kolonyal at Pyudal*

Noong ika-15 siglo, ang kapitalismo sa yugto nitong pagma-manupaktura ay papaunlad sa Espanya. Ito ang pwersang pampakilos sa merkantilismong Espanyol at kolonyalismo na dumating sa Pilipinas noong ika-16 na siglo. Sa pamamagitan ng kolonyal na mga ekspedisyon at pandarambong, ang Espanya ay nakapag-ambag nang malaki sa primitibong akumulasyon ng kapital sa Europa pero matitigil ang pang-ekonomyang pag-unlad sa Espanya mismo.

Sa mahigit tatlong daang taon ng kolonyal na paghahari sa Pilipi-nas hanggang sa mga katapusang taon ng ika-19 na siglo, isinagawa ng kolonyalismong Espanyol ang pagbubuo ng isang kolonyal at pyudal na lipunan sa halos lahat ng parte ng kapuluang hilagang Malay — ang Pilipinas.

Sa unang sandaang taon ng kolonyal na paghahari ng Espanya, ginamit ang sistemang enkomyenda para pagsama-samahin ang maliliit at magkakaibang lipunang prekolonyal; mangulekta ng tribute, magpalaganap ng paniniwalang Kristiyano; at mag-organisa ng sapilitang paggawa at pagpapasundalo. Ang pyudal-militar na paraang ito ay transisyon sa pagbubuo ng lipunang kolonyal at pyudal.

Sa mula't mula ng paghahari ng mga kolonyal na awroridad ng Espanya, isinagawa nila ang tahasang kolonyal na pandarambong para matustusan ang kalakalang Maynila-Acapulco at masustini ang sarili sa pangangasiwa sa bayan, pagpapayapa sa mga suwail na katutubo at pamumuhay nang maginhawa. Pagkalaki-laki ng kita ng kalakalang Maynila-Acapulco dahil ang mga galyon ay gawa sa kahoy na pinutol at hinakot ng mga sapilitang pinagtrabaho, ginawa rin ng mga sapilitang pinagtrabaho at ginaod ng mga pinarusahang alipin. Isa pa, may Hindi nakatalang pagbebenta ng murang bigas at bulak sa plota ng mangangalakal na mga Tsino.

Noong huling bahagi ng ika-18 siglo, nang umunlad nang husto ang pyudalismo, ang mga kolonyal na awtoridad ng Espanya ay nagdisisyong magtaguyod ng malawakang pagtatanim ng mga pang-eksport dahil sa lumalaking pangangailangan ng mga kapitalistang bayang industriyal sa Europa (laluna ang Britanya) sa ganoong mga pananim at dahil din sa paghina ng kalakalang Maynila-Acapulco.

Noong ika-19 na siglo, ang kalakalang panlabas ng mga pang-agrikulturang eksport ng Pilipinas at mga import na produktong minanupaktura sa ibang bayan ang nagpahinog sa pyudalismo at naging dahilan ng paglitaw ng sistemang pangkalakal sa loob ng likas na ekonomya. Nagkonsentra ang ilang lugar sa pananim na pang-eksport

at ang iba nama'y sa mga pananim na pangunahing kailangan para sa pansariling kunsumo. Ang espesyalisasyong pang-agrikukura ang nagtulak sa akumulasyon ng lupa ng mga prayle at katutubong panginoong maylupa, pati ng lokal na kalakalan.

Sa kalaunan, ang sistemang kolonyal ng Espanya—nakaasa sa pandarambong sa pamamagitan ng pagbubuwis at monopolyo sa kalakalan —ay malinaw na nakitang hadlang sa pag-unlad ng agrikulturang nakatuon sa pag-eeksport at sa panlabas na kalakalan sa mga bayang industriyal.

Sa arbitraryong pagpapalawak ng pag-aaring lupain at pagtataas ng upa sa lupa, malinaw na nakita ng mamamayan na ang mga prayle ang mga pangunahing pyudal na mapagsamantala sa bayan. Syempre, bunga ng pagiging pangunahing lahatang administratibong suporta sa lokal na antas para sa mga kolonyal na naghahari, ang mga prayle ay kinamuhian ng mamamayan dahil sa patung-patong na kasalanang diskriminasyong panlahi, pang-aapi at pagsasamantala.

Sa katunayan, nanaig sa Pilipinas ang estadong teokratiko. May pagkakaisa ang simbahan at estado. Ang mga prayle ay itinaguyod ng mga naghahari at instrumento ng patakarang kolonyal. Sila ay makikita sa maraming lugar at nangingibabaw sa mga katutubong upisyal na nalimita sa munisipal na antas ng awtoridad na admi-nistratibo.

Ang prestihiyong pampulitika at moral ng mga prayle ay unang tinuligsa sa malawakang saklaw na paglitaw ng kilusan sa sekula-risasyon na naggiit na ipalit sa mga prayle ang mga paring sekular na mga katutubo. Pero ang panlipunang ligalig sa hanay ng mga katutubong nangungupahan at kasama sa mga lupain ng prayle ang nagpahantong sa pinakadramatikong mga mapaniil na hakbang na kolonyal at pumukaw naman sa magsasakang lumaban.

Ang Simbahang Katoliko ang prinsipal na institusyong pangkultura sa bayan. May monopolyo ito sa ideolohiya-teolohiya. Panrelihiyon ang tipo ng edukasyong itinaguyod nito sa pinaka-malawak na saklaw. Tinangka nitong pawiin ang itinuring na mga gawaing pagano o ginamit ang katutubong mga pormang pangkultura para lagyan ng nilalamang kolonyal at kleriko ang mga ito.

Hanggang noong kalagitnaan ng ika-19 na siglo, ang mga paring sekular ang mga katutubong may makabuluhang bilang na nakatuntong sa mas mataas na antas ng edukasyon. Sa kalaunan lamang makakaabot sa kolehiyo ang makabuluhang bilang ng mga anak ng mga katutubong panginoong maylupa at mangangalakal at makakakuha ng mga pampropesyunal na kursong di panrelihiyon.

***Ang Rebolusyong Pilipino***

Ang rebolusyong Pilipino ng 1896 ang unang pambansa at demokrati-kong tugon ng mamamayang Pilipino sa dominasyong kolonyal at pyudal. Ang uring ilustrado ang namumunong uri sa rebolusyong ito. Sa esensya, ang uring ito'y binubuo ng edukadong mga anak ng mga pamilya ng panginoong maylupa, burukrata at mangangalakal na sumunod sa ideolohiya ng burgesyang liberal.

Sa Simula, noong dekada 1880, ang ilustrado, tulad ni Jose Rizal, ay nagtaguyod ng repormistang linyang pagtatamo ng mga repormang liberal sa loob ng balangkas ng

kolonyalismong Espanyol. Isinulong nila ang kilusang propaganda sa Espanya dahil sa di matiis na kalagayang intelektwal, pampulitika at sosyo-ekonomiko sa kolonyang Pilipinas. Ang pinakamasasamang katangian ng kolonyalismo at pyudalismo ay inilantad at pinuna ng pinakamahuhusay na repormista, tulad nina Jose Rizal at Marcelo H. del Pilar.

Sa ganap na pagkabigo ng kilusang repormista, na humantong sa pag-aresto kay Rizal at pagsupil sa La Liga Filipina (ang pinaka-ambisyosong pang-organisasyong proyekto ng mga repormistang liberal), ang Katipunan ay itinatag at naging pampulitikang organisasyon ng rebolusyonaryong burgesyang liberal na mamumuno sa bansang Pilipino sa pakikibaka para sa pambansang kasarinlan laban sa kolonyalismong Espanyol.

Ang prinsipal na lider at tagapagtatag ng Katipunan, si Andres Bonifacio, ay isang naliliwanagang manggagawa mismo. Ang kasapian ay nagmula sa naliliwanagang petiburgesya ng kalunsuran, mga manggagawa at iba pang maralita ng lunsod, mga magsasaka at iba pang mamamayan. Ang pagkakalantad ng Katipunan sa mga prayle at ang sumunod na pang-aaresto ang nagpasiklab sa Rebolusyong 1896.

Ang rebolusyong ito ay mailalarawan na isang pambansa at burges-liberal na rebolusyon. Pero di tulad ng burges-liberal na mga rebolusyon sa Europa, Hindi ito udyok ng isang umiiral na kapita-lismo sa pagmamanupaktura o industriya. Ang mga rebolusyonaryong lider na Pilipino ay burges-liberal na naliwanagan sa labas ng mga eskwelahan ng prayle, at naghangad ng maunlad na industriya at komersyo, bagay na naobserbahan nila sa Europa.

Halos wala pang pagmamanupaktura sa Pilipinas. Ang pinakamahusay na dito ay ang pagmamanupaktura ng tabako na nagsimula noon pang naunang siglo. Sa pangkalahatan, ang pag-unlad ng pagmamanupaktura ay napigil ng pag-iimport ng mga namanu-pakturang produkto.

Samantalang nasa disbentahe ang bansang Pilipino sa di pantay na palitan ng mga namanupakturang produkto at inieeksport na pananim na agrikultural, ang papalaking pangingikil ng mga kolonyal na awtoridad at prayle ang naging dahilan kung bakit di matiis ng mamamayang Pilipino ang lipunang kolonyal at pyudal. Ang kolonyal na pang-aapi ang nagpagalit sa mga karutubong panginoong maylupa, mangangalakal, burukrata, manggagawa't magsasaka.

Ang uring magsasaka na siyang pinakamarami ang pinakamatindingpinagsasamantalahan. Tulad ng mga liberal demokratikong rebolusyon sa Europa, ang uring magsasaka ang naging pangunahing pwersa ng Rcbolusyom; Pilipino. Pero kaugnay ng usapin sa lupa, itinuon ng liberal na mga rolioiusyonaryong pilipino ang kanilang antipyudal na pagtuligsa sa mga prayleng panginoong maylupa.

Kung pag-uusapan ang pagpapabagsak sa kolonyalismong Espanyol, matagumpay ang lumang demokratikong relusyon ng 1896. Ang Rebolusyonaryong Gubyerno at Hukho ng Pilipinas, sa pamumuno ni Emilio Aguinaldo, ay nagtagumpay sa pambansang saklaw. Ang rebolusyonaryong kongriso noong unang mga buwan ng 1899 ay nakapagbalangkas ng ng Konstiusyong Malolos bilang pundamental na batas

ng bansang Pilipino.

Sa konstitusyong ito, pinagtibay ang pambansang soberanya at kasarinlan ng mamamayang Pilipino, mga prinsipyo ng gubyernong republikano at demokratiko, kodigo ng mga karapatan, paghi-hiwalay ng simbahan at estado, at pagsasabansa sa mga propyedad ng mga prayle.

Ipinalaganap ng rebolusyonaryong kilusang Pilipino ang isang pambansa at demokratikong kultura. Binigyang inspirasyon ito ng progresibong ideolohiya. Naglabas ito ng mga publikasyon at nagtaguyod ng mga obrang pangkultura. Nagtayo ito ng modelo ng bagong unibersidad at pinagsama-sama ang Pilipinong propesyunal sa mga syensyang panlipunan at pangkalikasan.

Nanghimasok ang imperyalismong US para pigilin ang rebolusyong Pilipino. Gumamit ito ng nakalalamang na pwersang militar at lenggwahe ng konserbatibong liberalismo para gapiin ang rebolusyon at lupigin ang bansa. Hindi handa ang mga rebolusyonaryong Pilipino sa ideolohiya, pulitika at organisasyon para biguin ang kapitalistang kapangyarihang industriyal at isagawa ang matagalang rebolusyonaryong digma laban dito.

Nang lumaganap ang rebolusyon sa mga probisyang walang mga propyedad ang mga prayle, nilakihan ng katutubong uring panginoong maylupa, na naging makabayan, ang kanilang bahagi at impluwensya sa gubyernong pilipinas. Knng gayon, wala sa pusisyon ang gubyernong ito na magbigay ng inspirasyon sa uring magsasakana lumahok sa matagalang digmang bayan batay sa pakikibaka sa imperyalismo at pyudalismo.

### *Ang Lipunang Kolonyal at Malapyudal*

Ang pagkatalo ng Rebolusyong Pilipino ay bunga ng direktang kolonyal na paghahari sa Pilipinas ng modernong imperyalismo o monopolyong kapitalismo, ang pinakamataas na yugto ng kapitalismo. Ang kapitalismo sa US ay sumulong na mula sa yugto ng malayang. kumpetisyon noong ika-19 na siglo tungo sa yugto ng monopolyong kapitalismo noong ika-20 siglo.

Nangibabaw ang monopolyo sa ekonomya ng Amerika. Ang kapital sa bangko, na tradisyunal na pangkalakalan, ay sumanib sa kapital sa industriya. Ang kapitalismong US ay naitulak na mag-eksport Hindi lamang ng sarplas na kalakal nito kundi pati na ng sarplas na kapital. Sa kumpetisyon ng mga kapangyarihang kapitalista, pinangangalagaan ng United States ang sarili nitong monopolyong interes. Sa pamamagitan ng mga monopolyo, trust, syndicate, kartel at iba pang katulad nito, ang United States ay tumungo sa pandaigdigang kapanahunan ng matinding tunggalian para sa dominasyong kolonyal at malalcolonyal. Humantong sa gera ang tunggalian para muling mapaghati-hatian ng mga kapangyarihang kolonyal ang mundo.

Ang pagkatalo ng Rebolusyong Pilipino ay nagbunga din ng di pagkalutas ng pyudalismo at pananatili nito. Ginamit agad ng monopolyong kapitalismong US ang pyudalismo bilang lahatang-panig na baseng panlipunan nito. Gayunman, sa loob ng unang dekada ng ika-20 siglo, kinumpiska nito ang halos lahat ng propyedad ng mga

prayle para muling ipamahagi at binuksan ang lupaing publiko para sa resetelment ng mga magsasakang walang lupa.

Hanggang ngayon, ang pakunwaring reporma sa lupa na isinagawa ng kolonyal na paghaharing US ay nananatiling pinakaengrandeng halimbawa ng ganoong reporma. Pero ipinagpatuloy ng uring panginoong maylupa ang akumulasyon ng lupa at kinamkam pati ang muling ipinamahaging lupa mula sa mga propyedad ng mga praye pati na ang niresetel na kalupaang publiko.

Sa pagtangkilik ng "malayang kalakalan", na dominado ng US, lumawak ang pantay na palitan ng mga agrikultural na eksport at namanupakturang mga import na nagsimula noong kolonyal na paghahari ng Espanya, laluna dahil napawi na ang pagkakasangkot ng kolonyalistang Espanyol sa pamamagitan ng lantarang pandarambong. Ang US ay namuhunan sa pagtatayo ng mga asukarera at pasilidad sa babahagyang pagpoproseso ng ilang produktong agrikultural. Pinaunlad din nito ang pagmimina at produksyon ng mineral para sa eksport.

Sa interaksyon ng monopolyong kapitalismo ng US at katutubong pyudalismo, nanaig sa bayan ang matatawag na ekonomyang malapyudal. Ang malaking burgesyang kumprador na Pilipino ang mas nangingibabaw na uri kaysa uring panginoong maylupa sa kolonyal na paghaharing Espanyol. Noong ika-19 na siglo, ganap na Hindi pa kilala ang mga piling taong ito na nag-iimport at nag-eeksport.

Ang malaking burgesyang kumprador ang nangibabaw sa mga lunsod sa Pilipinas na sa esensya'y pangkomersyo. Kumilos sila bilang kinatawan ng mga dayuhang monopolyong empresa sa kalakalan at pinansya. Natural lamang na ang malaking kumprador ay nagpalawak ng lupain bilang kanilang maaasahang baseng pansuplay sa mga pananim na pang-eksport. Sa gayon, madalas nating matukoy ang uring malaking kumprador-panginoong maylupa. Pero ang uring panginoong maylupa ay nanatiling natatanging uring nangingibabaw sa kanayunan at ang kanilang akumulasyon ng lupa'y para sa produksyon ng mga pananim na pang-eksport at pangunahing pananim para sa lokal na pangkonsumo.

Ang direktang kolonyal na paghahari ng US ay tumagal hanggang sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ipinasa agad ng United States sa nahalal at naitalagang mga upisyal ang lokal na pangangasiwa hanggang sa antas ng probinsya. Unti-unti ring nagtalaga ng mga Pilipino sa mga pusisyon sa pambansang burukrasya at mga asembleyang panlehislasyon.

Ang mga asembleyang ito'y dumaan sa mga yugto ng pag-unlad— mula sa Asembleya ng Pilipinas na may mga Pilipino at Amerikano na lahat ay itinalaga, sa ilalim ng Batas Organiko ng 1902, tungo sa inihalal na Asembleyang may Dalawang Kapulungan, sa ilalim ng Batas Jones ng 1916, hanggang sa Pambansang Asembleya, sa ilalim ng Batas Tydings-McDuffie at Konsritusyon ng 1935. Gayundin, sa Gubyernong Komonwelt ng Pilipinas ay inihalal ang presidente ng Pilipinas, pero nakapailalim din sa awtoridad ng United States.

Sa kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan ng Pilipinas, ang mga pampulitikang partido ay pinayagang umiral at kumilos nang hayag at ligal. Pero syempre, ang papet na partido na tinawag na Partido Federalista ang itinaguyod ng mga kolonyal na

awtoridad ng US habang sinusupil nila ang mga makabayang partido at organisasyon. Sa kalaunan, ang Partido Nacionalista, na nagdala ng islogang "kagyat, ganap at absolutong kasarinlan", ang nangibabaw sa saklaw ng kolonyal na paghahari ng US.

Pagkasimula ng kolonyal na paghahari ng US, pinili ang ilustradong liderato ng rebolusyon at lahat ng taong propesyunal at may kakayahang teknikal. Agad silang ipinaloob sa burukrasya at negosyo at mabilis na pinalawak ng United States ang sistema sa edukasyon para magkaroon ng mas maraming propesyunal at teknisyan para sa mabilis na lumalawak na burukrasya at negosyo. Ipinatupad ang sistemang pensyonado para mailagay ang pinakamahuhusay na Pilipino sa mga pasilidad sa indoktrinasyong Amerikano sa US mismo.

Demokrasyang liberal ang dapat sanang upisyal na ideolohiyang ipinataw ng United States sa sistemang pang-edukasyon at pangkultura sa Pilipinas. Pero ito'y pambobola lamang ng kolonyal na paghahari ng monopolyong kapitalistang kapangyarihan. Ang konserbatibong liberalismong ito'y salungat sa anti-kolonyal na liberalismong progresibo ng lumang demokratikong rebolusyon.

### *Ang Lipunang Malakolonyal at Malapyudal*

Pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, binitiwan ng United States ang direktang kolonyal na paghahari alinsunod sa Batas Tydings-McDuffie at Konstitusyon ng Pilipinas. Pero bago ang nominal na pagkakaloob ng kasarinlan sa Pilipinas, tiniyak ng United States na magpapatuloy ang dominasyon nito sa ekonomya, pulitika, militar, kultura at diplomasya ng Pilipinas.

Sinamantala ng US ang pagkawasak na dulot ng gera. Ipinagkaloob lamang ang bayad-pinsala sa gera kapalit ng pagmamantini ng malayang kalakalan at pagmamay-ari ng US sa mga yutiliting publiko at empresang nakabase sa likas na yaman, sa ilalim ng Susog Pariti at Batas Bell sa Kalakalan. Pagkaraan, mapapatagal ang pribilehiyong ito sa ilalim ng Kasunduang Laurel-Langley.

Sa anu't anuman, ang kalakhan ng bayad-pinsala sa gera ay napunta sa mga kumpanya ng US, mataas na burukrata, malaking kumprador at panginoong maylupa. Ang muling pagsakop ng US ay naging dahilan ng rekonstruksyon at rehabilitasyon ng malapyudal na ekonomya. Ibinalik ang mga empresa sa panlabas na kalakalan, yutiliting publiko, plantasyon at pasilidad sa agrikukura, empresa sa pagmimina at planta sa pagpoproseso na nakabase sa agrikukura.

Dahil sa mabilis na paglawak ng tagibang na palitan ng mga inieeksport na hilaw na materyales na masyadong pinababa ang halaga, at mga iniimport na namanupakturang masyadong pinataas ang halaga, naranasan ng Pilipinas ang grabeng krisis sa dolyar noong 1949. Kailangang ipataw ang mga kontrol sa eksport at dolyar. Ang alokasyon ng limitadong dolyar ay pumabor sa pag-iimport ng mga kapital na kalakal at iba pang esensyal na iniimport.

Noong umpisa, inirekomenda ng Misyong Bell ng US ang patakaran sa mga kontrol. Sa kalaunan, tinanggihan ito ng US noong huling mga taon ng dekada '50. Ang paglago ng tinatawag na mga industriya sa import-substitution o mga industriya ng magaang

pagmamanupaktura na umaasa sa iniimport, na pagmamay-ari ng pambansang burgesyang Pilipino, ang nagbunsod ng patakarang "Pilipino Muna". Pagkaraan, ginamit ng US ang mga rehimen nina Macapagal at Marcos para kontrahin ang tumitinding paggigiit sa pambansang industriyalisasyon.

Ang International Monetary Fund (IMF) at World Bank (WB) ang matingkad na lumitaw mula noong unang mga taon ng dekada '60 hanggang ngayon para magdikta ng mga patakaran sa ekonomya, pananalapi at pinansya ng gubyerno, manghikayat na mangutang nang malaki sa dayuhan at gumastos nang malaki sa impraistruktura at mga pasilidad sa pagmamanupaktura, na umiiral sa malapyudal na ekonomyang nakatuon sa pag-eeksport at nagpoprodyus ng hilaw na materyales.

Pinanatili ng United States ang mga base militar nito sa Pilipinas, at sa gayo'y naipagpatuloy ang paglabag sa pambansang soberanya at panteritoryong integridad ng Pilipinas. Kinontrol din nito ang Armed Forces of the Philippines (AFP) sa pamamagitan ng pag-asa sa indoktrinasyon, estratehikong pagpaplano, treyning ng nakakataas na upisyal at suportang panlohistika ng US. Dahil kontrolado ng US ang AFP na pangunahing sangkap ng kapangyarihang pang-estado, naging masyadong sunud-sunuran ito sa imperyalismong US.

Sa paghawak ng mga papet na upisyal na Pilipino sa lahat ng pusisyon sa pambansang administrasyon, wala pang katulad ang pagtingkad ng penomenong burukratang kapitalismo. Papatindi ang pagsasamantala sa paggamit ng mga upisyal ng gubyerno sa kanilang mga tungkuling publiko para makapangurakot sa pambansang kabang-yaman, makakuha ng kaparte sa mga kontratang pautang at pampublikong proyekto, at makapangamkam ng kapital na propyedad at lupain.

Nagpatuloy ang pagkontrol ng United States sa sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga upisyal sa edukasyon at lider sa kultura na nalulong sa sistemang pang-edukasyon ng US. Pinalagahap nila ang maka-imperyalista at anti-komunistang mga ideya tulad ng ginawang pagpapalaganap sa pamamagitan ng teksbuk at iba pang materyales sa kultura ng US. Ang patuloy na pangingibabaw ng Ingles laban sa pambansang lenggwahe ay nagpadali sa pananatili ng kolonyal na mentalidad.

Kung paano ipinagpilitan ng monopolyong kapitalismong US ang sarili nito sa pyudalismo para makalikha ng malapyudal na ekonomya, ganoon din ang mga modernong salik ng agresyong pangkultura ng US ay pumaloob at nakipagkoordina sa pinakareaksyunaryong lokal na mga salik sa kultura, kasama ang institusyunal na Simbahan, para makalikha ng malapyudal at malakolonyal na kultura. Ang pinaghalong midyebal at maka-imperyalistang kaugalian ay madalas na itinuturing na dalawahang personalidad ng Pilipinong pormal na nakapag-aral.

### *Ang Pasistang Diktadurang Marcos*

Ang malakolonyal at malapyudal na sistema ay isang panlipunang sistema na laging nasa krisis. Pinahihirapan ito ng dalawang naghihingalong pwersa: ang dayuhang monopolyong kapitalismo at katutubong pyudalismo. Para mapanatili at

mamantini ng mga pwersang ito ang kanilang dominasyon, nilimitahan nila ang paglaki ng mga pwersa sa produksyon, at ginamit ang paniniil sa pulitika.

Naging tanda ng bawat dekada ng ika-20 siglo ang panlipunang pagkaligalig ng magsasaka at pag-aalsa mula noong ganap na pagkabigo ng pakunwaring reporma sa lupang isinagawa ng kolonyal na rehimeng US. Noong dekada '50, may mga militanteng kilusan ng magsasaka at pag-aalsa ng magsasaka sa Gitnang Luzon at Timog Luzon.

Noong panahon ng pananakop ng Hapones, ang kilusang magsasaka sa Gitnang Luzon ay nakapagtayo ng hukbong bayan laban sa pasistang mananalakay at nagpahina sa kapangyarihan ng panginoong maylupa. Pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, sumiklab ang unang malalang gera ng magsasaka sa pamumuno ng proletaryong partido. Natalo ito sa pamamagitan ng maling pamumunong maka-Lava at kalamangang militar ng United States at lokal na mga uring reaksyunaryo.

Lumalabas na ang problema sa lupa ay napagaan ng pakitang-taong reporma sa lupa na isinagawa ng mga papet na rehimen mula kay Magsaysay hanggang kay Marcos. Pero sa katunayan, ang mga magsasaka mismo ang nagsikap na maibsan ang kanilang paghahangad na magkaroon ng lupa sa pamamagitan ng pagresetel sa lupaing publiko. Pero naubos na noong bandang katapusan ng dekada '60 ang magagamit na lupa para sa ispontanyong resetelment. Sa gayon, makakaharap ng buong bayan ang problema ng mga magsasakang walang lupa at pagdami ng mga manggagawang bukid na nagkukumpetisyon sa papaunting trabaho sa mga bukid sa mga dating setelment.

Syempre, ang pinakamasama sa monopolyong kapitalismong US bilang naghihingalong pwersa ay nadama noong Malaking Depresyon noong dekada '30 at sa pagsiklab ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, na nagwasak sa mga pwersa sa produksyon ng karamihan sa mga kapitalistang bayan, at karamihan sa mga kolonya at malakolonya. Dahil sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig, lumitaw ang mas maraming sosyalistang bayan at malawakang lumaganap ang mga kilusan sa pambansang pagpapalaya para malimitahan ang mga imperyalistang larangan ng impluwensya, pamumuhunan at pamilihan.

Pagkaraan ng rekonstruksyon ng mga bayang nawasak, kasama ang Kanlurang Europa at Japan, nariyan ang problema ng pagbibigay puwang ng US sa mga ito sa pandaigdigang pamilihang kapitalista, kabilang ang mga kolonya at malakolonya. Noong dekada '60, nagdesisyon ang US na ipatupad ang patakaran ng pagbubuhos ng pautang na kapital sa mga di maunlad na bayan tulad ng Pilipinas para sa layuning itayo ang mga impraistruktura, pagpupuno sa depisit sa panlabas na kalakalan at balanse ng bayaran, at sa gayon, hinayaan ang pagbebenta ng mga namanupakturang suplay mula sa mga bayang kapitalista na ginugulo na ng paulit-ulit at matagalang resesyon at implasyon.

Ang patakarang ito ng US ay ipinagmalaking para sa kaunlaran ng ekonomya ng Pilipinas. Pero sa katunaya'y pinagrabe nito ang katangiang agraryo, katangiang preindustriyal-malapyudal na ekonomya ng Pilipinas at inilubog sa pagkakautang sa

dayuhan. Ang pangyayaring mas nilalampasan ng ayudang pautang na kapital sa layuning di industriyal ang dayuhang direktang pamumuhunan sa alinmang produktibong empresa, ang naglantad sa ganap na anti-industriyal at kontra-produktibong diin ng dayuhang monopolyong kapital. Ang Pilipinas ay napilitang magkaroon ng napakalaking dayuhang utang pero hindi kailanman mababayaran ito batay sa pinapanatiling ekonomyang agraryo. Gayundin, ang mga empresang nakaasa sa pag-iimport, na inilarawang mga empresa sa pagmamanupakturang nakatuon sa pag-eeksport, tulad ng sa pananamit at semi-conductor, sa katunaya'y mas nakakasaid ng dolyar at mas grabe pa kaysa tinatawag na mga empresa sa import-substitution noong dekada '50.

Sa kalagayang mas lalong nagiging mapagsamantala at kontra-produktibo ang imperyalismong US at katutubong pyudalismo, lumitaw ang diktadurang Marcos noong 1972 sa panunulsol ng US na supilin ang muling nagbabangong kilusang anti-imperyalista at antipyudal. Hindi na makakaya ng United States at naghaharing papet na pangkating Marcos na maghari sa dating paraan kasama ang mga palamuti na mga burges-liberal na institusyon at proseso.

Pwede ring ipahayag na hindi na makakapaghari sa dating paraan ang buong naghaharing sistema ng malalaking kumprador at malalaking panginoong maylupa at hindi na mapayapang maaayos ang kanilang mga alitan. Kasabay nito, nagsimulang lumaki ang rebolusyonaryong mga pwersa ng proletaryong partido, ang hukbong bayan na karamiha'y galing sa uring magsasaka, at ang pambansang nagkakaisang prente. Iginigiit din ng mga ligal na pwersa ng pambansa-demokratikong kilusan ang pagwawakas ng malakolonyal at malapyudal na sistema na pabor sa pambansa at demokratikong sistema.

Mapapatagal ng pasistang diktadurang rehimeng pangkating US-Marcos ang paghahari nito hanggat may pumapasok na dayuhang pautang (na hindi kailanman mababayaran) at ayudang bilateral ng US para tulungan ang rehimen sa pagsasagawa ng mga proyekto sa impraistruktura, sa pag-agapay sa pagkabiglang dulot ng unang pagtaas ng presyo ng langis, sa pagpapalakas sa militar at pagpupuno sa depisit sa panlabas na kalakalan at balanse ng bayaran. Sa buong itinagal ng pasistang diktadura, nabawasan ang pag-eeksport ng Pilipinas ng hilaw na materyales at hindi pwedeng magbigay ng anumang sarplas sa panlabas na kalakalan.

Sa pagkakaroon ng awtokratikong kapangyarihan, isinagawa ni Marcos at ng kanyang pasistang pangkat ang pinakamalaki at pinakamasahol na pandarambong ng burukratang kapitalista sa kasaysayan ng Pilipinas. Ang katiwaliang burukratiko ay nakadagdag sa monopolyong kapitalista at pyudal na pagsasamantala sa pandarambong sa bayan at pagpiga sa mamamayang Pilipino.

Simula noong 1979, noong makukuha lamang ang dayuhang pautang sa pamamagitan ng napakabibigat na kundisyon, at pagkaraan, lumiit noong unang mga taon ng dekada '80 ang dayuhang pautang sa anumang kundisyon, ang buong pasistang diktadurang Marcos ay nayanig nang husto, at sa kalauna'y bumagsak noong 1986 sa bira ng masang anakpawis, panggitnang saray sa lipunan at antipasistang seksyon ng mga uring reaksyunaryo.

### *Ang Kasalukuyang Sitwasyon*

Ang asasinasyon kay Benigno Aquino, Jr. noong 1983 ang sandaling nagpaalab sa pinakamalawak na posibleng hanay ng antipasistang pwersa na magbangon laban sa despotismong Marcos. Mula noon, kumilos ang anti-Marcos at antipasistang paksyon ng mga uring reaksyunaryo para siraan ang diktadurang Marcos.

Sa wakas, naging posibleng maibagsak ang pasistang pangkating Marcos noong 1986 dahil sa pakikibakang isinagawa ng rebolusyonaryong masa mula noong 1972 at kahit bago pa nito, dahil natakot ang United States at Simbahang Katoliko na ang pagtatagal ni Marcos sa kapangyarihan ay magpapabilis sa tagumpay ng armadong rebolusyon at dahil ang lahat ng makabayan at progresibong pwersa ay lumahok sa pag-aalsa ng mamamayan na nagprotekta at sumuporta sa mga pwersang militar na humiwalay sa rehimen.

Pero ang pagbagsak ng rehimeng Marcos ay hindi nangangahulugang nagwakas na ang palagian at kasalukuyang krisis ng malakolonyal at malapyudal na sistemang naghahari. Mas higit na pagsisikap ang kailangan para malansag man lamang ang natitirang istruktura ng pasistang diktadura at mapalaya nang tuluyan ang mamamayan mula sa pang-aapi at pagsasamantala.

Wala pang mga pagbabago sa lipunan. Nananatili ang naghaharing sistema. Ang mga naghaharing uring malaking kumprador at malaking panginoong maylupa ay patuloy na nangingibabaw sa mamamayan. Nananatili ang kalagayang mapang-api. Nananatiling buo ang Armed Forces of the Philippines bilang pangunahing bahagi ng reaksyunaryong estado at buung-buong naipasa sa rehimeng Aquino mula sa rehimeng Marcos.

Sa isa, dalawa o tatlong taon, nakaamba sa rehimeng Aquino ang pagbabalik ng mga pwersang ibinagsak ng rehimen at paglaki ng mga ambisyon ng mga grupong militar. Ang bagong rehimen ay nahaharap sa mabibigat na problemang iniwan ng rehimeng Marcos at sa palala nang palalang krisis ng naghihingalong naghaharing sistema. Dapat tugunan ang tumitinding anti-imperyalista at antipyudal na mga iginigiit ng mamamayan.

Nagpapatuloy ang pambansa-demokratikong rebolusyon. Patuloy na nakikibaka ang mamamayang Pilipino para sa pambansang soberanya at demokrasya, reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon; sa isang syentipiko, pambansa at pangmasang kultura; at nagsasariling patakarang panlabas.

*Ikalawang Lektyur*

## KRISIS NG MALAPYUDAL NA EKONOMYA

Nagkaroon ng malakas na impluwensya sa ekonomya ng Pilipinas ang monopolyong kapitalismong US kaya nahugis ito sa malapyudal na ekonomya at matatag na nailagay sa saklaw ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Ang sistemang

kalakal ay nanaig sa likas na ekonomyang nakakasapat sa sarili. Pero ang katutubong pyudalismo ay ipinailalim lamang sa panlabas na kapangyarihang pang-industriya.

Ang kaibahan sa moda ng produksyon sa Pilipinas ay pangunahing bunga ng naunang puspusang pyudal na katangian nito noong ika-19 na siglo, ang pananatili ng pyudalismo at pagkakabalangkas ng mga malapyudal na relasyon na namagitan sa monopolyong kapitalismong US at katutubong pyudalismo.

Ilalarawan muna natin ang kasalukuyang mga pwersa at relasyon sa produksyon na bumubuo sa malapyudal na moda ng produksyon sa Pilipinas. Pagkatapos, pwede na nating talakayin ang palala nang palalang krisis sa ekonomya na bunga ng dayuhang monopolyong kapitalismo, katutubong pyudalismo at burukratikong katiwalian.

### *Ang Mga Pwersa sa Produksyon*

Pangunahing agraryo at di industriyal ang mga pwersa sa produksyon. Sa pangkalahatan, mababa ang antas ng teknolohiya ng mga ito. Ang mga ito'y atrasado o di gaanong maunlad.

Ang prinsipal na kasangkapan sa produksyon ay lupaing pang-agrikultura na umaabot sa 12 milyong ektarya noong 1980. Sa lupaing ito'y nagpoprodyus ng pangunahing pagkain para sa lokal na pangkonsumo; ng napakalaking bulto ng sarplas na produkto para ieksport; at ilang kantidad ng hilaw na materyales para sa lokal na pagpoproseso.

Walang gaanong ginagamit na modernong teknolohiyang pansaka na lampas sa lakas ng magsasaka, mga kagamitang pansakang demano, araro at mga hayop na katulong sa pagsasaka sa palayan, maisan at niyugan, na bumubuo sa 90.4 porsyento ng kabuuang lupaing pang-agrikultura. Ilang daang libong ektarya lamang ang naapektuhan ng paggamit ng mahal na iniimport na abono't pestisidyo at kagamitang pansaka noong dekada '70. Ang tantya'y umaabot mula 500,000 hanggang 800,000 ekrarya.

Kahit na sa lupaing tinatamnan ng tubo, saging, pinya at iba pang bagong pananim na pang-eksport, na Hindi lalampas sa pitong porsyento ng kabuuang lupaing pang-agrikultura at relatibong mas kapansin-pansin ang paggamit ng mga traktora't kimikal, malaganap pa rin ang pag-asa sa lakas at tradisyunal na mga kagamitan ng magsasaka. Hindi lalampas sa apat na porsyento ng kabuuang lupaing pang-agrikultura ang ginagamitan ng mga traktora at iba pang makinaryang pansaka.

Imported ang bawat modernong kagamitan sa pang-agrikultura, pang-industriya at panserbisyong mga sektor ng ekonomya. Ito ay binabayaran ng dolyar na kinita sa pag-eeksport ng hilaw na materyales, karamiha'y pang-agrikultura. Ang mga depisit sa panlabas na kalakalan ay pinupunuan sa pamamagitan ng mga dayuhang pautang at kita sa pag-eeksport ng lakas-paggawa.

Imported kahit ang kagamitang demano na umaabot hanggang 85 porsyento. At syempre, ang natitirang 15 porsyento ay lokal na ginagawa mula sa imported na metal. Walang matatag na matatag na mga industriya na makakapagprodyus ng mga pangunahing metal, pangunahing kimikal, mga kapital na materyal at iba pang katulad

nito mula sa magagamit na lokal na hilaw na materyales. Ang pinalalabas na sektor sa industriya ay binubuo ng pagmimina at pagtitibag ng bato, konstruksyon, yutiliti at magaang pagmamanupaktura na nakaasang lahat sa imported na kagamitan, buung-buong pinrosesong materyales, bahagyang pinrosesong materyales at hilaw na materyales, laluna ang panggatong.

At syempre, nakaasa rin sa imported na kagamitan ang panserbisyong sektor na binubuo ng transportasyon, komunikasyon at imbakan, kalakalan at pagbabangko at iba pang serbisyo, kasama ang gubyerno, libangan at iba pa.

***Ang mga Tao sa Produksyon***

Ayon sa talaan ng NEDA, siyam na milyong magsasaka at manggagawang bukid na bumubuo sa 52 porsyento ng may trabaho; dalawa't kalahating milyong manggagawang pang-industriya, 14 porsyento; at anim na milyong manggagawa sa serbisyo, 34 porsyento, noong 1979, na taon ng pagsulong ng ekonomya na pinalaki pa rin sa pamamagitan ng sobrang pangungutang sa dayuhan.

Kung gayon, ipinapakita ng mga bilang na ito na 78 porsyento ng direktang prodyuser ng mga produkto ang mga magsasaka't manggagawang bukid at 22 porsyento ang mga manggagawang pang-industriya. May apat na magsasaka sa bawat manggagawang pang-industriya.

Ang sumusunod ang dagdag na ikinabubuhay ng karamihan sa magsasaka (maralita at panggitnang mga magsasaka): pagtatrabaho sa sakahan ng iba, pangingisda, pangangahoy at paghahayupan, paggawa ng handikrap, pagtatrabaho sa konstruksyon o pagkakarpintero, paghahakot at paglalako. Ang pana-panahong pagiging manggagawang bukid ang pinakakaraniwang saydlayn, at pangunahing pinaggagamitan ng sarplas na lakas-paggawa sa kanayunan.

Pitumpu't apat na porsyento lamang ng mga manggagawang pang-industriya ang nasa pagmamanupaktura, 70 porsyento naman ng mga manggagawang ito sa pagmamanupaktura ay nagtatrabaho sa maliliit na tornohan at talyer, na dito'y Hindi aabot sa sampung manggagawa ang nagtatrabaho, at kung gayon, hindi kwalipikadong tawaging mga empresang talagang nagmamanupaktura.

Ang mga bilang ng nagtatrabaho sa sektor ng serbisyo ay pinalaki sa pamamagitan ng pagpapaliit ng bilang ng nagtatrabaho sa sektor ng agrikultura at industriya noong dekada '70. Mula 59 porsyento noong 1970, bumaba sa 52 porsyento noong 1979 ang nagtatrabaho sa agrikultura; at mula 17.6 porsyento noong 1970, bumaba sa 14 porsyento noong 1979 ang nagtatrabaho sa industriya. Mula 1979, taun-tao'y bumababa ang porsyento ng nagtatrabaho o mga tunay na nagpoprodyus ng produkto.

Minorya lamang ng mga manggagawa sa serbisyo—posibleng hindi lalampas sa 30 porsyento—ang regular na sumasahod. Sa pangunahin, ang mga regular na sumasahod na ito'y nagtatrabaho sa gubyerno at mga kumpanya ng multinasyunal, malaking kumprador at panggitnang burges. Ang karamihan sa tinatawag na manggagawa sa serbisyo ay talagang walang sapat na trabaho o walang regular na trabaho pero sa istatistiks ng gubyerno ay sinasabing may ganap na trabaho.

**Ang *Mga Relasyon sa Produksyon***

Ang malaking burgesyang kumprador ang nangingibabaw na uri sa mga relasyon sa produksyon. Itinatakda nito ang malapyudal na katangian ng ekonomya. Bilang pangunahing kinatawan ng monopolyong kapitalismong US sa kalakalan at pinansya, naghahari ito sa sistemang kalakal at nagpapasya kung ano ang moda ng produksyon at distribusyon.

Pagmamay-ari ng malalaking kumprador ang pinakamataas na konsentrasyon ng kapital (kapital sa pangangalakal) na may kinalaman sa di pantay na palitan ng hilaw na materyales na pang-eksport at namanupakturang iniimport. Sila ang nagkakamal ng ganansya sa komersyo sa pamamagitan ng operasyong import-eksport at lokal na pakyawan; at interes sa pamamagitan ng mga bangko at kumpanyang tulad ng mga bangko ang operasyon.

Kadalasan, sila'y malalaking panginoong maylupa dahil ang kanilang malalaking lupain ang pinakamaaasahang mapagkukunan nila ng mga pananim na pang-eksport. Namumuhunan din sila nang malaki sa pagmimina at iba pang empresang naghuhukay ng mineral; mga empresa sa serbisyo bukod sa pagbabangko at pangangalakal; at mga empresang nakaasa sa pag-iimport.

Sa utos ng monopolyong kapitalismong US at alinsunod sa makauring interes ng malaking burgesyang kumprador, sinasalungat at pinipigil nito ang komprehensibong industriyalisasyon ng Pilipinas at katulad ng uring panginoong maylupa, kinatatakutan ang reporma sa lupa.

Ang uring panginoong maylupa ay nananatiling isang natatanging uri. Pumapangalawa ito ngayon sa malaking burgesyang kumprador bilang mapagsamantalang uri. Nagmamay-ari ito ng pinakamalalaking lupain at nagkakamal ng buwis sa lupa ng mga kasama. Nagsasagawa rin ito ng iba pang porma ng pagsasamantala tulad ng pag-upa ng manggagawang bukid, pang-uusura, di pantay na kalakalan ng mga pananim at abono't pestisidyo, pagpapaupa ng kagamitan at hayop na pansaka sa napakataas na presyo, at iba pa.

Ang uring panginoong maylupa ay higit na malaganap kaysa malaking burgesyang kumprador na nakabase sa kalunsuran. Sa Simula, nangungulekta sila ng pinakamaraming sarplas na produkto sa bayan, Hindi lamang sa mga kasama' at manggagawang bukid, kundi sa lahat ng masang magsasaka.

Sa sarplas na produktong ito, binabayaran ng uring panginoong maylupa ang malaking burgesyang kumprador para sa mga produktong imported na pangmaramihang konsumo, gayundin ang mga pangangailangang pamproduksyon sa agrikultura. Pinipiga ng mga dayuhang monopolyo ang kanilang superganansya sa pamamagitan ng malalaking kumprador o sa pamamagitan ng mga direktang subsidyaryo.

Pagmamay-ari ng mga panginoong maylupa ang karamihan sa pinakamatatabang lupaing pang-agrikultura at patuloy ang akumulasyon nila ng lupa. Inaagaw nila ang sarplas na produkto hindi lamang sa pinakamalaking bilang ng mga tunay na

prodyuser kundi sa takbo rin ng pambansang industriyalisasyon.

Ang malalaking burukratang kapitalista ay malalaking kumprador at malalaking panginoong maylupa na naging kilalang mga ganoon sa pamamagitan ng paggamit sa kanilang tungkuling publiko, pribilehiyong ibinigay ng estado, mga bangko ng estado at empresa para makapangamkam ng pribadong kapital at lupa. Sa kasaysayan ng Pilipinas, ang pinakatampok na halimbawa ng burukratang kapitalismo ay yaong sa bumagsak na rehimeng Marcos.

Sa paggamit ng awtokratikong kapangyarihan, namanipula ni Marcos ang mga kumpanya at proyekto ng gubyerno, dayuhang pautang, kita sa pag-eeksport, pondo ng estado at pribilehiyo para gawing pinakamayaman at pinakamapagsamantalang pangkatin ng malalaking kumprador at panginoong maylupa ang kanyang pamilya at mga kroni, nalampasan ang matagal nang napakayayamang tulad ng mga Roxas, Ayala, Zobel at Soriano. Ang problema ngayon ng bumagsak na pangkating Marcos ay kung paano mapapanatili ang karamihan sa kanilang propyedad dahil sa Commission on Good Government.

Panggitnang burgesya ang mga pambansang negosyante na pangunahing nasa magaang pagmamanupaktura at nagmamay-ari ng kasangkapan sa produksyon. Iba't ibang antas ang paggamit nila ng mga lokal at imported na bahagi. Hangad nilang isulong ang pambansang industriyalisasyon at magkaroon ng pangunahing pusisyon sa ekonomya, pero ginigipit sila ng mga dayuhang monopolyo, malaking kumprador at malaking panginoong maylupa.

Ang mga negosyanteng panggitnang burgesya ay direktang namamahala sa kanilang mga empresa sa produksyon. Nagsasamantala sila ng mga manggagawa sa pamamagitan ng pagpiga ng sarplas na halaga, at kadalasang nagpapasahod nang mas mababa kaysa pasahod ng mga kumpanya ng dayuhan at malaking kumprador. Pero ang mga kumpanyang huling nabanggit ay talagang kumikita ng mas malaking ganansya, masahol pa, inilalabas nila ng bayan ang kanilang superganansya o inililihis ang mga ito sa daan tungo sa pambansang industriyalisasyon.

Kabilang sa petiburgesya ng lunsod ang mga propesyunal, teknisyan at iba pang intelihensya, gayundin ang maliit na mga negosyante at mangangalakal. Sila ang pinakamalaking saray ng burgesya, na mga walong porsyento ng populasyon. Ang pinakamapagsamantalang mga uri at ang pambansang burgesya ang umuupa ng mga propesyunal at teknisyan para sa kanilang mga empresa.

Sa pangkalahatan, ibayong pagsasamantala ang dinaranas ng petiburgesya ng lunsod sa panahon ng palala nang palalang krisis, may tendensyang pumanig sa uring manggagawa at uring magsasaka, at naiimpluwensyahan ng pambansang burgesya na labanan ang modernong imperyalismo, katutubong pyudalismo at burukratikong katiwalian.

Ang proletaryado sa industriya ang pinakaprogresibong pwersa sa produksyon sa bayan ngayon. Nagbebenta sila ng kanilang lakas-paggawa sa mga may-ari ng kapital. Naghihirap sila dahil sa mababang sahod na lalo pang pinabababa ng pataas nang pataas ng mga presyo ng pangunahing mga bilihin. Maramihang pagtatanggal sa trabaho at kakulangan ng bagong pagkakataong makapagtrabaho ang laging nakaamba

sa mga manggagawa sa kasalukuyang krisis.

Mga 15 porsyento ng mamamayan ang proletaryado sa industriya. Hangad nila ang pambansang industriyalisasyon para mapalaki ang kanilang bilang at lakas, at sa gayon, gustung-gustong makibaka sa dayuhan at pyudal na dominasyon.

Ang mga magsasaka ang pinakamarami at pinakapinagsa-samantalahang uri sa malapyudal na ekonomya. Sila ang mga 75 porsyento ng mamamayan. Dumaranas sila ng pyudal at malapyudal na mga pangingikil at nakikibaka para sa reporma sa lupa.

Ang uring magsasaka ay salungat na salungat sa mabilisang akumulasyon ng lupa ng mga panginoong maylupang Pilipino at dayuhang agrikorporasyon. Ang pagpapalayas sa mga magsasaka ang mabilis na nagpaparami sa mga manggagawang bukid at rebolusyonaryong magsasaka.

### *Ang Palala nang Palalang Krisis sa Ekonomya*

Bilang karugtong ng monopolyong kapitalismong US, ang agraryong malapyudal na ekonomya ng Pilipinas ay nagpapaubaya sa patakaran ng US sa kalakalan at pamumuhunan, na direktang idinikta ng mga awtoridad ng US, multinasyunal na kumpanya at bangko sa mga awtoridad ng Pilipinas at sa pamamagitan ng mga ahensyang multilateral tulad ng IMF at World Bank.

Hindi hangad ng US na ipatupad ng Pilipinas ang pambansang industriyalisasyon at tunay na reporma sa lupa dahil gusto nitong panatilihin ang di pantay na palitan ng sarplas na namanupakturang produkto nito at murang hilaw na materyales ng Pilipinas. Gusto rin nitong itambak sa Pilipinas ang sarplas na produktong pang-agrikultura.

Pinagduduldulan ng US ang liberalisasyon sa import dahil gusto nitong ipatupad ang opensiba sa kalakalan para mabawasan ang napakalaking depisit nito sa kalakalan. Sa liberalisasyon sa import, tiyak na mawawasak ang maliit na bilang ng industriyang Pilipino, na nakaasa sa imported na kagamitan, buung-buong pinrosesong bahagi, bahagyang pinrosesong bahagi, at hilaw na materyales, laluna ang panggatong.

Laging ipinipilit ng US ang malayang pagdaloy sa bayan ng direktang pamumuhunan ng dayuhan at sobra-sobrang pribilehiyo para sa mga ito, kabilang ang pinakalantarang paglabag sa pang-ekonomyang soberanya, eksemsyon sa buwis, *accelerated depreciation allowances,* walang limitasyong pagbabalik ng kapital sa sariling bayan at paglalabas ng ganansya, at iba pa.

Pero sa katunaya'y hindi pantay ang pagpapasok ng direktang pamumuhunan ng US sa bayan at sa mga lugar na madaling magkaroon ng ganansya. Sa maliit na pamumuhunan, superganansya ang makukuha. Laging sinisigurado ng US na kontrolado nito ang estratehikong mga linya ng negosyo, pero namumuhunan sa paraang hindi humahantong sa pundamental at komprehensibong industriyalisasyon ng bayan at sa balanseng ekonomya.

Kinakailangan ngayon ng ekonomya ng Pilipinas na magkonsentra sa agrikultura pagkaraan ng panahong tinambakan ng dayuhang pautang para sa mga proyekto sa impraistruktura, pasilidad sa agrikultura at pagmimina, primera klaseng mga hotel, at

iba pang mabonggang pasilidad sa turismo, at iba pang di produktibo o malayong maging produktibong mga proyekto.

Dahil sa pangunahing inaasahan ang mga eksport na pang-agrikultura para kumita ng dolyar, nagkaroon ang Pilipinas ng kabuuang depisit sa kalakalan na umaabot sa 19 bilyong dolyar mula 1972 hanggang 1983. Walang anumang bilang ng produktong pang-agrikultura ang pwedeng kumita ng sapat na dolyar, kahit man lamang pambawas sa depisit sa panlabas na kalakalan. Kamakailan, ang paraang ginamit para mabawasan ang depisit sa panlabas na kalakalan ay pagbabawas ng iniimport, kasama ang pinakaesensyal na mga produkto para sa mga lokal na industriya. Sa gayon, ang buong ekonomya'y napahina ng pagkabigong maibenta sa magandang presyo ang sapat na dami ng hilaw na materyales na pang-eksport ng Pilipinas, at sa pagkakabakante ng mga industriya ng Pilipinas.

Ang Pilipinas ay natambakan ng mga dayuhang pautang na hindi kailanman talagang mababayaran batay sa ekonomyang agraryo nito. Sa ngayo'y umabot na sa 26 hanggang 30 bilyong dolyar ang utang sa dayuhan. Ang Pilipinas ay patuloy na malulubog sa utang. Kahit man lamang pang-agapay sa pagbabayad ng prinsipal at interes sa utang na umaabot sa tatlong bilyong dolyar ngayon sa isang taon, ang Pilipinas ay kailangang mangutang ng panibago sa dayuhan. Ang krisis ng Pilipinas sa dayuhang utang ay lalo pang palalalain ng pag-unti ng kinikitang dolyar mula sa pag-eeksport ng lakas-paggawa.

Gusto ng US na panatilihing mababa ang sahod at pataasin ang pasaning buwis kahit na mahina ang mga lokal na industriya at agrikultura. Pero mataas ang implasyon dahil sa pangangailangang bunga ng kakulangan sa mga produkto at gastos na bunga ng mas mabigat na pasaning buwis, depisit sa badyet, mataas na interes at pagbabayad ng prinsipal at interes sa utang.

Sa obhetibo at hindi sinasadyang paraan, pinapatay ng monopolyong kapitalismong US ang pang-ekonomyang sistema ng Pilipinas. Malinaw na lumitaw ang penomenong ito ng pagpatay nang itaguyod ng US ang programa nitong huwad na pag-unlad at anti-industriyalisasyon sa pamamagitan ng pasistang diktadurang Marcos na sinuportahan ng pagdagsa ng mga dayuhang pautang, nagpagrabe at nagpalalim sa agraryo at malapyudal na katangian ng ekonomya, at todo-todong hinayaang magsagawa ng ganap na walang rendang burukratikong katiwalian at magtayo ng mapamwersang makinarya ng estado.

Ang pampulitikang pagbagsak ni Marcos at kanyang mga kroni ay Hindi nangangahulugang makakalutas sa palala nang palalang krisis. Maaaring matagumpay na makumpiska ng estado ang malaking bahagi ng kanitang propyedad na kapital at lupa, kasama ang sampung bilyong dolyar na itinago sa ibang bayan. Pero sa kalauna'y mapapasakamay din ito ng isa pang paksyon ng ganoong uring malaking kumprador at panginoong maylupa.

Ang malinaw na katotohanan ay nasaid ang ekonomya. At ang namumuo ay mas marahas na labanan ng mga paksyon ng mga mapagsamantalang uri para sa pang-ekonomya't pampulitikang kapangyarihan. Dalawang paksyon man lamang, ang mga paksyong Aquino at Marcos, ang naghahanda at nagmamaniobra para sa isang

ekstraordinaryong labanan sa kalagayang palala nang palalang sosyo-ekonomikong krisis.

Ang pambansang burgesya ay naliligalig sa peligrong mapawi ang kabuhayan sa pamamagitan ng liberalisasyon sa import at iba pang antinasyunal at anti-industriyal na mga patakaran, at may tendensyang mas matinding maggiit ng proteksyon.

Ang petiburgesya ng lunsod ay patuloy na dumaranas ng palalang paghihirap at kasalatan. Walang tigil na bumabaling sila sa direksyon ng rebolusyonaryong pulitika at nakikipagkapit-bisig sa masang anakpawis sa iisang pakikibaka. Galit na galit ang intelihensya sa pangyayaring di nababayaran nang sapat o nasasayang lamang ang kanilang mga kasanayang propesyunal at teknikal sa mahinang malapyudal na ekonomya.

Ang mga manggagawa ay naghihimagsik sa laganap na kawalan ng trabaho, mababang sahod at walang tigil na implasyon. Patuloy na ginagawa ng uring ito na paaralan ng rebolusyon ang kilusang unyon. Marami sa mga manggagawang walang trabaho ay tumigil na sa paghahanap ng trabaho at tumutungo sa direksyon ng panlipunang rebolusyon.

Ang patuloy na pagtutuon ng US at ng reaksyunaryong patakaran sa ekonomya sa pagtataguyod ng mga proyekto sa plantasyon ay katawa-tawa sa harap ng mahinang bentahan ng mga kalakal na pang-agrikultura sa pandaigdigang pamilihan, pero kung magtatagumpay ay tiyak na magpapalala sa problema sa lupa at mag-uudyok ng ibayong pagkaligalig ng magsasaka at armadong rebolusyon sa kanayunan.

Ang mabilis na akumulasyon ng lupa ng bago at lumang tipo ng panginoong maylupa na sumasaklaw sa mga lumang setelment at umaabot sa mga bagong setelment ang nagpapataba ng lupa para sa armadong rebolusyong nakabase sa magsasaka at pinamumunuan ng proletaryo sa isang malakolonyal at malapyudal na bayang walang programa sa industriyalisasyon na tatanggap sa mga magsasakang pinalayas sa sakahan.

Walang patutunguhan ang lahat ng mahalagang patakaran at landas ng pagkilos na isinasagawa sa saklaw ng malapyudal na ekonomya. Patungo sa rebolusyon sa lipunan ang mga kontradiksyon sa loob ng moda ng produksyon.

*Ikatlong Lektyur*

## KRISIS NG ESTADONG NEOKOLONYAL

Noong 1946, mula sa direktang kolonyal na paghahari, ang US ay tumungo sa hindi direktang kolonyal na paghahari. Ang paghaharing ito ay maaaring tawaging malakolonyal o neokolonyal. Dahil patuloy na iginigiit ng mamamayang Pilipino ang pambansang kasarinlan, nakita ng imperyalismong US na kailangan nitong maghari sa bayan sa pamamagitan ng mga nagsasamantalang uri tulad ng malaking burgesyang

kumprador at uring panginoong maylupa at kanilang mga pampulitikang kinatawan hanggang sa pambansang antas ng estado.

Ang estadong ito ang pinakamataas at pinakamalaking pampulitika't panlipunang organisasyon sa bayan. Saklaw nito ang buong lipunang Pilipino – ang lahat ng mamamayang Pilipino. Sinasabi nitong taglay at ipinapatupad nito ang soberanong kagustuhan ng mamamayang Pilipino; nangingibabaw at namamagitan ito sa mga pagkakaiba at hidwaan ng mga indibidwal grupo at uri; at hinihingi nito ang pagsunod ng mamamayan sa ngalan ng batas at kaayusan sa loob ng teritoryo ng Pilipinas.

Ipinapalagay sa ilusyong ito na ang estado'y di nakabatay sa mga uri at para sa pambansang interes at kapakanan ng lahat. Pero sa katunayan, ito'y mapamwersang instrumento ng mga nagsasamantalang uri laban sa pinagsasamantalahan, at sa isang estadong malakolonyal, ito'y instrumento ng kapangyarihang imperyalista.

Pero sa panahon ng krisis at rebolusyon, nalalantad ang katangian ng estado bilang instrumento ng makauring pamumwersa. Nalalantad ang estado bilang isang grupo ng mga makinaryang mapamwersa tulad ng hukbo, pulisya, mga korte at bilangguan na nagsisilbi sa imperyalismong US at lokal na mga naghaharing uri.

### *Ang Pagpapatuloy ng Dominasyon ng US*

Bago ibigay ang nominal na kasarinian sa Pilipinas, sinigurado ng US noon pa mang 1945 sa isang kasunduang kasama si Presidente Osmena at sa Tratado ng Pangkalahatang Relasyon ng 1946 na pananatilihin nito ang mga base militar ng US sa Pilipinas na labag sa Batas Tydings-McDuffie at Konstitusyon ng 1935, na nagpapahintulot lamang ng mga istasyon para sa paggagasolina ng mga sasakyang nabal.

Matapos nito, noong 1947 ay napiga sa neokolonyal na estado ng Pilipinas ang Kasunduang US-RP sa Base Militar. Ang kasunduang ito'y pinagtibay ng Senado ng Pilipinas pero hindi kailanman pinagtibay ng Senado ng US. At nanatili itong pang-ehekutibong kasunduan ng presidente ng US at presidente ng Pilipinas sa kabila ng matagalang misrepresentasyon sa mga dyaryo bilang isang tratado hanggang nitong nakaraang ilang taon.

Patuloy na nilalabag ng mga base militar ng US ang pambansang soberanya at panteritoryong integridad ng Pilipinas; mapamwersang iniimpluwensyahan ang bawat rehimeng papet sa bayan; pinahihirapan nang husto ang mamamayan; itinatali ang bayan sa mga imperyalistang pakana ng US sa Asya at ibang lugar; at binabantaan ang mamamayan na malilipol sila sa sandaling magkaroon ng gerang nukleyar.

Ang mga base militar ng US ay laging magpapaalala ng panghihi-masok at agresyon ng US mula noong 1898, kahiya-hiya at madugong paglupig sa mamamayan, at maraming dekada ng direktang kolonyal na paghahari ng US. Ang mga baseng ito ang tanda ng patuloy na agresyon at dominasyon ng US.

Kakabit ng mga base militar ang ayudang militar at pang-ekonomyang pondong pansuporta ng US sa gubyerno ng Pilipinas. Sa pag-asa sa dolyar na laging nasasaid sa pagbabayad sa kalakalan; paglalabas ng superganansya at pagbabayad ng prinsipal at

interes ng utang, ang gubyernong ito'y madaling masuhulan kaugnay ng mga base militar ng US.

Ang US ay Hindi lamang may sariling base militar sa Pilipinas kundi may mahigpit ding kontrol sa pangunahing sangkap ng neokolonyal na estado ng Pilipinas, ang Armed Forces of the Philippines o APR Noon pa mang 1935, sa pamamagitan ng Batas Big. 1 ng Komonwelt, na tinawag na Batas sa Pambansang Depensa, nasigurado ng US ang ganap na kontrol sa AFP bilang paghahanda sa pagiging malakolonya ng Pilipinas mula sa pagiging kolonya.

Kinokontrol ng US ang AFP dahil nakaasa ito sa US para sa indoktrinasyong anti-mamamayan at anti-komunista, estratehikong pagpaplano, estratehikong paniktik, pagtetreyning ng upisyal at pagbibigay ng suplay militar. Di hamak na mas malaki ang impluwensya ng Joint US Military Advisory Group o JUSMAG sa mga upisyal ng AFP kaysa impluwensya ng matataas na upisyal ng gubyernong sibil ng Pilipinas.

Sa treyning at mentalidad, ang mga upisyal ng AFP ay sunud-sunuran sa US. Pero sa hanay nila'y laging nagririkrut ang US ng mga ahente para sa Central Intelligence Agency o C1A at Defense Intelligence Agency o DIA. Sa gayon, walang nagawa ang pasistang diktador na si Marcos para mapigil ang kanyang pagbagsak sa kabila ng kanyang maingat na nilikhang sistema ng pagtangkilik'sa loob ng AFP, nang sa huli'y nagdisisyon ang US na iurong ang suporta sa kanya.

Tumimo na sa AFP ang tradisyon ng pagsunod sa linya ng US, na nagsimula sa unang mga mersenaryong Pilipinong ginamit ng US sa pagsalakay sa mga rebolusyonaryong Pilipino sa Gerang Pilipino-Amerikano. Responsable ang US sa pagtatayo ng AFP, mula sa mga orihinal na yunit nito hanggang sa mga kasalukuyang yunit. Ang AFP ang pinakamaaasahang papet na organisasyon ng US sa Pilipinas at pinakaantagonistiko sa pambansa at demokratikong mga mithiin ng mamamayang Pilipino. Laging ipinagkakamali ng AFP na "komunismo" ang mga mithiing ito. Ang ipinapakahulugan sa "demokrasya" ay maka-imperyalismo, anti-komunismo at pagsisilbi sa mga nagsasamantalang uri.

### *Ang Diktadura ng Malaking Kumprador-Panginoong Maylupa*

Kakaiba sa pagiging mapamwersang instrumento ng imperyalismong US, ang neokolonyal na estado ng Pilipinas ay magkasamang makauring diktadura ng malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa. Hanggat ang estadong ito'y sumusunod sa mga kahilingan ng US, ginagamit ng mga nagsasamantalang uri ang estadong ito para maprotektahan at maitaguyod ang kanilang interes sa moda ng produksyon at superistruktura ng malakolonyal at malapyudal na lipunan.

Hanggat ang pinagsasamantalahang uring manggagawa't uring magsasaka ay Hindi naghaharap ng" mga kahilingan na hayagang kumokontra sa mga interes ng nagsasamantalang uri, ang estadong neokolonyal ay lumalabas na isang mabuting institusyong kumikilos para sa interes ng mamamayan.

Pero kapag nagbabanggaan ang interes ng mga uring mapagsamantala at pinagsasamantalahan, kahit man lamang sa mga partikular na sitwasyong may

kinalaman sa welga ng mga manggagawa, o demonstrasyon ng magsasaka, madaling lumitaw ang katotohanan na ang mga mapamwersang makinarya ng estado ay nagsisilbi sa mga nagsasamantalang uri. Sa isang krisis na may pangkalahatang katangian, mas lalong nalalantad ang mapamwersang makauring katangian ng estado.

Kaugnay ng o pagkaraang mabigo ang mga mapanghikayat na paraan ng panlilinlang at pagpapayapa sa inaaping masang anakpawis, ang nagsasamantalang uri ay pwedeng magpatindi ng pagpapakita at paggamit ng makahayop na pwersa mula antas ng pribadong hukbo at armadong gang na sibilyan sa pamamagitan ng lokal na pulisya hanggang sa alinman sa pangunahing sangay ng AFP: una, ang konstabularya at kasunod, ang Hukbo at iba pang dagdag na pwersa, tulad ng hukbong nabal at hukbong panghimpapawid.

Dahil nasa balangkas ng AFP ang pagkontrol ng US dito at pag-ayon sa interes ng US, sinisigurado ng mga nagsasamantalang uri, sa pamamagitan ng kanilang mga kinatawan sa pulitika, na kanilang instrumento ang AFP sa pamamagitan ng pagpapatibay ng sarili nilang mga patakaran at pagtitiyak na umaayon sa ganyang mga patakaran ang pagtatalaga at promosyon ng mga upisyal.

Gayunman, walang ganap na pagkakaisa sa hanay ng mga reaksyunaryong uring malaking kumprador at panginoong maylupa. Matitindi ang paglalabanan ng mga paksyon ng reaksyunaryong mga uri ding iyon para sa pampulitikang kapangyarihan at pagkontrol sa estado.

Sa anumang mapagsamantalang lipunan, ang estado ay Hindi lamang pangkalahatang nagpoprotekta sa mga uring nagsasamantala kundi isang partikular na madaling paraan ng nangingibabaw na pangkatin o paksyon ng mga nagsasamantala para makinabang sa ekonomya at sa buong lipunan sa kapinsalaan ng iba pang paksyon at buong mamamayan.

Sa relatibong normal na kundisyon, sa pamamagitan ng sistemang may dalawang partido, mapayapang naglabanan para sa kapangyarihan sa pulitika ang magkakalabang paksyon ng mga naghaharing uri na mga pulitikong malaking kumprador-panginoong maylupa. Ang , partido Nacionalista at Liberal ang dalawang partidong nangingibabaw hanggang 1972.

Sa kalagayan ng mas malalang krisis sa ekonomya, lumalala rin ang pampulitikang krisis ng naghaharing sistema hanggang sa puntong armadong paglalabanan ng mga paksyon ng mga naghaharing uri. Ang pag-unti ng pang-ekonomyang nadarambong ng mga paksyon ang nagpapatindi sa kanilang pampulitikang paglalabanan.

Ang krisis sa ekonomya ang nagiging dahilan ng malaganap na ligalig sa lipunan at pagtindi ng armadong rebolusyonaryong kilusan. Ang mga presyur ng armadong rebolusyon ang bumibitak sa estadong neokolonyal at nag-uudyok sa mga paksyon ng mga naghaharing uri na maglunsad ng matinding paglalabanan.

Noong 1949 dumating ang unang matinding pagsubok para sa estadong neokolonyal, nang sa kalagitnaan ng malalang krisis sa ekonomya dahil sa pagkasaid ng dolyar pinatindi ng mga paksyon nina Quirino at Laurel ng naghaharing Partidong Liberal at oposisyong Partido Nacionalista ang kanilang labanan sa pulitika hanggang halos umabot sa isang gerang sibil.

Gayundin, ang rebolusyonaryong kilusan ng masang anakpawis na pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas ay naglulunsad na ng armadong pakikibaka laban sa estadong neokolonyal. Pagkaraang-pagkaraan ng eleksyon ng 1949, na pandaraya at terorismo ang naging katangian, na nagpanatili kay Quirino sa pagkapresidente, ganoon na lamang ang galit ng paksyong Laurel kaya sumang-ayon silang makipag-alyado sa hukbong bayan para sa armadong pakikibaka. Pagkaraa'y umatras ang paksyong ito.

Para masuportahan ng US ang naghaharing sistema, sadyang pinalakas nito ang armadong pwersa para labanan ang mga reaksyunaryong pwersa, at pinaganda ang pampulitikang reputasyon ni Magsaysay para madaig ang mga paksyon nina Quirino at Laurel. Ang bagong pinalakas na *APP,* na may 36 na bagong batalyon, ay inutusan ng mga ahente ng US na suportahan si Magsaysay sa kanyang kampanyang maging presidente noong 1953, kahit na lumipat siya sa Partido Nacionalista mula sa Partido Liberal.

Hindi ang gimik ni Magsaysay at kanyang tagapayong CIA na si Kor. Lansdale ang gumapi sa armadong rebolusyonaryong kilusan. Natalo ang kilusan pangunahin dahil sa nakakabigo-sa-sariling layunin na mga pagkakamali sa ideolohiya, pulitika, organisasyon at estratehiyang militar ng maka-Lavang liderato ng rebolusyonaryong kilusan—mga pagkakamali na sinamantala ng bagong pinalakas na AFP.

***Ang Ibayong Krisis ng Estadong Neokolonyal***

Pagkaraang malansag noong 1950 hanggang 1952 ang gulugod ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan, ang estadong neokolonyal ay muling nakapagpalakas at nakapagpanibagong-bihis sa pamamagitan ng programang pagkontrol sa mga iniimport at dolyar at pagpabor sa mga empresang pagmamay-ari ng dayuhan; at sa pamamagitan ng programang mabilis na pagpapalawak ng sistemang eskwelahang publiko.

Napanatili sana ng rebolusyonaryong kilusan ang lakas nito at nakapagpursigi sa pakikibaka. Pero ipinatupad ng lideratong maka-Lava ang sunud-sunod na patakaran na nagpahantong sa halos ganap na pagkalipol ng Partido Komunista ng Pilipinas at rebolusyonaryong kilusan noong buong dekada '50. Noong 1960, wala nang mabungang pakikipag-ugnayan sa Partido Komunista ng Pilipinas ang mga natitirang myembro ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan.

Ang pagtatatag ng mga industriyang pagmamay-ari ng mga Pilipino ang nagbunsod ng pagdaluyong ng nasyunalismo sa ekonomya at lumalaking paggigiit para sa komprehensibong industriyalisasyon. Ang US ay nagdisisyong bumira sa pamamagitan ng paggigiit ng ganap na dekontrol at nagtangka rin na sapilitang makakuha ng isang batas sa dayuhang pamumuhunan mula kay Presidente Macapagal, magpanatili ng karapatang pariti sa bagong magandang pananalitang "Pambansang Pagtrato" bilang paghahanda sa pagtatapos ng Kasunduang Laurel-Langley sa 1974.

Ang mga hakbang ng US para kontrahin ang anti-imperyalistang tunguhin sa pulitika at ekonomya at mga nakakapinsalang epekto ng ganap na dekontrol ang

nagbunsod ng malalakas na anti-imperyalistang kilusang masa noong dekada '60. Kasama sa kilusang ito ang mga manggagawa, magsasaka, petiburges ng kalunsuran at pambansang burges.

Ang uring manggagawa at pambansang burgesya ay napukaw ng negatibong resulta ng ganap na dekontrol sa mga lokal na industriya. Nag-umpisang kumilos ang uring magsasaka dahil sa tumitinding paghihirap nila at naggiit ng reporma sa lupa, laluna dahil naubos na ang mga prontera para sa ispontanyong resetelment ng magsasakang walang lupa noong papatapos na ang dekada '60.

Ang biglang pag-unti ng oportunidad na makapagtrabaho ang edukadong kabataan ay naging malaking problema para sa naghaharing sistema noong unang bahagi ng dekada '60. Ang sistema sa edukasyon ay patuloy na lumikha ng parami nang paraming propesyunal at teknisyan na walang siguradong trabaho.

Sa buong dekada '60, lumitaw at lumakas ang mga organisasyon at alyansa ng uring manggagawa, uring magsasaka, kabataan, titser, iba pang propesyunal at negosyante. Hinangad ng mga ito na mapukaw, maorganisa at mamobilisa ang mamamayan alinsunod sa linya ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Kadalasan, ang mga militanteng pagkilos ng kilusang masa ay pisikal na sinasalakay ng mga pwersa ng estado.

Noong Disyembre 26, 1968, muling itinatag ang Partido Komunista ng Pilipinas, PKP (Communist Party of the Philippines o CPP) batay sa teoretikal na pundasyon ng Marxismo-Leninismo, ipinatupad ang pangkalahatang linya ng demokratikong rebolusyong bayan, at idineklarang mga pangunahing sandata nito ang armadong pakikibaka at pakikipagkaisang prente. Noong Marso 29, 1969, ang Bagong Hukbong Bayan o BHB (New People's Army o NPA) ay itinatag sa pamumuno ng PKP para isagawa ang armadong pakikibaka, repormang agraryo at pagtatayo ng baseng masa sa kanayunan.

Idineklara ng PKP na ang krisis ng naghaharing sistema ay ganoon na kagrabe kaya hindi na makakapaghari sa dating paraan ang naghaharing uri, kaya hangad ng mamamayan ang rebolusyonaryong pagbabago sa gubyerno at kaya itinatag ang rebolusyonaryong partido ng proletaryado para makapamuno sa mamamayan.

Noong eleksyong presidensyal ng 1969, gumastos ng napakalaking pondo si Marcos at nandaya at naghasik ng terorismo para mahalal uli.

Nang bigkasin niya ang kanyang pahayag tungkol sa kalagayan ng bansa sa harap ng Kongreso ng Pilipinas noong Enero 25, 1970, napakaraming kabataan at manggagawa at iba pang maralita ng lunsod ang nagtipon sa harap ng Kongreso para kundenahin ang kanyang anti-nasyunal at anti-demokratikong mga patakaran at huwad na reeleksyon.

Ang demonstrasyon ay pisikal na sinalakay at nilansag ng pulisya at militar. Lumaban ang mga demonstrador. Sa gayon, nagsimula ang Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970. Ang Malakanyang ay nilusob ng mga nagpoprotesta noong Enero 30, 1970, at muli silang sinalakay ng militar, at noon di'y namatay ang anim na estudyante. Sumunod ang mas maraming demonstrasyon at martsa. Sinasalakay ng mga pwersa ng estado ang mga demonstrador at nagmamartsa tuwing lumalapit sila sa US Embassy at

Palasyo ng Malakanyang.

Ang pang-ekonomya at pampinansyang krisis ay inamin ng pangkating US-Marcos nang isagawa ang debalwasyon ng piso at ipatupad ang sistemang *floating rate* noong Pebrero 1970. Ang krisis sa pulitika ay kitang-kita sa palaki nang palaking militanteng aksyong masa mula 1970 hanggang 1972; sa armadong pakikibakang sinimulan ng PKP at BHB sa Tarlac; sa anti-imperyalistang mga disisyon ng Korte Suprema tungkol sa mga kasong Quasha at Luzteveco; at sa malinaw na anti-imperyalistang mga tinig sa Kongreso ng Pilipinas at Kumbensyong Konstitusyunal.

Mahalagang tandaan na nang maging presidente si Marcos noong 1966, itinalaga niya ang kanyang sarili na kalihim ng pambansang depensa at sinimulang hawakan nang mahigpit ang AFP sa pamamagitan ng pagbibigay ng pabor, promosyon at paglalagay sa kumand sa kanyang mga kamag-anak, kaibigan at kasamahan mula sa kanyang rehiyon. Nang ibigay niya sa taong karehiyon niya ang pusisyon ng kalihim ng pambansang depensa, umiral sa buong AFP ang sistema ng personal na katapatan sa kanya.

Noong Agosto 1971, nagpakana siya ng pambobomba sa Plaza Miranda, na halos lumipol sa buong pambansang liderato ng oposisyong Partido Liberal. Isinisi niya ito sa PKP at BHB at ipinroklama ang suspensyon ng kasulatang habeas corpus.

Ibinalik niya ang kasulatang habeas corpus noong Enero 1972 dahil sa matinding presyur ng publiko at napakalaking tagumpay ng Partido Liberal sa eleksyong lokal at pansenado. Pero nakapag-ensayo na. siya para sa deklarasyon ng batas militar at sa pagtatatag ng sagadsaring pasistang diktadura sa ngalan ng anti-komunismo.

***Ang Pasistang Diktadurang Marcos***

Para mailatag ni Marcos ang batayan sa pag-agaw ng kapangyarihan, ipinagpatuloy niya ang panggugulo sa mga ligal at demokratikong kilusang masa ng mamamayan at nagpakana ng serye ng maliliit na pambobomba. Siya at ang kanyang pinakamalalapit na ahenteng militar ang gumawa ng lahat ng gulo para pagbintangan ang mga Komunista at gawin silang dahilan para ideklara ang batas militar.

Ang mga awtokratikong ambisyon ni Marcos at kasakiman ng kanyang pangkating burukratang kapitalista ay umayon sa pakana ng US na patatagin ang neokolonyal na estadong Pilipino laban sa pagkatalo ng US sa kanyang gerang agresyon sa Indotsina at papalalang pampulitika at pang-ekonomyang krisis ng naghaharing sistema.

Ang ganap na paglitaw ng pasistang rehimeng diktadura ng pangkating US-Marcos sa pamamagitan ng pagdedeklara ng batas militar at kudeta laban sa republikang neokolonyal noong Setyembre 21, 1972 ang nagpakita nang husto na naghihingalo ang malakolonyal at malapyudal na sistema at Hindi na makakapaghari sa dating paraan ang mga naghaharing uring malaking kumprador at panginoong maylupa.

Inalis ang burges-demokratikong gayak ng pinagsamang makauring diktadura ng mga malaking kumprador at panginoong maylupa. Ang lantarang paghahari ng pananakot ng pasistang awtokrasya ay marahas na ipinataw ng naghaharing pangkating malaking kumprador-panginoong maylupa sa mamamayan.

Inagaw ni Marcos ang kataas-taasang awtoridad na pang-ehekutibo, panlehislatibo at panghusgado. Ang interpretasyon niya sa probisyon ng Konstitusyon ng 1935 sa pagiging kataas-taasang kumander ay kalayaan sa walang limitasyong awtoridad at awtokratikong paggawa ng batas. Ipinailalim niya sa kanyang kapangyarihan ang lahat ng nahalal na upisyal, isinara ang Kongreso, inako ang lahat ng panghusgadong awtoridad sa mga kasong may kaugnayan sa pambansang seguridad at kaligtasang publiko, diniktahan niya ang Kumbensyong Konstitusyunal, binuwag ang lahat ng partidong pampulitika, kinontrol ang masmidya at isinagawa ang maraming iba pang bagay para mamonopolisa ang kapangyarihan sa pulitika.

Ipinatupad niya ang maramihang pag-aresto sa lahat ng kanyang kalaban at kritiko sa Kongreso, Kumbensyong Konstitusyunal, partidong pampulitika, organisasyong masa, masmidya, unibersidad at iba pa. Pinalawak at pinatindi niya ang madudugong kampanyang panunupil sa mamamayang Moro at iba pang Pilipino sa kanayunan.

Syempre, ang Armed Forces of the Philippines ang pinakaimportanteng instrumento ng pasistang diktadura. Mabilis itong pinalakas at pinaglaanan ng pinakamalaking bahagi sa gastusin ng gubyerno. Ipinaloob sa Philippine Constabulary ang pulisya at napakabilis na binuo sa buong bayan ang mga pwersang paramilitar.

Napahigpit ni Marcos ang kanyang kontrol sa AFP sa pamamagitan ng pagpapalawak sa Presidential Security Command at National Intelligence Security Authority sa pamumuno ng kanyang pangunahing berdugo na si Hen. Fabian C. Ver, at paglalagay ng kanyang malalapit na kamag-anak, kaibigan at kaprobinsya o karehiyon sa kumand ng AFP

Hinikayat ng US si Marcos na palakasin, kontrolin at gamitin ang AFP hanggat nagsisilbi siya sa interes ng imperyalismong US. Binigyang-katwiran niya ang dominasyon ng US sa paggamit ng pananakot na anti-Komunista. Sinigurado niya sa US ang panghabampanahon at walang hadlang na paggamit sa mga base militar ng US. Pinagbigyan niya ang bawat kahilingan ng mga multinasyunal na kumpanya at bangko ng US at mga multilateral na ahensyang kontrolado ng US tulad ng IMF at World Bank.

Kapalit nito, dinagdagan ng US ang ayudang militar at pang-ekonomya at hinayaan ang pasistang rehimen na umutang nang napakalaki sa dayuhan. Ang mga dayuhang pautang na ito ay tuwirang nakalaan para sa mga proyekto sa huwad na kaunlaran, tulad ng impraistruktura, pasilidad sa turismo at iba pa, pero ang mga ito'y hindi rin tuwirang para sa pagpapahintulot ng paglalabas ng mas malaking pondong piso sa badyet ng gubyerno para sa mabilis na pagpapalakas sa militar.

Para malutas daw ang armadong rebolusyon at matalo ang hukbong bayan sa kanayunan, nagkunwari si Marcos na may programa sa reporma sa lupa na pundasyon ng kanyang bagong lipunan. Pero sa katunayan, hindi ito nangahulugan ng paglilipat ng anumang makabuluhang kantidad ng lupa sa mga magsasakang walang lupa kundi paglilipat sa kanyang malalapit na kamag-anak, kroni sa negosyo, kasamahan sa pulitika, upisyal na militar at dayuhang agrikorpo-rasyon. May malawakang pang-aagaw ng lupa ng mga magsasaka, pambansang minorya at kahit mga panginoong maylupa na mga kalaban niya sa pulitika.

Burukratang kapitalismo ang direktang batayang panlipunan ng pasismo. Ang

pagpipilit ni Marcos para magkaroon ng absolutong kapangyarihan sa mamamayang Pilipino ay lagi nang itinutulak ng hangaring magkaroon ng pribadong propyedad na kapital at lupa sa pamamagitan ng kapangyarihan sa pulitika. At nang maghari ang kanyang awtokrasya, walang hangganan ang kanyang pandarambong sa bayan.

Kahit pinawi ni Marcos ang mga burges-demokratikong karapatan, institusyon at proseso sa ilalim ng Konstitusyong 1935, idinaos niya ang mga dinayang botohan tulad ng mga asembleya ng mamamayan, reperendum, plebisito at eleksyon. Sa bawat botohan, tinangka niyang lalong makapanatili sa kapangyarihan, gawing lehitimo ang kanyang pasistang rehimen at linlangin ang mamamayan.

Ang ikinapahamak ng pasistang diktadurang Marcos ay ang ibayong paglala ng ekonomya, na may gumagrabeng agraryo at malapyudal na katangian, hilaw na materyales na pang-eksport na pinababa ang presyo, sobrang panghihiram sa dayuhan at walang rendang katiwaliang burukratiko; pagsulong at paglakas ng armadong rebolusyonaryong kilusan at malawak na ligal na demokratikong kilusang masa; kasuklam-suklam na pagsasagawa ng di mabilang na kahayupan at pang-aabusong militar, kasama ang asasinasyon kay Benigno Aquino, na ikinagalit ng mamamayan at karamihan ng mga reaksyunaryo; at panghuli, ang pagbabasurang ginawa ng US at Simbahang Katoliko, paksyon sa hanay ng AFP, dramatikong paghiwalay nina Entile at Ramos, at pag-aalsa ng mamamayan mula Pebrero 22 hanggang 25, 1986.

Ang pasistang diktadurang binigyang-buhay ng US ay nagpahirap nang husto sa mamamayang Pilipino. Mahigit anim na milyon ang pinalayas sa kanilang mga tirahan at lupa. Mga 15,000 katao ang napatay at 100,000 ang nasugatan sa operasyong militar ng AFP. Marami ang tinortyur at agad pinatay. Mga 70,000 ang basta na lamang kinulong nang di bababa sa isang buwan. Daan-daang libo ang hinamak dahil sa pagpapasumpa na magiging tapat sa rehimen at sinabing mga BHB at MNLF na di umano'y sumurender.

Napahirapan din nang husto ang naghaharing sistema. Ang pampulitika't pang-ekonomyang krisis ng naghaharing sistema ay mas lumalala, mas humihirap na pagaanin at mas nakakamatay. Ang mga kontradiksyon sa hanay ng mga reaksyunaryo ay tiyak na magiging mas marahas at maglalansag sa sistema. Ang rebolusyonaryong kilusan ay lumakas at patuloy na susulong. Hindi makakaahon sa paglala ng agraryo at malapyudal na ekonomya at sa patibong ng dayuhang pautang kung hindi sa pamamagitan ng panlipunang rebolusyon.

### *Ang Sitwasyon Pagkaraan ng Rehimeng Marcos*

May ilusyon sa hanay ng mga reaksyunaryo na ang pangingibabaw ng rehimeng Aquino ay nakapigil sa pagtindi ng rebolusyonaryong kilusan.

Ang napapalabo ay ang pangyayaring inako ng rehimeng Aquino ang bigat ng responsibilidad na makaagapay sa mga grabeng problemang iniwan ni Marcos, at sa palala nang palalang krisis sa pulitika't ekonomya ng naghaharing sistema dulot ng dominasyong dayuhan at pyudal.

Hindi pa rin tapos kahit ang tungkuling lansagin ang mga istruktura ng pasistang

diktadura at muling itatag ang pormal na mga demokratikong karapatan.

Isa pa, hindi pa rin ganap na natatapos ang pakikipag-agawan ng mga pwersa ni Marcos sa kapangyarihan. Sila'y mas malakas kaysa lakas noong nakaraan ng mga nasa kapangyarihan ngayon. Mayroon silang malalaking propyedad sa loob at labas ng Pilipinas, armadong tagasunod sa loob at labas ng AFP at mga pampulitikang ahente at tagasunod sa bawat antas.

Sa relatibong maikling panahon, sa pagkabigo ng rehimeng Aquino na malutas ang mga problemang gumugulo sa bayan, ang mga pwersa ni Marcos ay tiyak na lalawak at magpapatindi ng kanilang oposisyon sa rehimeng Aquino. Ang banggaan ng mga pwersa ni Marcos at Aquino ay mas dalawahang panig ngayon kaysa noong minomonopolisa pa ni Marcos ang kapangyarihan sa pulitika at makaisang panig na dinadahas ang kanyang mga karibal sa pulitika at rebolusyonaryong pwersa.

Nalalapit ang todo-todong labanan ng mga pwersa ni Marcos at Aquino. Magiging mas marahas at mas mapanlansag ito sa naghaharing sistema at maglalatag ng kalagayan para sa mabilis na pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan.

Ipinapalagay natin na sa pagiging presidente ni Aquino, makakapagtayo siya ng sariling bloke sa loob ng AFP, at pananaigin niya ito sa blokeng Enrile-Ramos-RAM at blokeng Marcos.

Magagamit ng mga pwersa ni Marcos sa kanilang bentahe ang sariling bloke sa AFP para makapagmaniobra laban sa blokeng Aquino at blokeng Enrile-Ramos-RAM, at paglalaban-labanin ang mga bloke. Sa kalagayan ng palala nang palalang krisis sa ekonomya, magiging peligroso ang laro ng tatlong bloke.

Hanggat mananatili sa saklaw ng dominasyong dayuhan at pyudal, ang rehimeng Aquino ay Hindi makakalutas ng krisis sa ekonomya. Ang kawalan ng solusyon sa krisis na ito, ang lumalaking paghahamon ng mga pwersa ni Marcos at paglaban ng blokeng Enrile-Ramos-RAM sa pangingibabaw ng blokeng Aquino sa loob ng AFP ang malamang na yumanig sa rehimeng Aquino.

Antipasista ang lakas ng bayan na nagbagsak kay Marcos at nagla-gay kay Aquino sa pagiging presidente. Para makapanatili sa kapangyarihan, ang rehimeng Aquino'y kailangang sumunod sa pag-unlad ng lakas ng bayan na sa komprehensibong paraa'y anti-imperyalista, antipyudal at antipasista, at sa ayaw at sa gusto ng rehimeng Aquino, kailangang umugnay sa lakas ng bayan na patuloy na umuunlad.

Sa kabila ng pagbabago mula sa walang kahihiyang tiranyang pasista tungo sa isang rebolusyonaryong rehimen na may liberal-demokratikong tendensya, ang naghaharing sistema ay patuloy na humihina at nalalansag at patuloy na itinatayo at pinauunlad ng rebolusyonaryong kilusan ang demokratikong kapangyarihan ng mamamayan.

*Ikaapat na Lektyur*

## KRISIS NG KULTURANG PILIPINO

Ang kultura ay repleksyon ng ekonomya't pulitika. Ang nangingibabaw na mga pwersa at bagong lumilitaw na mga pwersa sa ekonomya't pulitika ang nangingibabaw na mga pwersa at bagong lumilitaw na mga pwersa rin sa kultura. Ang nagsasalungatang mga pwersang ito at ang kanilang mga esensyal na kontradiksyon ay nagkakaroon ng mga pang-ideolohiyang porma at depinidong makinarya sa larangan ng kultura.

Sinasaklaw ng kultura ang paraan ng pag-iral at tunguhin ng kaisipan sa pilosopiya, pulitika, ekonomya, syensyang pangkalikasan at panlipunan, sining at literatura, kaalaman sa batas at moralidad. Kabilang sa mga makinarya ng kultura ang mga institusyon, iba't ibang tipo ng organisasyon at tauhan na nakakonsentra o nag-iispesyalisa sa gawaing pangkultura.

Gayunman, ang kultura ay hindi lamang pang-ideolohiyang repleksyon ng mga kasalukuyang pwersa at kontradiksyon sa ekonomya at pulitika. Ito rin ay akumulasyon ng mga ideya, kostumbre, kaugalian at katulad nito, mula pa noong bago nasulat ang kasaysayan, at nananatili sa kasalukuyang kalagayan hanggat may mga nagdadala at hanggat bahagi ng sikolohiyang panlipunan ng mamamayan.

Ang pangunahing pagtutuunan ng diskusyong ito ay ang paglalahad ng krisis ng kulturang Pilipino kaugnay ng krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunan. Magpopokus tayo sa nangingibabaw na mga pwersa sa kultura hindi lamang sa pagsasalamin kundi pati sa reaksyon ng mga ito sa mga realidad at tunguhing pulitiko-ekonomiko, at sa proseso, sa pagkontra ng mga ito sa bagong lumilitaw na mga pwersa sa kultura at pagganap ng mga ito sa kanilang reaksyunaryong papel sa krisis ng kultura at lipunang Pilipino.

Magpokus tayo sa nangingibabaw na mga pwersa habang ginagampanan nila ang kanilang anti-nasyunal, anti-syentipiko at anti-mamamayang papel laban sa bagong lumilitaw na mga pwersa ng pambansa, syentipiko at pangmasang kultura.

### *Ang Nangingibabaw na mga Pwersa sa Kultura*

Ang imperyalismong US at Simbahang Katoliko Romano ang dalawang nangingibabaw na pwersa sa kultura ng Pilipinas. Ang imperyalismong US ang mas nangingibabaw na pwersa. Sa malakolonyal at malapyudal na kultura ng Pilipinas, ang mga pwersang ito ang nagdadala ng nangingibabaw na mga ideya at kumokontrol sa nangingibabaw na makinarya sa kultura.

Sa paggapi sa lumang demokratikong rebolusyon at pagpapataw ng kapangyarihan sa mamamayang Pilipino, hindi lamang ginamit ng US ang nakakalamang na kakayahang militar at kahandaan nitong itaguyod ang pangingibabaw ng lokal o Pilipinong burgesyang kumprador kundi ginamit din ang ideolohiyang maka-imperyalistang demokrasyang liberal para akitin dito ang rebolusyonaryong nasyunalismo at progresibong demokrasyang liberal ng lumang demokratikong rebolusyon.

Itinayo at pinalawak ng US ang pampublikong sistema sa edukasyon at itinatag ang University of the Philippines para maipropaganda ang modernong imperyalismo (ipinahayag sa mga termino ng konserbatibong demokrasyang liberal) at makalikha ng mga manggagawang litereyt at mas maraming katutubong propesyunal at teknisyan kaysa mabibigyang trabaho ng sistemang kolonyal at pyudal.

Para mapalitaw ang pinakamahuhusay na Pilipinong nakapag-aral sa US, isinagawa ng US ang sistemang pensyonado noong panahon ng kolonyal na paghahari nito. Noong panahong malakolonyal, itinayo ng US ang pagkakaloob ng iskolarsyip sa pamumuno ng mga upisyal na ahensya at pribadong pundasyon ng US para magkaroon ng mga bagong akademisyan, teknokrat ng gubyerno at pribadong manedyer na maka-US. Sistematikong nagtreyn ito ng mga Pilipinong upisyal militar sa mga kuta ng US.

Sa bawat antas ng sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas, ang mga maka-imperyalistang konsepto at paraan ay nanaig sa pamamagitan ng mga edukador na sinanay ng US at maka-US na mga programa sa pag-aaral at materyales sa pag-aaral. Ang mga ito ang bumubuo sa pinakabagong mentalidad na kolonyal ng mga nakapag-aral na Pilipino na karamiha'y nagmula sa petiburgesya ng lunsod at bihirang-bihirang nagmula sa masang anakpawis at naging mga mataas na burukrata, propesyunal sa pribadong hanapbuhay, tagapangasiwa sa negosyo at upisyal militar.

Ang masmidya ang isa pang larangan ng kultura na pinangingibabawan ng imperyalismong US at mga ahente nito sa kultura. Ang dyaryo at pelikula-radyo-telebisyon ay naging mga behikulo ng maka-imperyalista at reaksyunaryong propaganda at taga-anunsyo ng mga produkto ng US at tagatimpla ng panlasa ng Pilipinong konsyumer. Ang mga pelikula at programa sa TV na gawa sa US at mga programa sa radyong maka-US ang mga pinakaepektibong tagapagdala ng maka-imperyalistang mga konsepto at estilo, kasama ang pinakabulgar at pinakadekadenteng mga ideya.

Ang Simbahang Katoliko ay umangkop sa dominasyon ng US pagkasimula nito noong umpisa ng siglo. Noong panahon ng kolonyal na paghahari ng Espanya, ang Simbahan ay may malalaking ahensyang kumprador, at nakapagbenta ng mga lupain ng prayle para palawakin ang interes ng malaking kumprador sa pagbabangko at bagong kumpanyang pangkomersyo.

Mula noon, namantini ng Simbahan ang sa esensya'y ideolohiyang pyudal nito kasama ang nag-uumpisang mangibabaw na ideolohiya ng modernong imperyalismo, at atubiling tinanggap ang prinsipyong magkahiwalay ang simbahan at estado. Sinalamin sa malapyudal na ekonomya at pulitika ang pangingibabaw ng modernong ideolohiyang imperyalista sa ideolohiyang pyudal.

Bilang institusyon, ang Simbahan ang malakas na pang-ideolohiyang tagapagtanggol at tagabasbas ng malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa. Ang pangkulturang impluwensya ng Simbahan ay malaganap sa hanay ng mamamayan sa pamamagitan ng gawaing pangkatekismo, ritwal, sermon, panalangin, publikasyon at katutubong kaugaliang ginawang kristyano o ang tinatawag na katutubong kristyanidad.

Hindi na ganoon kaprestihiyoso ang pontipikal na University of Sto. Tomas tulad noong nasa rurok ng sistemang pang-edukasyon sa panahon ng kolonyal na paghahari ng Espanya. Pero napaunlad ng simbahan ang sariling masaklaw na sistema sa edukasyon. Sa simbahan ang karamihan sa mga pribadong eskwelahan sa bawat antas, kinakaribal ang pampublikong sistema sa edukasyon sa antas ng primarya at elementarya, at sa simbahan din ang pinakamarami sa antas ng hayskul at kolehiyo.

Ang "pinakamahuhusay" na eskwelahang Katoliko ay kilalang-kilala na mga eskwelahan para sa mga anak ng mga nagsasamantalang uri. At kahit tinutuligsa ng mga ensiklikal ng Papa ang kapitalismo at liberalismo sa isang banda, at sosyalismo at Marxismo sa kabilang banda, para mapatibay ang ispiritwal na misyon ng Simbahan at kaugaliang pyudal na nangibabaw sa mga uri sa lipunan, ang totoo, ang mga Katolikong unibersidad at kolehiyo ay mabisang tagapagpalaganap ng burges na mga teorya sa ekonomya, paraan ng pamamahala ng negosyo, at pinakapanatikong mga ideyang anti-komunista, anti-mamamayan at kontra-rebolusyonaryo.

Tumutulong ang tradisyunal na mga pasilidad na Katoliko, ang mga eskwelahan, masmidya at modernong mga pasilidad sa mayor na di sektaryong mga pasilidad sa pagpapalaganap ng maka-imperyalista at reaksyunaryong mga ideya at pagpapalitaw ng mga lalaki't babaeng may magugulong pagpapahalaga na ideyalismong pyudal at suhetibismong burges.

***Ang Anti-nasyunal na Papel***

Sa paglalatag ng pundasyon ng malakolonyalismo sa pamamagitan ng di pantay na mga kasunduang pang-ekonomya at militar noong ikalawang hati ng dekada '40, ginamit ng US ang *cold war* para ang anti-imperyalismo ay itumbas sa komunismo bilang panlilito sa salita at pagmumura. Sa tusong paraan, ang abstraktong liberal na konsepto ng mga indibidwal na karapatan ay ikinontra ng US at mga Pilipinong kinatawan nito sa kultura sa konsepto ng pambansang soberanya at sa konsepto ng Pilipinas bilang nagsasariling bansa-estado.

Ginagampanan ng US ang pinakamabigat na papel sa pagsalungat sa pambansang soberanya at kasarinlan ng mamamayang Pilipino. Para sa mga makabayang Pilipino, ang manindigan para sa pambansang soberanya at kasarinlan ay naharap sa pagwawalambahala o pangungutya ng mga intelektwal na maka-US. Mawawalan sila ng pagkakataon sa sistemang pangkultura at pang-edukasyon, kung Hindi man maihanay sa kinatatakutang klasipikasyong "subersibo".

Ang institusyunal na Simbahang Katoliko ay isang epektibong tauhan ng imperyalismong US sa pagbubunsod ng kolonyal na mentalidad at paninira sa anti-imperyalistang kilusan bilang komunistang pakana. Ginampanan nito ang espesyal na papel na kontrahin ang mga sentimyentong panrelihiyon sa anti-imperyalistang kilusan tulad ng ginawa nito noong panahon ng kolonyal na paghahari ng Espanya laban sa anti-kolonyalistang kilusan.

Noong dekada '50, maingay na sinalungat ng Simbahan ang sunud-sunod na rebolusyonaryong kilusang anti-imperyalista, ang pagpapalaganap ng akdang liberal

na pambansang pamana na tulad ng Noli at Fili, ang makabayang krusada ni Recto, ang progresibong mga akdang liberal sa University of the Philippines at ang patakarang "Pilipino Muna" ni Presidente Garcia. Bilang mga intelektwal na kumando ng Simbahan, ang mga Heswitang Amerikano at kanilang mga disipulong Pilipino ay tumampok sa pagsupil sa anti-imperyalista at anti-kolonyalistang mga ideya at pagpapatibay ng Batas Anti-Subersyon.

Gayunman, noong dekada '60, ang anti-imperyalistang inisyatiba ng mga rebolusyonaryong proletaryo at kanilang pakikipagkaisang prente sa mga progresibong liberal ay kumontra sa mga maka-imperyalista at tagapagtaguyod ng *cold war* at nakapagtamo ng malalaking tagumpay para sa anti-imperyalistang kilusan sa larangan ng pulitika at kultura. Sa kabila ng patuloy na agresyong pangkultura ng US sa pamamagitan ng *foundations* na Amerikano, lumitaw ang bagong demokratikong kultura na may malakas na anti-imperyalistang nilalaman. Nangunguna ang Marxismo-Leninismo sa malaking kilusang intelektwal at pangkultura.

Lalong ipinagmalaki ng mga Pilipinong intelektwal ang kanilang sariling pambansang lenggwahe at ginamit ito sa pagsuway sa matagal nang pangingibabaw ng Ingles sa mga klasrum, upisyal na komunikasyon at para sa mataas na antas ng literatura. Malaki din ang pagpapahalaga sa rebolusyonaryong tradisyon at mga tagumpay ng bayan sa pambansang pamanang pangkultura.

Noong 1970-72, sumiklab at yumabong ang bagong demokratikong rebolusyon sa kultura. Ang malaking bilang ng nakapag-aral ay nag-umpisang magtanong, pumuna at tumanggi sa mga imperyalistang katangian ng kultura at edukasyong Amerikano. Napukaw sila ng krisis ng naghaharing sistema at nabigyan ng inspirasyon ng lumalaking kilusang masa. Dapat banggitin laluna ang Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970. Ang mga nakapag-aral ay nagalit sa gerang agresyon ng US sa Byetnam, at nahikayat ng halimbawa ng papalaking bilang ng mga intelektwal na Amerikano na tumatanggi sa realidad at pang-ideolohiyang pagpapalagay ng imperyalismong US.

Ang pagpapataw ng pasistang diktadura noong 1972 ang desperadong pagtugon ng US at mga lokal na reaksyunaryo sa tumitinding kilusang anti-imperyalista. Tulad ng lahat ng iba pang rebolusyonaryong pwersa, ang mga pwersa ng rebolusyong pangkultura ay patuloy na dumami sa kilusang lihim sa kalunsuran at sa sonang gerilya.

Isinagawa ng pasistang diktadura ang rekomendasyong idinikta ng US sa PCSPE (Presidential Committee to Study Philippine Education) na ayusin daw ang pang-edukasyong sistema ng Pilipinas sa diumano'y layuning magkaroon ng mga gradweyt na may higit na kasanayang teknikal para sa mga dayuhang kumpanyang multinasyunal. Pero ang mapapasukang trabaho ay Hindi kailanman makabuluhang dinagdagan ng mga dayuhang monopolyo sa papabagsak nang ekonomya.

Isinagawa rin ng rehimeng pasista ang patakarang idinikta ng US na gumawa ng mas maraming teksbuk na popondohan ng pautang ng World Bank. Ang mga teksbuk ay naging mga behikulo ng maka-imperyalista at pasistang propaganda na pandagdag sa pang-araw-araw na propagandang inilalabas ng kontroladong masmidya.

Naubusan ng pondong gubyerno ang edukasyong publiko. At pinagkaitan ng sapat

na sweldo ang mga titser; gayundin, ang mga estudyante ay nahirapan sa mas mataas na gastos para mabuhay at makapag-aral.

Itinaguyod o pinalampas ng mga lider ng Simbahang Katoliko ang gawain ng pasistang diktadura ng pangkating US-Marcos dahil ipinakita nito ang sarili bilang pwersang anti-komunista. Pero sa halos buong dekada '70 at pagkaraan nito, parami nang parami ang progresibong mga lider na panrelihiyon at taong-simbahan na pumanig sa mamamayan sa pagtatanggol ng kanilang mga karapatang pantao sa harap ng napakatinding kabangisan at pang-aabuso ng mga pasistang sinulsulan ng US, gayundin sa pagtatanggol ng kanilang mga pambansang karapatan sa harap ng imperyalistang pandarambong sa pamamagitan ng multinasyunal na kumpanya at bangko, at paglabag sa pambansang soberanya at panteritoryong integridad sa pamamagitan ng mga base militar ng US.

Manipestasyon ng krisis sa sistemang pangkultura na maka-imperyalista at reaksyunaryo ang pagtalikod ng mga nakapag-aral sa anti-nasyunal na pangkulturang kontrol at impluwensya ng imperyalismong US, gayundin, sa loob ng Simbahang Katoliko, ang pagdami ng mga progrcsibong relihiyoso na may makabayang paninindigan.

Ang malalaking bitak sa nangingibabaw na pwersang pangkulrura ay tiyak na lalawak at sasamantalahin ng mga pwersa ng bagong demokratikong rebolusyon sa kultura.

### *Ang Anti-syentipikong Papel*

Madaling makapagpahanga ang mga syentipiko at teknolohikal na pagsulong ng US at mapaniwala na makakatulong ang US sa syentipiko at teknolohikal na pagsulong ng Pilipinas.

Gayunman, kung isasaalang-alang natin na sinasalungat ng US ang pambansang industriyalisasyon ng Pilipinas, at gustong mapanatiling agraryo ang ating bayan at maghangad ng Hindi hihigit sa ilang empresang ginagamitan ng maraming lakas-paggawa, Hindi maasahan ang US na maging balon ng syentipiko't teknolohikal na pagsulong para sa bayan habang nananatiling malakolonyal at malapyudal ang katangian nito.

Ang sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas ay sadyang walang anumang programa sa pagtataguyod ng mga pag-aaral sa saligang syensyang panlipunan. Gayunman, sobra-sobra ang gumagradweyt na inhinyero at teknolodyist kung ikukumpara sa mapapasukang trabaho sa ekonomyang pre-industriyal. Kaya nagtatrabaho sila bilang mga tagabenta ng mga kumpanyang multinasyunal. At nangingibang bayan ang mga walang makitang trabaho sa sariling bayan.

Ang sobrang inhinyero at teknolodyist ay resulta ng mabilis na lumalawak na sistemang pang-edukasyon noong dekada '50 at '60 at mabagal na paglawak ng sistemang pang-edukasyon na bumuntot sa pagdami ng bata at kabataang pwede nang mag-aaral sa halos buong dekada 70. Ang pangkalahatang pagkabulok ng sistema sa edukasyon na naging kapansin-pansin noong dekada '80 ay makakapagpaunti ng mga

inhinyero at teknolodyist kahit para sa pangingibang bayan.

Umunti rin ang pangangailangan ng US at iba pang bayan sa mga propesyunal sa kalusugan, inhinyero't teknolodyist at manggagawang may kasanayan.

Samantalang gustong bolahin ng ilang tao ang sarili na ang pag-eeksport ng mga propesyunal at manggagawang may kasanayan ay manipestasyon ng maunlad na kalagayan ng Pilipinas, sa katunaya'y manipestasyon ito ng di pag-unlad at krisis—ang kawalan ng kakayahan ng pambansang ekonomya na mabigyan ng trabaho ang mga taong kailangang ieksport sa mababang presyo sa kabila ng malaking gastos sa edukasyon na kailangang balikatin ng lipunang Pilipino.

May isa ring penomenon na nakakaligtaan. Samantalang pinili ng ilang propesyunal na maghanap ng mga trabaho sa ibang bayan, ang iba pa'y sumama sa rebolusyonaryong kilusan. Ito'y isang penomenon na nagpapakita ng grabeng krisis sa sistema. Sa katunayan, parami nang paraming estudyante at gradweyt ng kolehiyo ang sumasama sa rebolusyonaryong kilusan. Ang buong petiburgesya ng lunsod ay bumabaling sa panig ng masang anakpawis sa iisang pakikibaka sa pang-aapi at pagsasamantala.

Ang pilosopiya, syensyang panlipunan, sining at literatura, batas, edukasyon, ekonomiks at mga kurso sa bisnes ay mga larangan ng lantaran at pinahahabang pagteteorya at pagpopropaganda ng mga ahente ng imperyalismong US at Simbahang Katoliko sa kultura at edukasyon.

Nasa mga larangang ito ang higit na nakakaraming mayorya ng mga estudyante at gradweyt sa kolehiyo. Sa mga panahong di gaanong kritikal, sila ang mga tagapagdala ng ganap na di Syentipiko, mapanlito, maka-imperyalista at reaksyunaryong mga ideya. Pero sa panahong mas kritikal, ginugulo sila ng mga saligang problema ng lipunan na di maipaliwanag ng kanilang pormal na edukasyon, at naaakit sila sa syentipikong teorya at praktikal na pakikibaka ng mga rebolusyonaryong proletaryo at malawak na pambansa-demokratikong kilusan.

Pwedeng tanggihan ng ilan ang suhetibismong burges ng ideolohiyang imperyalista at metapisikang midyebal ng pinakamarami sa simbahan at mahahawan ang kanilang daan sa rebolusyonaryong teorya at praktikang proletaryo. Natutuhan naman ng iba pa na panatilihin ang syentipiko at kapaki-pakinabang sa kanilang pormal na edukasyon at kahit sa kanilang paniniwalang panrelihiyon, at gayundin, maintindihan at matanggap ang pangkalahatang programa ng bagong demokratikong rebolusyon.

Ang kapansin-pansing pagbaling ng mga estudyance at gradweyt sa kolehiyo sa pambansa-demokratikong kilusan ay manipestasyon ng krisis sa kultura at lipunang Pilipino. Nananawagan sila para sa naaangkop na edukasyon at radikal na transpormasyon ng lipunan.

### *Ang Anti-Mamamayang Papel*

Nalikha ng imperyalismong US at Simbahang Katoliko ang malakolonyal at malapyudal na kultura na naaangkop sa malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa bilang mga naghaharing uri.

Ang kulturang ito'y nagsisilbi para mabigyang katwiran, mabasbasan, gawing lehitimo at mapaganda ang sistema ng pang-aapi at pagsasamantala. Hangad nitong mapahina at mapaamo ang mga inaapi at pinagsasamantalahanag mamamayan sa paraang mental, emosyonal at moral at ipatanggap sa kanila ang kanilang kalagayan.

Sa pinakamataas na antas ng sistemang pangkultura, nananaig ang mga naghaharing uri bilang mga tagagawa ng patakaran, may-ari at tagakontrol ng pangunahing institusyong pangkultura, sistemang pang-edukasyon, masmidya at lahat ng iba pang pangunahing paraan ng pag-impluwensya sa pag-iisip, pandama at moralidad ng mamamayan.

Ang intelihensya ang mapagrereklutahan ng pinakamahusay na personel sa kultura ng naghaharing uri. Pero ang higit na nakakaraming mayorya ng intelihensya ay hindi makakaangat sa lipunan mula sa antas ng swelduhan tungo sa pagiging naghaharing uri. Sa panahon ng krisis, ang intelihensya ay may tendensyang umugnay sa masang anakpawis na mga manggagawa't magsasaka at lalo pang pumuna at tumuligsa" sa sistema ng pang-aapi at pagsasamantala.

Sa lantaran at tusong mga paraan, hindi lamang pinagpipilitan ng malakolonyal at malapyudal na kultura ang mga pribilehiyo ng mga malaking kumprador at panginoong maylupa kundi pinagkakaitan din ng pagkakataong makapag-aral ang milyun-milyong bata at nililimitahan sa antas ng Ikaapat na Grado ang karamihan ng batang mag-aaral, isang antas na di makakapaggarantya ng literasi. Naglalabas pa itong lalo ng bulgar at nakakaabang kalagayan sa kultura na nakakagulo sa sariling makauring interes at makauring pakikibaka ng masang anakpawis na mga manggagawa't magsasaka.

Pero ang krisis sa sistemang pang-ekonomya ay nagiging krisis sa sistemang pampulitika. Ang panlipunang pagkaligalig at kawalan ng kakayahan ng mga naghaharing uri na makapanaig sa dating paraan ay nagiging dahilan ng pinakamatinding pang-ekonomya at pampulitikang paglalabanan sa hanay ng naghaharing uri at sa pagitan ng mga naghahari at pinaghahariang uri. Umaabot sa larangan ng kultura ang tunggalian ng mga uri.

Sa paghahangad na makuha ang kapangyarihang pampulitika, ang pinakaabanteng pwersa sa produksyon at pulitika—ang uring manggagawa—ay kinatawan ng kanilang partido na may teorya at praktikal na programa na hindi lamang sumasaklaw sa mga layunin sa ekonomya at pulitika kundi pati sa layunin sa kultura— ang bagong demokratikong kultura na pupukaw at magbubuklod sa saligang alyansa ng uring manggagawa at uring magsasaka bilang pangunahing pwersa, at kakabig sa panggitnang saray ng lipunan sa isang pambansang nagkakaisang prente.

Ang bagong demokratikong kulturang ito ay nagsisilbi sa mamamayan at lumalaban sa anti-mamamayang kultura ng malakolonyal at malapyudal na lipunan.

*Ikalimang Lektyur*

## KRISIS SA UGNAYANG INTERNASYUNAL

Ang patakarang panlabas ng Pilipinas ay kontrolado ng patakarang panlabas ng US. Sinasalamin nito ang malakolonyal o neokolonyal na katayuan at lokal na patakaran ng Pilipinas.

Ang ugnayang US-RP ang pinakaimportante sa ugnayang internasyunal ng Pilipinas. Gayunman, talakayin muna natin ang pundasyon ng mga ugnayang ito at tukuyin ang di pantay at nagtutunggaliang interes ng kliyente at amo. Ang mga ito'y nangangahulugan ng palagian at kasalukuyang krisis ng patakarang panlabas ng Pilipinas.

Pagkatapos, makikita din natin ang krisis ng patakarang ito kaugnay ng iba pang kapitalistang bayan, mga kalalayang bayan, kilusan sa pambansang pagpapalaya at mga sosyalistang bayan.

### *Ang Pundasyon ng Ugnayang US-RP*

Ang pundasyon ng ugnayang US-RP ay itinakda ng serye ng di pantay na mga tratado, kasunduan at batas. Ang mga ito'y tinawag na espesyal na ugnayan, napakaespesyal kaya nangahulugan ng kontrol ng US sa lokal at panlabas na mga patakaran ng Pilipinas.

Sa araw na ipinagkaloob ng US ang huwad na kasarinlan ng Pilipinas noong 1946, ang Tratado ng US-RP sa Pangkalahatang Ugnayan ay pinirmahan ng presidente ng republikang malakolonyal. Sa tratadong ito, kinilala ang pananatili ng karapatan ng US na magmay-ari ng propyedad at mga base militar ng US at inobliga ang pagbabalangkas ng patakarang panlabas ng Pilipinas sa pagtangkilik ng patakarang panlabas ng US.

Sa Batas Bell sa Kalakalan sa US noong 1947, pinatagal ang malayang kalakalan, itinakda ang pagpapailalim ng piso ng Pilipinas sa dolyar ng US at ipinilit ang Susog Pariti sa Konstitusyon ng Pilipinas. Sa Susog Pariti, hinayaan ang mga mamumuhunan ng US hanggang sandaang porsyentong pagmamay-ari sa mga korporasyong nakikinabang nang husto sa likas na yaman at nagpapatakbo sa mga yutiliting pampubliko.

Sa Kasunduang Laurel-Langley ng 1954, Hindi lamang muling pinagtibay ang Susog Pariti kundi sa paraang di konstitusyunal ay sinasaklaw din nito ang lahat ng klase ng negosyo, kasama ang pagmamay-ari at paggamit sa pribadong lupang pang-agrikultura. Sa nirebisang iskedyul ng taripa at ng sistemang kota, hinikayat pa rin ang pag-eeksport ng hilaw na materyales at pag-iimport ng minanupakturang produkto mula sa United States. Sa kasundua'y pormal na isinuko ang kontrol sa sistema ng pananalapi ng Pilipinas, pero sa totoo'y naging palaasa na sa dolyar ng US ang ekonomya sa pamamagitan ng pakikipagkalakalan sa US, pamumuhunan ng US at mga pautang.

Sa Kasunduang US-RP sa Base Militar ng 1947, idinitalye ang paglabag ng US sa soberanya at panteritoryong integridad ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga base

militar ng US na nasa malalawak na lupain. Sa kasunduan, talagang pinapayagan na nga ang mga pwersang militar ng US na kontrolin ang buong bayan sa pamamagitan ng pagpupwera sa mga ito sa hurisdiksyon ng Pilipinas kahit sa labas ng mga base at pagpayag na mapalawak o mapalaki ang mga ito sa pagdidisisyon ng US.

Sa Kasunduang US-RP sa Ayudang Militar ng 1947, sinisigurado ang kontrol ng US sa Armed Forces of the Philippines o AFP Sa pamamagitan ng Joint US Military Advisory Group o JUSMAG, pinalawak ng US ang estratehikong pamamahala sa istap, lohistika, treyning at koordinasyon ng paniniktik sa APR Ang mga tagapayong militar ng US ay lumalahok sa mga operasyong militar ng AFP

Sa Kasunduang Pang-ekonomya at Teknikal na Kooperasyon ng *1951,* pinapayagan ang US na maglagay ng mga pang-ekonomya't teknikal na tagapayo sa bawat estratehikong sangay ng gubyerno ng Pilipinas. Ang mga tagapayong ito ang namamahala at umiimpluwensya sa mga patakaran, nagsasagawa ng propagandang imperyalista, naniniktik sa ekonomya't pulitika, at nagsisigurado na ang "ayuda" ay nagreresulta sa mabilis na pagkakaroon ng ganansya ng mga kumpanya ng US sa mga dayuhang pautang, mga grant at katumbas na pondong piso sa pamamagitan ng pagbili sa mga kalakal ng US at sobra-sobrang pagbabayad sa mga kontratista at mga ekspertong Amerikano.

Ang mga kinatawan ng US-AID (at mga ahensyang nauna rito) ay hindi lamang naging mga pang-ekonomya't teknikal na ahente ng mga monopolyo ng US kundi tumayo ring mga agresor sa kultura, ahente ng CIA at tagapayo't tagasanay ng Philippine Constabulary at ng lokal na ahensya ng pulisya sa pagbubuwag ng mga protestang masa at mga kontra-insureksyon.

Sa Kasunduang US-RP sa Mutwal na Depensa ng 1951, pinapayagan ang US na gumamit ng mga tropang agresor para manghimasok sa panloob na usapin ng Pilipinas; sa pagkukunwaring pinangangalagaan ang "kapayapaan" at ang "mutwal na seguridad". Sa katunayan'y ekstensyon ito ng Kasunduang US-RP sa Base Militar.

Sa Kasunduang Maynila ng 1954, nilikha ang Southeast Asian Treaty Organization o SEATO para sa "panrehiyong depensa ng Timog-Silangang Asya". Magagamit ito para isangkot ang Pilipinas sa mga adbentura ng US sa iba pang bayan sa rehiyon at para isangkot din sa usapin ng Pilipinas ang mga bayang myembro ng SEATO na karamiha'y mga bayang wala sa Timog-Silangang Asya. Pero ang SEATO ay naparalisa ng mga kontradiksyon ng US at iba pang bayang myembro ng SEATO.

Ang mga Kasunduan sa mga Kalakal na Agrikultural ay kontrolado ng Batas Publiko Blg. 480 ng US, na kilala bilang Batas sa Pagpapaunlad ng Kalakalan at Ayudang Agrikultural. Sa pamamagitan ng mga kasunduang ito, naididispatsa ng US ang sarplas na produktong agrikultural nito sa pamamagitan ng pagtatambak ng mga ito sa Pilipinas. Ginamit ang mga ito para kontrolin ang ilang "intermedyang" industriya (arina, tela, sigarilyo, *feeds* at katulad ng mga ito). Ginamit ang mga ito para manipulahin ang lokal na produksyong agrikultural. Ang napagbentahan ng mga produktong agrikultural ng US ay ginamit para suportahan ang mga pampropagandang kampanya at mga pang-edukasyong programa.

Gumanap ng importanteng papel sa sistemang pangkultura at pang-edukasyon ng

Pilipinas ang mga ahensya ng gubyerno ng US tulad ng AID, USIS, Lupon sa Edukasyon, Peace Corps at mga institusyong tulad ng Asia Foundation, Rockefeller Foundation at Ford Foundation. Ang programa sa palitan ng iba't ibang sektor sa pag-aaral at mga grant para magbiyahe, mag-aral at manaliksik ay ginamit para purihin ang "pamumuhay ng Amerikano" at palaganapin ang anti-nasyunal at anti-demokratikong mga ideya.

*Ang Krisis ng Ugnayang US-RP*

Sa buong panahong malakolonyal, laging nasa krisis ang ugnayang US-RP at sa sunud-sunod na dekada'y mas nalubog ito sa krisis. Ang krisis na ito sa ugnayang US-RP gayundin sa buong ugnayang panlabas ng Pilipinas ay nagmumula sa mga kontradiksyon sa lipunang Pilipino na pinaghaharian ng US.

Naipataw ng US ang di pantay na mga tratado at kasunduan bilang pundasyon ng patuloy na dominasyon nito sa Pilipinas at bilang patakarang panlabas nito dahil ipinakita ng US ang sarili bilang taga-pagpalaya ng bayan sa pananakop ng mga Hapones at tagapagbigay ng kasarinlan ng Pilipinas, sinamantala ang pagkawasak ng bayan at ang kahirapan ng mamamayan at pinawalan ang panatikong anti-komunistang propagandang Cold War.

Pero ang mga rebolusyonaryong pwersang nagmula sa krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa huli'y naglunsad ng armadong pakikibaka sa malupit na mga patakaran at mga kampanyang pagsupil sa kanila ng US at mga lokal na reaksyunaryo. Ang kontra-rebolusyonaryong mga patakaran at kampanya ay lumitaw sa mabilis na lumalalang sosyo-ekonomikong kalagayan.

Ang pagkatalo ng armadong rebolusyon at ang kontrol sa dolyar at pag-iimport ang naghawan ng daan sa ibayong rehabilitasyon at muling pagbangon ng agrikultura at pagmimina at pagtatayo ng mga industriyang nakaasa sa imported na kagamitan, pyesa, panggatong at hilaw na materyales noong dekada '50.

Nagamit ng US ang mga pang-ekspedisyong tropang Pilipino sa gera ng Korea noong unang mga taon ng dekada '50 at nagamit ang patakarang panlabas ng Pilipinas at mga ahenteng Pilipino sa kontra-rebolusyonaryong mga aktibidad sa Timog-Silangang Asya, laluna sa Indonesia at Indotsina noong mga dekada '50 at '60.

Sa kumperensya ng mamamayang Aprikano-Asyano sa Bandung noong 1956, ang delegasyon ng gubyerno ng Pilipinas na pinamumunuan ni Carlos P Romulo ay naging tagapagtanggol ng patakarang panlabas ng US sa halip na tagapagtanggol ng soberanong interes ng Pilipinas at tagasuporta ng mga kalalayang bayan at mga kilusan sa pambansang pagpapalaya sa Asya at Aprika.

Mula noong ikalawang hati ng dekada '40 hanggang buong dekada '60, ang *Cold War* na pinamahalaan ng US ay nanalasa sa Pilipinas at nagtulak sa patakarang panlabas na magkaroon ng antagonistikong pusisyon tulad ng pusisyon ng US sa mga sosyalista at anti-imperyalistang bayan at kilusan sa Asya, Aprika at Amerika Latina.

Pero noong dekada '60, muling lumakas ang pambansa-demokratikong kilusan sa

Pilipinas at matinding nilabanan ang armadong panghihimasok at ang agresyon ng US sa Byetnam. Ang paggamit ng mga mersenaryong tropang Pilipino sa Byetnam ay laging matinding nilalabanan ng mamamayan at ng Kongreso ng Pilipinas at ng mga mamamahayag. Ang mga tropang ito'y kinailangang ipadala bilang grupo sa aksyong sibiko, at pagkaraa'y bilang grupong medikal sa halip na kontindyent na militar.

Isa pang iginiit nang husto ng pambansa-demokratikong kilusan ay ang pagpapalawak ng ugnayang panlabas ng Pilipinas at ang pagtatatag ng ugnayang diplomatiko at pangkalakalan sa mga sosyalistang bayan dahil sa papalalang krisis sa ekonomya at sa panlabas na kalakalan, laluna noong huling bahagi ng dekada '60.

Sa buong dekada '50, matagumpay na muling naitayo ng mga kapitalistang bayan sa Kanlurang Europa at Japan, na nawasak noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang kanilang ekonomyang industriyal. Noong dekada '60, ang ibang kapitalistang bayang ito ay kailangang bigyang-puwang ng US sa Pilipinas at iba pang lugar.

Ang pagkitid ng pandaigdigang pamilihan para sa mga produktong industriyal ng mga kapitalistang bayan, una, dahil sa paglitaw ng maraming sosyalistang bayan pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, at sumunod, dahil sa rekonstruksyon ng mga nawasak na mga ekonomyang kapitalista, ay nangahulugan ng pagiging mura ng mga hilaw na materyales at ng presyo ng lakas-paggawa sa mga kolonya at malakolonya, kabilang ang Pilipinas.

Naging mas matingkad ang papel ng International Monetary Fund kaysa naging papel ng Import-Export Bank sa pagtataguyod ng malayang daloy ng dolyar at dayuhang pamumuhunan at sa pag-aasikaso sa krisis ng Pilipinas sa dolyar sa pamamagitan ng mga pautang sa estabilisasyon para mapunuan ang depisit sa balanse ng bayaran. Naging tampok din ang World Bank sa pagtataguyod ng mga patakaran sa ekonomya na pumapabor sa mga proyektong impraistruktura, sa pagpapalawak sa pasilidad sa agrikultura't pagmimina at lahat ng iba pang proyektong aagaw sa pondong nakalaan sa tunay na pag-unlad ng industriya.

Itinatag ang Asian Development Bank (ADB). Sa pagbabahagi ng sosyo sa bangko, ipinakita ang pagbibigay-puwang ng US sa Japan at sa iba pang bayan sa Kanlurang Europa. Dadagdagan ng ADB ang mga ginagawang pagtataguyod ng World Bank sa mga proyekto sa impraistruktura at agrikultura.

Noong ikalawang hati ng dekada '60, naparami ng US ang espesyal na mga pribilehiyo nito sa ekonomya ng Pilipinas sa pamamagitan ng Batas sa Dayuhang Pamumuhunan, Batas sa Export Processing at iba pang batas. Ang mga batas na ito'y ginawa bilang paghahanda sa pagtatapos ng Kasunduang Laurel-Langley at Susog Pariti. Ang terminong "pambansang trato" ay inimbento para mapanatili ang mga karapatang pariti ng mga multinasyunal na kumpanya ng US.

Noon ding huling bahagi ng dekada '60, itinaguyod ng US ang pagbubuo ng Association of Southeast Asian Nations o ASEAN bilang bloke ng panrehiyong pagtutulungan sa ekonomya at malayang kalakalan at bilang pampulitikang balwarte laban sa namimintong mga rebolusyonaryong tagumpay ng mamamayang Indotsino. Pero itinaguyod din ng ASEAN ang sona ng kapayapaan, kalayaan at nyutralidad sa Timog-Silangang Asya.

Mula 1970, bilang paghahanda sa pag-atras o pagkatalo sa Indotsina at pagkilala sa papalalang krisis sa ekonomya't pinansya ng pandaigdigang sistemang kapitalista, nagdisisyon ang US na subukin ang pagbubukas ng ugnayang diplomatiko at kalakalan sa Republikang Bayan ng Tsina.

Noong 1970, lumala ang krisis sa ekonomya't pinansya sa Pilipinas dahil sa malaking depisit sa kalakalang panlabas at balanse sa bayaran. Ang depisit na ito'y pwede lamang mapunuan sa pamamagitan ng malaking pagbubuhos ng dayuhang pautang, Ang pananim na pang-eksport at pasilidad sa pagmimina ay sobra-sobrang pinarami sa Pilipinas at iba pang lugar. At bumababa ang kita ng bayan sa pag-eeksport.

Ang pagpapataw ng pasistang diktadura noong 1972 ay magiging dahilan ng paglala ng agraryo at malapyudal na katangian ng ekonomya, pagkasayang ng mga rekurso para sa impraistruktura at iba pang proyektong pakitang-tao, paglakas ng militar at walang limitasyong paglabas ng superganansya ng mga korporasyong multinasyunal at walang rendang katiwalian; at mabilis na paglaki ng dayuhang utang hanggang sa antas na Hindi na kayang bayaran ang prinsipal at interes nito.

Binaligtad ni Marcos ang makabayang mga disisyon ng Korte Suprema tungkol sa mga kasong Quasha at Luzteveco, mga disisyong naglimita sa pagmamay-ari ng lupa ng US at sa pagkakaroon ng mayoryang pwesto ng mga dayuhan sa mga korporasyong Pilipino.

Sa pamamagitan ng 1973 konstitusyon at ng mga dikreto ni Marcos, pinalawak niya ang mga ekstraordinaryong pribilehiyo ng mga multinasyunal na korporasyon ng US. Sa ilang takdang sandali noong panahon ng pasistang diktadurang Marcos, nagsagawa ng mga hakbang ang rehimen para maibsan ang sarili sa grabeng problema at mapalawak ang ugnayang diplomatiko.

Sa pagsang-ayon ng US at sa layuning mabura sa blacklist noong panahon ng embargo sa langis noong 1973, pinahusay ng Pilipinas ang pakikipag-ugnayan sa mga bayang Arabe, hanggang sa puntong bumoto pabor sa mga bayang Arabe at Palestino sa United Nations at iba pang lugar.

Ang iba pang motibo ng gubyerno ng Pilipinas sa pagpapahusay ng pakikipag-ugnayan nito sa mga bayang Arabe at Islam ay para palakasin ang pusisyon nito laban sa Moro National Liberation Front sa Islamic Conference at para makabahagi sa paglakas ng konstruksyon sa Middle East.

Noong 1975, itinatag ang ugnayang Tsino-Pilipinas. Kasama sa mga layunin ng rehimeng US-Marcos ang paghahawan ng daan para sa relasyong Tsino-US sa hinaharap; pagwasak sa relasyon ng PKP at PKT at pagpapalawak sa panlabas na pamilihan para sa mga eksport ng Pilipinas na pinababa ang presyo. Pagkatapos, ang Pilipinas ay nakipag-ugnayan din sa mas maraming bayan sa Silangang Europa, kabilang ang Unyong Sobyet.

Pero dahil nalilimitahan ng kontrol ng imperyalismong US, hindi kailanman nagamit nang husto ng Pilipinas mismo ang pangkalakalan at iba pang-ekonomyang pakikipag-ugnayan sa mga sosyalistang bayan. Pana-panaho'y, nagbabanta si Marcos na makikipagkalakalan o makikipagpalitan sa mga bayang ito para maidispatsa ang

sarplas na kalakal at kapalit nito'y makakuha ng produktibo at esensyal na mga produkto. Gayundin, paminsan-minsa'y nagbabanta siya na kukuha ng produktibong kagamitan mula sa mga sosyalistang bayan sa planong hulugan, na ang pambayad ay magmumula sa isang bahagi ng taunang produkto ng mga bagong empresa. Pero nagyayabang lamang siya para mapaganda ang kanyang makaisang-panig na patakarang magsilbi sa interes ng mga multinasyunal na kumpanya ng US at Japan at mas malalim na malubog sa pagkakautang.

Kung minsa'y nagbabanta rin siyang sasapi sa kumperensya ng mga bayang walang kinikilingan. Pero nasisiyahan siya nang husto sa pagiging isang tagamasid sa kumperensya. Wala siyang anumang interes na lansagin ang mga base militar ng US sa Pilipinas.

Noong 1978, pumasok si Marcos sa limang-taong kasunduang protokol tungkol sa mga base militar ng US, na nagkunwaring kumikilala sa soberanya ng Pilipinas sa nasabing mga base pero sinisigurado sa mga pwersang militar ng US ang walang hadlang na paggamit sa mga pasilidad ng base at may pribilehiyong lumahok sa mga operasyong kontra-insureksyon sa pagkukunwaring pinangangalagaan ang mga base.

Ang ilusyong nagbabayad ng upa ang US o nagbabayad para sa paggamit ng mga base ay nilikha sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga pondong ibinibigay sa militar, dayuhang pagpapautang ng kagamitang militar at pagsasanay sa ilalim ng Programa sa Ayudang Militar; at mga grant at pautang sa ilalim ng AID. Ang taunang bayad sa patuloy na paglabag sa soberanya ng Pilipinas at panteritoryong integridad ay kakarampot na 100 milyong dolyar para sa mga taong 1979-1984 at 180 milyong dolyar para sa mga taong 1984-1988. Pinalitan lamang ng mga tropa ng AFP ang mga pribadong sikyuriti gard na Pilipino sa trabahong bantayan ang paligid ng base para malikha ang ilusyong kontrolado ng Pilipinas ang mga base militar ng US.

Sa ASEAN, may matinding pakikipagbanggaan ang Pilipinas sa Malaysia tungkol sa isyu ng pag-angkin ng Pilipinas sa Sabah, pang-aapi sa mamamayang Moro at Muslim sa Mindanao at daan-daang libong repyudying Moro sa Sabah. Ang ASEAN ay nahadlangan ng banggaan ng Pilipinas-Malaysia. At syempre, nanatiling Hindi sinusunod ng Pilipinas ang idinidikta sa Kasunduang ASEAN para sa isang sona ng kapayapaan at nyutralisasyon na walang dayuhang mga base militar at mga armas nukleyar.

### *Ang Papalalang Krisis sa Ugnayang Panlabas ng Pilipinas*

Hanggang ngayon, ang gubyernong Aquino ay Hindi pa nakakapaglabas ng anumang deklarasyon sa patakarang panlabas na naiiba sa nakapirming patakarang panlabas na idinikta ng US. Sa kabilang banda, may mga indikasyong ipinakita ang kasalukuyang rehimen na mananatili ang ganoon ding saligang patakarang panlabas. Kung tutuusin, ang mga pundamental na pagbabago sa patakarang panlabas ay magaganap lamang batay sa determinasyong baguhin ang malakolonyal at malapyudal na lipunan.

Ang gubyernong Aquino ay determinadong pumayag sa mga dikta ng IMF; World

Bank, Asian Development Bank, pribadong dayuhang nagpapautang at mga kumpanya ng US at iba pang kumpanyang multinasyunal. Ang gubyernong ito'y sabik na makaakit ng mga kumpanyang multinasyunal, makatanggap ng bilateral na ayuda ng US na nakatali sa mga espesyal na pribilehiyo para sa kumpanya ng US at sa mga base militar ng US, makapamalimos ng mas mainam na kundisyon para sa natipong dayuhang pautang na mas malalim na magpapalubog sa bayan sa pagkakautang sa dayuhan.

Ang layunin ng patakaran ay pagtuunan ang agrikultura at iwasan ang industriyalisasyon, ipatupad ang liberalisasyon ng mga import, ipako ang mga sahod, palawakin ang lokal na basehang buwis at iba pa.

Walang indikasyon na babaling ang bagong rehimen sa pakikipagkalakalan sa mga sosyalistang bayan para maidispatsa ang mga saligang kalakal na pang-eksport at kapalit nito'y makakuha ng produktibo at iba pang esensyal na produkto o makapagtayo ng mga plantang industriyal na huhulugan sa pamamagitan ng isang bahagi ng taunang produkto o kita ng mga ito. Gayunman, ginawang desentralisado at demonopolisado ng rehimen ang pakikipagkalakalan sa mga sosyalistang bayan. (Ang monopolyo'y dating pinatatakbo ni Marcos at ng kanyang mga kroni sa pamamagitan ng Philippine International Trade Council.)

Patuloy na idinideklara ng rehimen na rerespetuhin nito ang Kasunduang US-RP sa Base Militar hanggang 1991 at pinananatiling bukas na usapin kung ano ang kanyang gagawin. Pero sing-aga ng 1988, ang rehimen ay makikipagnegosasyon na para sa bagong limang-taong kasunduang protokol na sasaklaw sa panahong 1989-1994 lampas sa pagtatapos ng buong Kasunduang US-RP sa Base Militar sa 1991.

Patuloy na umaasa ang rehimen sa suplay na militar ng US at pondong pansuporta sa ekonomya na nakatali sa base militar ng US. Kung isasaalang-alang ang pang-ekonomya't pampulitikang krisis ng naghaharing sistema at ang di maiiwasang pagkadesperado ng mga taong nakapirmi na sa sistemang ito, tiyak na patatagalin ng rehimen ang pananatili ng base militar ng US, maliban kung magsasagawa ng pampulitika't diplomatikong preparasyon para sa mangyayaring kabaligtaran.

Walang malinaw na paraan para maresolba ng Pilipinas ang alanganing katayuan nito sa Malaysia tungkol sa pag-angkin sa Sabah, sa mga repyudying Moro sa Sabah at sa iba pa. Patuloy na pinupuri ng gubyerno ng Pilipinas ang kapayapaan at nyutralidad sa Timog-Silangang Asya, pero hindi mapagpasyang kumikilos para maging myembro ng kumperensya ng mga bayang walang kinikilingan sa pamamagitan ng pagpapawalambisa sa Kasunduan sa Base Militar at pagbabawal ng mga armas nukleyar sa mga base ng US sa Pilipinas.

Hindi makakaganap ang gubyerno ng Pilipinas ng kapuri-puring papel sa pakikibaka ng Ikatlong Daigdig para sa bagong internasyunal na kaayusan sa ekonomya at para sa kalayaan, katarungan, kaunlaran at kapayapaan hanggat patuloy na niyuyurakan ng imperyalismong US at lokal na mga reaksyunaryong uri ang sambayanang Pilipino at patuloy na itinatakda ang patakarang panlabas ng Pilipinas.

*Ikaanim na Lektyur*

## ANG BAGONG DEMOKRATIKONG KILUSAN

Nagaganap ang bagong demokratikong rebolusyon ng mamamayang Pilipino. Pagpapatuloy ito ng lumang demokratikong rebolusyon ng 1896 para sa pambansang pagpapalaya at demokrasya. Pero bagong tipo ito ng pambansa-demokratikong rebolusyon dahil pinamumunuan ito ngayon ng uring manggagawa, at isinasagawa ito sa isang bayang malakolonyal at malapyudal sa panahon ng modernong imperyalismo at pandaigdigang rebolusyong proletaryo-sosyalista.

Ang lumang tipo ng demokratikong rebolusyon ay pinamunuan ng burgesyang liberal at pinatnubayan ng teoryang burges-liberal na rebolusyonaryong ideolohiyang pinakaangkop sa kolonyal at pyudal na lipunang Pilipino noong katapusan ng ika-19 na siglo. Sa buong bansa, nagtagumpay ang rebolusyong iyon laban sa kolonyalismong Espanyol. Pero ang baya'y sinakop ng imperyalismong US, isang bagong tipo ng kapangyarihang kolonyal at ang nangyari'y hindi naunawaan ng burges-liberal na liderato ng rebolusyon.

Ang mundo'y dumaan sa transisyon mula sa panahon ng burges-kapitalistang rebolusyon tungo sa panahon ng proletaryo-sosyalistang rebolusyon. Kinailangan ni dakilang Lenin na paabutin ang Marxistang pagsusuri sa kapitalismo hanggang sa pagsusuri ng modernong imperyalismo at ipaliwanag ang mga kailangan ng rebolusyong panlipunan sa Silangan.

Sa malakolonyal at malapyudal na Pilipinas, ang uring manggagawa ay lumaki nang husto mula sa pagsibol nito noong katapusan ng ika-19 na siglo at naging pinakaabanteng pwersa sa produksyon at sa pulitika. Hindi lamang sila nagbuo ng mga unyon para sa pang-ekonomyang pakikibaka kundi nagbuo rin ng partido para sa rebolusyonaryong pakikibakang pampulitika noon pa mang 1930, nang itatag ang unang PKP. Ang partidong ito'y pinapatnubayan ng rebolusyonaryong teorya ng uring manggagawa, na Marxismo-Leninismo, at inilalapat ang teoryang ito sa kongkretong kalagayan ng rebolusyong Pilipino para makagawa ng praktikal na programa ng bagong demokratikong rebolusyon.

### *Ang Bagong Demokratikong Programa*

Sa bagong demokratikong programa, hindi lamang ang pagpapalaya sa uring manggagawa ang hinahangad kundi pati na ang pagpapalaya sa buong sambayanang Pilipino sa pang-aapi't pagsasamantala ng imperyalismong US at ng lokal na mga naghaharing uri tulad ng malaking burgesyang kumprador at panginoong maylupa.

Ang uring manggagawa, uring magsasaka, petiburgesya ng lunsod at pambansang burgesya ang bumubuo sa mga uri ng mamamayang Pilipino. Lahat sila'y may iisang

interes sa bagong demokratikong programa, na sa esensya'y ang rebolusyonaryong pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya at demokrasya laban sa imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Sa bagong demokratikong programa, malawak na sinasaklaw ang mga larangang tulad ng pulitika, ekonomya, kultura at ugnayang internasyunal.

Sa pulitika, ang pangunahing iginiigiit ay pambansang soberanya at malayang paggamit ng kalayaang sibil; sa ekonomya, ang pag-unlad sa pamamagitan ng pambansang industriyalisasyon at reporma sa lupa; sa kultura, ang pambansa, syentipiko at pangmasang kultura; at sa ugnayang internasyunal, ang nagsasariling patakarang panlabas.

Ang ultimong layuning pampulitika ng bagong demokratikong rebolusyon ay ang pagtatatag ng demokratikong estadong bayan na pinamumunuan ng uring manggagawa sa pamamagitan ng kanilang partido at nakabatay sa malawak na alyansa ng uring manggagawa, uring magsasaka, petiburgesya ng lunsod at pambansang burgesya.

Ang demokratikong estadong bayan ang papalit sa estadong neokolonyal at ganap na magpapatupad ng bagong demokratikong programa. Ihihinto na ng imperyalismong US at ng lokal na naghaharing uri ang pang-aapi't pagsasamantala sa mamamayan, laluna sa masang anakpawis na manggagawa't magsasaka. Pagkapanalo ng bagong demokratikong rebolusyon, bubuuin ang isang konstitusyon.

Sa katangia'y republikano ang demokratikong estadong bayan at tunay na kumakatawan sa iba't ibang pwersang makabayan at progresibo. Ang mamamayan ay nagtatamasa ng kalayaang sibil at naghahalal ng kanilang mga lider. Ang mga uring nagsasamantala ay hindi na hinahayaang magkubli sa mahirap maunawaang di makauring mga kalayaang indibidwal para mamonopolisa't mamanipula ang mga partidong pampulitika at mga eleksyon.

Ang pinakarespetadong mga pampulitikang organisasyon at mga lider ay iyong mapapatunayang naging pinakamatatag, pinakaepektibo't pinakamatapat sa mamamayan sa takbo ng bagong demokratikong rebolusyon. Dapat muling nabigyan ng oryentasyon at muling naorganisa ang burukrasyang sibil. At dapat napalitan na ng armadong pwersa ng bayan ang pangunahing sangkap ng estado, ang Armed Forces of the Philippines.

Pero syempre, walang diretsong daan sa ganap na tagumpay ng bagong demokratikong rebolusyon at sa ganap na pagkakamit ng bagong demokratikong programa.

Ang neokolonyal na estado ay ginagamit ng naghaharing uri at ng kanilang dayuhang amo para salakayin ang organisadong pwersa ng bagong demokratikong kilusan at ang buong mamamayang Pilipino at para balewalain ang mga bagong demokratikong iginigiit.

Ang neokolonyal na estado ay ginagamit para gawing iligal at supilin ang pinakamatatag at pinakaepektibong mga organisasyon at mga lider ng bagong demokratikong kilusan at sa gayo'y binigyang matwid ang digmang bayan na inilulunsad ng Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan at Pambansang

Nagkakaisang Prente.

Sa kabila ng brutal na esensya ng reaksyunaryong estado, may mga pampulitikang organisasyon at mga lider na nagpupunyagi sa ligal na pakikibaka para sa saligang reporma tungo sa pagkakamit ng pambansang pagpapalaya at demokrasya.

Kung tutuusin, ang pambansa-demokratikong kilusan ay hindi monopolyo ng mga armadong rebolusyonaryo. Malawak na kilusan ito ng masang anakpawis na manggagawa't magsasaka at ng panggitnang saray ng lipunan, ng mga pampulitikang pwersa sa Kaliwa at sa Gitna at ng mga rebolusyonaryong armado at di armado. Naglulunsad sila ng iba't ibang anyo ng rebolusyonaryong pakikibakang ligal at iligal.

Nasa uring manggagawa ang makauring pamumuno sa bagong demokratikong kilusan. Pero hindi ito sapat. Magiging hiwalay ito at walang saysay kung hindi palalakasin ng serye ng mga suporta: ang saligang alyansa ng uring manggagawa at uring magsasaka; ang kumbinasyon ng uring manggagawa at uring magsasaka at petiburgesya ng lunsod bilang batayang pwersa ng rebolusyon; at ang malawak na pambansang nagkakaisang prente ng mga batayang pwersang ito kasama ang pambansang burgesya.

Ang neokolonyal na estado ay kayang gapiin at Hindi talaga kasindak-sindak. Nabubulok na ito hanggang kaloob-looban. Ang krisis pampulitika at pang-ekonomya ng naghaharing sistema ay nagresulta sa 14 na taong pasistang diktadura at patuloy na lumalala at nagbibigay ng batayan para sa posibleng muling paglitaw ng pasistang diktadura sa kabila ng kasalukuyang demokratikong tendensya ng bagong rehimen.

Ang pagkawasak ng neokolonyal na estado ay Hindi lamang dahil sa paglakas at pagsulong ng mapanlipol na pwersa ng bagong demokratikong rebolusyon kundi dahil din sa sariling pagkalansag ng naghaharing sistema sa pamamagitan ng lumalalang mararahas na kontradiksyon ng mga paksyon sa loob ng naghaharing uri.

Sa gayon, dagdag sa pagtatatag ng malawak na pambansang nagkakaisang prente ng lahat ng makabayan at progresibong pwersa, sinasamantala ng rebolusyonaryong pwersa ang lumalalang mararahas na tunggalian sa loob ng naghaharing uri para maihiwalay at malansag ang kaaway.

### *Ang Digmang Bayan*

Ang Partido Komunista ng Pilipinas ay muling itinatag noong Disyembre 26, 1968 batay sa teoretikal na pundasyon ng Marxismo-Leninismo. Itinakwil at iwinasto ng kongreso ng muling pagtatatag ang mga pagkakamali ng pangkating Lava at Taruc-Sumulong sa lumang pinagsanib na partido ng Partido Komunista at Partido-Sosyalista ng Pilipinas at gumawa ng wastong pagsusuri sa kasaysayan ng Pilipinas at sa kasalukuyang kalagayan para maitakda ang mga rebolusyonaryong tungkulin.

Nagpatuloy ang PKP na muling patatagin ang sarili sa larangan ng ideolohiya, pulitika at organisasyon; at likhain at gamitin ang dalawang sandata nito, ang armadong pakikibaka at nagkakaisang prente. Noong Marso 29,1969, itinatag nito ang Bagong Hukbong Bayan at maingat na hinawan ang daan para sa organisasyong nagkakaisang prente, ang Pambansang Nagkakaisang Prente, na ang Panimulang

Komisyon ay itinatag noong Abril 24, 1973, pagkaraang ipataw batas militar at ang pasistang diktadura noong 1972.

Sa saklaw ng pambansang nagkakaisang prente, binuo ng PKP ang nagkakaisang prente ng kanayunan. Ang makauring linya sa kanayunan na dapat sundin ng uring manggagawa sa pamamagitan ng kanilang rebolusyonaryong partido ay ang umasa pangunahin sa maralitang magsasaka at manggagawang bukid, kabigin ang panggitnang magsasaka at nyutralisahin ang mayamang magsasaka at naliliwanagang panginoong maylupa para maihiwalay at mawasak ang kapangyarihan ng mga despotikong panginoong maylupa.

Mula umpisa, determinado ang PKP na maglunsad ng armadong pakikibaka, ng rebolusyong agraryo at magtatag ng baseng masa bilang mga integral na bahagi ng estratehiyang matagalang digmang bayan— kubkubin ang mga lunsod mula kanayunan at kinalauna'y umabante sa mga lunsod.

Ang BHB ay may 35 armas lamang at nasa ikalawang distrito ng Tarlac noong 1969. Mayroon lamang itong 350 malalakas na riple at nakakonsentra sa Isabela, pero nasa maliliit na erya ng 12 probinsya sa anim na rehiyon ng bayan nang mag-umpisa ang pasistang diktadura noong 1972.

Nitong 1986, ayon sa ulat ng mga dyaryo, umaabot sa libu-libo ang malalakas na riple ng BHB sa maraming larangang gerilya sa higit na nakakaraming probinsya ng Pilipinas. Nasa 63 probinsya na ngayon ang PKP

Ang pasistang diktadura ay Hindi lamang nabigo sa pagdurog sa PKP at BHB kundi nagpaalab pa sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Isa pa, ibinunsod ng tiranya na maglunsad ng armadong pakikibaka para sa pambansang pagpapasya-sa-sarili ang Moro National Liberation Front at mamamayang Moro.

Ang BHB ay nasa estratehikong depensiba pero naglulunsad ng mga taktikal na opensiba para makapagtipon ng lakas. Ang AFP ay nasa estratehikong opensiba at binibira sa mga tiyak na sandali at lugar, na BHB lamang ang antimanong nakakaalam. Ang mga pultaym na mandirigma ng BHB, sa iba't ibang pormasyon, ay nakakita at nakalikha ng mga pagkakataong makapag-ambus, makapagreyd at iba pang porma ng opensiba. Ang estratehikong pagkapatas ay nakikita na ngayon at ibinabatay sa natipong mga tagumpay.

Saanman pumunta ang BHB, sila'y minamahal nang husto at masiglang sinusuportahan ng masang magsasaka dahil nakapagpatupad sila ng pagpapababa ng upa sa lupa; nakapagtaboy ng mga mangangamkam ng lupa at nakapagparusa ng mga despotikong panginoong maylupa at masasamang elemento; nakapagpawi ng usura; nakapagsaayos ng makatarungang pasahod sa bukid at presyo ng mga produkto sa bukid; at nakatulong sa pagpapalaki ng produksyong pang-agrikultura.

Ang BHB ay Hindi pa muling namamahagi ng lupa sa mga magsasakang walang lupa nang walang bayad maliban sa mga eryang nagtatagumpay sila sa pagpapalayas sa mga despotikong panginoong maylupa at mga mangangamkam ng lupa o sa pagkukumbinsi sa mga panginoong maylupa na gamitin ng mga magsasaka't manggagawang bukid ang nakatiwangwang na lupa. Nakabatay sa armadong lakas ng BHB ang rebolusyong agraryo. Pinahahalagahan ng masang magsasaka ang

prinsipyong ito.

Ang BHB ay nagbibigay din ng prayoridad sa paggigiit ng mas mataas na sahod para sa mga manggagawa sa mga kapitalistang empresa sa kanayunan. Kahit kailan ay Hindi sinasagasaan ang interes ng mga manggagawa sa pamamagitan ng pagbubuwis ng mga kapitalista na hinahayaan ding magnegosyo sa makatarungan o kainamang tantos ng ganansya.

Habang umiiral pa ang neokolonyal na estado, ang PKP, BHB at NDF ay nagtatayo na ng demokratikong gubyernong bayan sa kanayunan. Ang relatibong pinakamatatag na mga organo ng demokratikong kapangyarihan ay ang mga komiteng rebolusyonaryo sa baryo na may mga komiteng sumusuporta sa pag-oorganisa, pagbibigay ng edukasyon, pagdedepensa, reporma sa lupa, pinansya, kabuhayan, kalusugan, arbitrasyon at iba pa.

Sumusuporta din sa mga organo ng demokratikong kapangyarihan ang mga organisasyong masa para sa mga manggagawa, magsasaka, kabataan, kababaihan, bata, aktibistang pangkultura at iba pa. Pangkalahatan at partikular ang mga tungkulin ng mga organisasyong masang ito. Ang mga myembrong may malusog na pangangatawan ay inoorganisa at sinasanay na milisyang bayan, ang malawak na reserba at suporta ng mga mandirigma ng BHB.

Ang mga atrasadong baryo ay pinauunlad ng bagong demokratikong rebolusyon para maging abanteng balwarte sa pulitika, ekonomya at kultura. Sa pagdami ng mga sonang gerilya, ang mga larangang gerilya ay dumami na't lumawak para saklawin ang mga poblasyon at bahagi ng mga lunsod ng probinsya.

Ang malaking problema ng mga naghaharing uri ay ang pangyayaring Hindi nila malutas ang krisis pampulitika at pang-ekonomya ng sarili nilang sistema at ang armadong kilusang rebolusyonaryo ay walang tigil na lumalakas at sumusulong.

### *Ang Ligal na Pakikibaka*

Makatarungan ang simulain ng bagong demokratikong rebolusyon. Ito ang simulain ng buong sambayanang Pilipino. Ito'y ligal na maitataguyod at maisasagawa ng kahit anong makabayan at progresibong entidad— isang partido, organisasyon o indibidwal—nang Hindi nagiging komunista.

Katangian ng mga reaksyunaryo na magkamaling tugunan ng karahasan ang bagong demokratikong simulain. Salungat sa katangian ng kanilang uri bilang malaking kumprador at panginoong maylupa na unahan ang mga komunista sa pamamagitan ng pagtataguyod sa bagong demokratikong simulain o tugunan ang saligang iginigiit ng bagong demokratikong kilusan. At ang malaking problema nila ay kung paano paghihiwalayin ang mga proletaryong rebolusyonaryo at mga progresibong liberal na demokrata. Ang dalawang ito'y pinagbubuklod ng makatarungang simulain ng bagong demokratikong rebolusyon.

Sa gayon, ang mga reaksyunaryo ay Hindi makapanupil ng mga ligal na pwersa ng bagong demokratikong kilusan. Kahit ang pasistang diktadura ay Hindi rin makapanupil. Sumulong pa nga ang ligal na pakikibaka ng bagong demokratikong

kilusan dahil sa mapanupil na rehimen, kahit pa nga sa unang dalawang taon ng paghahari ng batas militar nito ay parang matagumpay nitong nasupil ang kilusan.

Isa sa malalaking kabiguan ng lideratong maka-Lava sa rebolusyonaryong kilusan pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay ang kabiguan nitong buhayin muli ang ligal na kilusang masa sa kalunsuran pagkaraan ng 1950. Kahit pagkaraan ng pagdidisisyong pumapabor sa parlamentaryong pakikibaka bilang pangunahing anyo

ng pakikibaka at pag-uutos na gawing mga brigadang pang-organisasyon ang mga natitirang yunit ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan noong kalagitnaan ng dekada '50, na Hindi nangyari, ang mga maka-Lava ay bigung-bigo na makapaglunsad ng mga militanteng anyo ng ligal na pakikibaka sa kalunsuran.

Noon lamang Marso 15, 1961 naidaos ang unang aksyong masang anti-imperyalista at para sa kalayaang sibil. Limang libong estudyante ng UP, kasama ang ilang propesor na inorganisa ng Student Cultural Association of the University of the Philippines at ang Inter-Fraternity and Sorority Council, ang lumusob sa Kongreso ng Pilipinas para magprotesta sa lantarang pag-iimbistiga ng Committee on Anti-Filipino Activities (CAFA) sa ilang mga taga-UP dahil sa ilang isinulat na artikulo at iba pang mga aktibidad na lumalabag daw sa Batas Anti-Subersyon.

May idinaos na mas maliliit na rali noong 1962 hanggang 1964 na alinsunod sa bagong demokratikong linya. Ang mga ito'y nalampasan ng militanteng rali ng tatlong libong manggagawa't estudyante sa Palasyo ng Malakanyang laban sa Susog Pariti at Kasunduang Laurel-Langley.

Pero pagkaraang mabuo ang progresibong mga grupo sa pag-aaral ng mga kilusang unyon at ng maraming unibersidad at mga kolehiyo at maitatatag ang Kabataang Makabayan (KM) noong Nobyembre 30, 1964, ang militanteng ligal na pakikibaka ng bagong demokratikong kilusan ay sumulong nang mabilis para gawing ibang-iba sa dekada '50 ang dekada '60 sa punto ng pagsusulong ng kilusang anti-imperyalista at antipyudal.

Pinangunahan ng KM ang mga demonstrasyon na bawat isa'y nilahukan ng lampas sa 10,000 at nilahukan ng asosasyon ng mga magsasaka, ng Partido Sosyalista ng Pilipinas at ng Movement for the Advancement of Nationalism.

Ang mga martsa at rali ay madulang manipestasyon ng matatag na pang-ideolohiya, pampulitika't pang-organisasyong gawain ng mga proletaryong rebolusyonaryo na sa kalauna'y nagtakwil sa mga maka-Lava noong 1967.

Ang wala pang kapantay na mga militante't malaking aksyong masa ng Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970 ay resulta ng lumalalang krisis ng naghaharing sistema at ng paglitaw ng bagong demokratikong kilusan mula noong dekada '60. Ang ligal na pakikibaka ng bagong demokratikong kilusan ay sumulong hanggang sa ipataw sa bayan ang batas militar noong 1972. Gayunman, noong katapusan ng 1974, may mga hakbang na sa pagtatayo ng bagong ligal na mga organisasyon sa iba't ibang sektor para itaguyod ang interes ng mamamayan at itakwil ang mga paglabag sa karapatang pantao.

Nawasak ang parang di malabanang impluwensya ng pasistang diktadura sa mga lunsod nang sumiklab sa La Tondena ang kilusang welga ng mga manggagawa noong

1975 at lumaganap sa 300 pabrika at iba pang lugar ng paggawa sa buong Pilipinas. Naging hudyat iyon sa iba pang manggagawa, maralita ng tagalunsod at estudyante at lumahok sila sa demonstrasyon para labanan ang pasistang diktadura.

Dapat sana'y naging hudyat ang *noise barrage* na lumaganap sa Metro Manila pagkaraan ng eleksyon sa Interim Batasang Pambansa ng 1978 para magtagumpay na ang bagong demokratikong kilusan sa natitirang mga taon ng dekada '70. Pero Hindi lubos na nasamantala ang mga pagkakataon para maisulong ang ligal na pakikibaka ng bagong demokratikong kilusan.

Gayunman, lumitaw noong unang mga taon ng dekada '80 ang mga bagong demokratikong organisasyon at koalisyon sa iba't ibang sektor. Naging mas madalas at mas malakas ang mga pagtuligsa at demonstrasyon laban sa pasistang diktadurang rehimen ng pangkating US-Marcos. Nagkaroon din ng dramatikong mga pagsulong ang digmang bayan.

Ang napakarahas na asasinasyon kay Benigno Aquino, Jr. ang nagpasiklab sa napakalaking kilusang masa mula noong 1983 hanggang 1986, hanggang sa pag-aalsang militar at pag-aalsang bayan noong Pebrero 22-25, 1986 na nagbigay-wakas sa pasistang diktadurang Marcos na sinuhayan ng US. Itinulak ng kahiya-hiyang pandaraya sa eleksyon at terorismo sa "snap election" noong 1986 na magtipon ang lahat ng pwersa sa kaliwa ni Marcos at ibagsak siya.

Ang matagalang pakikibaka ng pambansa-demokratikong kilusan ang' sumira at nagpahina sa pasistang diktadura ng pangkating US-Marcos. At ang US at lokal na reaksyunaryo sa labas ng pangkating Marcos ay takut na takot sa mabilis na pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan kung magtatagal pa sa kapangyarihan si Marcos. Kaya nagdisisyon silang hayaan siyang bumagsak kahit nakilahok sa mga pangyayari noong Pebrero ang mga pwersa ng bagong demokratikong kilusan.

Mula 1980 hanggang sa pagbagsak ni Marcos, ang krisis pang-ekonomya at pampulitika ng naghaharing sistema ay nagresulta sa malalang diskuntento at kaguluhan sa lipunan. Kahit naibagsak na si Marcos, nagpapatuloy ang krisis ng naghaharing sistema at nilulubos ng demokratikong pakikibaka ng bayan ang paglalansag sa mga isrruktura ng pasistang diktadura at itinataguyod ang linyang anti-imperyalista at antipyudal.

*Ikapitong Lektyur*

## PAG-UNLAD NG EKONOMYA

Ang Pilipinas ay may mabilis na lumalaking lakas-paggawa at may komprehensibo't mayamang base ng likas na yamang kinabibilangan ng matabang lupa, kagubatan, karagatan at halos lahat ng mineral na esensyal sa industriyalisasyon. Hindi mapag-aalinlanganan na ang modernong ekonomyang pang-industriya ay maitatatag batay sa hilaw na materyales na nasa bayan.

Ang mga pwersa sa produksyon ay nahihirapan na sa malapyudal na relasyon sa produksyon. Pero bukod sa paggamit ng pamamaraang pang-ekonomya para mapigil ang pag-unlad ng produktibong pwersa, ang monopolyong kapitalismong US at lokal na mga reaksyunaryong uring malaking kumprador at panginoong maylupa ay gumagamit ng kapangyarihan ng neokolonyal na estado para panatilihing nasa pinakamababang antas ng pamumuhay ang mamamayan.

Imposible ang pag-unlad ng ekonomya ng Pilipinas kung Hindi igigiit at gagamitin ang soberanong kapasyahan ng mamamayang Pilipino laban sa US at lokal na uring nagsasamantala. Bawat mahalagang hakbang para malagot ang malakolonyal at malapyudal na tanikala sa mga pwersa ng produksyon ay kaugnay ng paggigiit ng soberanong kagustuhang iyon.

Ang ibig nating sabihin sa pag-unlad ng ekonomya ay planado at balanseng-balanseng pag-unlad ng industriya at agrikultura—na pambansang industriyalisasyon ang pangunahing salik at isang agrikulturang nakikinabang sa tunay na reporma sa lupa bilang batayan ng pag-unlad.

### *Ang Pagsasabansa ng Ekonomya*

Ang pagsasabansa ng ekonomya ang pinakapaborableng kundisyon sa pag-unlad ng ekonomya. Dito'y ginagamit ang pampulitika at pang-ekonomyang soberanya ng bansang Pilipinas at ang pagpapalaya ng ekonomya sa pagkakasakmal ng monopolyong kapitalismong US.

Ang patakaran sa ekonomya ay Hindi na dapat idinidikta ng mga ahensya ng US, mga kumpanya't bangkong transnasyunal o sa pamamagitan ng gayong multilateral na mga ahensyang kontrolado ng US tulad ng IMF at World Bank kundi dapat dinidisisyunan ng mamamayang Pilpino mismo sa pamamagitan ng kanilang mga makabayang lider at mga gumagawa ng patakaran at nagpaplano ng ekonomya.

Dapat mapawalambisa ang mga di pantay na kasunduan at batas na nagbibigay ng ekstraordinaryong mga pribilehiyo sa mga mamumuhunan ng US. Dapat protektahan ang pambansang patrimonya. Dapat kontrolin ng demokratikong estado ng bayan ang mga estratehikong industriya, mga pangunahing pinagkukunan ng hilaw na materyales at mga pangunahing daluyan ng distribusyon.

Ang mga negosyanteng Pilipino ay dapat bigyan ng kailangang mga insentib at suporta sa larangan ng ekonomya kung saan produktibo ang pribadong inisyatiba sa pamamagitan ng solong pagmamay-ari ng negosyo, sosyohan, kooperatiba, pribadong korporasyon at pakikisosyo sa estado.

Dapat bigyan ng kalayaan ang pagsisikap sa ekonomya ng estado at ng negosyanteng Pilipino sa halip na hayaang kontrolin ng mga dayuhang mamumuhunan at mga ahente nila ang lokal na paraan ng produksyon at pagkonsumo at ilabas sa bansa ang superganansya.

Dapat wakasan ang dominasyon ng US at ng iba pang kumpanya't bangkong transnasyunal at ng multilateral na ahensyang pampinansya na kontrolado ng US. Kung sakaling salakayin o iblokeyo ng mga ito ang ekonomya, maaaring agad na isabansa o hawakan ang propyedad ng di mapagkaibigang mga korporasyon na pag-aari ng mananalakay na bayan. Kung Hindi ganoon ang mangyayari, ang mga kasunduan sa ekspropriyasyon ay mapayapang maaayos sa pamamagitan ng negosasyon.

Dapat isabansa ang propyedad ng mga burukratang kapitalista at iba pang traydor. Gayunman, ang malalaking kumprador na walang rekord ng pagtataksil ay maaaring payagang gawing kapital na pang-industriya ang kanilang kapital sa pangangalakal pero Hindi sila papayagang kontrolin ang sistema ng ekonomya at pinansya. Isasailalim sa reporma sa lupa ang lupaing pang'agrikultura ng uring panginoong maylupa.

Ang pagsasabansa ng propyedad ng dayuhan at lokal na mga mapagsamantala ay nangangahulugan ng pagpapalaya sa rnga pwersa ng produksyon at pagpapaunlad sa industriya at agrikultura. Dapat kilalanin na atrasado pa rin ang produktibong propyedad sa isang malapyudal na ekonomya at dapat manguna sa paglalatag ng pundasyon ng modernong industriya ang demokratikong estadong bayan.

***Ang Pambansang industriyalisasyon***

Ang pambansang industriyalisasyon ang pangunahing magpapaandar sa tunay na pag-unlad ng ekonomya. Kung walang pambansang industriyalisasyon, hindi makakaahon sa putikan ng pagiging atrasado sa agraryo at Hindi magagamit ang papalaking sobrang lakas-paggawa.

Dapat palawakin ang produksyon ng hilaw na materyales pangunahin para sa lokal na pagpoproseso sa bayan. Dapat magtayo ng mga industriya para makagawa ng batayang metal, batayang kimikal, mga produktong ginagamit sa produksyon, mga *precision instrument* at iba pang katulad nito.

Dapat komprehensibong isagawa sa bayan ang una, ikalawa, at ikatlong yugto ng produksyong industriyal. Ang paglilimita ng produksyon sa pangunahing kalakal na pang-eksport tulad ng mga produktong agrikulrural at mineral ay pagpigil sa paglaya ng bayan mula sa ekonomyang atrasado, agraryo at malapyudal.

Kailangan ang mabibigat na industriya. Pero dapat iwasan ang sobrang konsentrasyon ng puhunan sa mabibigat na industriya. Dapat mabilis na palawakin ang magaang na industriya o pagmamanupaktura para sa kagyat na pangkonsumo ng mga tao. Pinag-uugnay nito ang mabibigat na industriya at ang agrikultura.

Ang kasalukuyang mga empresa sa pagmamanupaktura na umaasa sa pag-iimport, *import substitution* man o nakatuon sa pag-eeksport ay maaaring iasa, hanggat

kakayanin, sa industriyang Pilipino para sa kagamitang kapital, bahagyang pinrosesong mga sangkap at hilaw na materyales at maaaring palawakin bilang bahagi ng pag-unlad ng magaang na industriya.

Matapos isaalang-alang ang mga kailangan ng bayan at ng ekonomya, ang sarplas sa produksyong agrikultural, mineral at industriyal ay pwedeng ieksport kapalit ng produktong kapital at esensyal na produktong pangkonsumo na Hindi pa ginagawa o Hindi pwedeng gawin sa bayan. Ang pangunahing diin ay ang makakuha ng produktong kapital na makakatulong sa pambansang industriyalisasyon.

Para madagdagan ang naiipon ng bayan para sa pamumuhunan sa industriya, dapat mangutang para sa industriyalisasyon. Ang mga bagong plantang industriyal ay pwedeng bayaran nang hulugan na ang kabayara'y isang bahagi ng taunang produkto *o* kita.

Lahat ng Pilipinong may kasanayang pangmanidyer, kasanayang syentipiko at kasanayang teknikal ay dapat hikayating lumahok sa pambansang industriyalisasyon. Pwedeng paramihin ang kanilang hanay sa pamamagitan ng pagpapalaki sa bilang ng mga tinatanggap sa mga eskwelahang syentipiko, pang-inhinyeriya at bokeysyunal-teknikal.

Pwedeng tanggapin ang mga dayuhang eksperto batay sa programang palitan ng mga eksperto o upahan kaugnay ng pagpasok ng mga bagong kasangkapan at teknolohiya. Pero dapat pumalit ang mga ekspertong Pilipino sa lalong madaling panahon.

### *Ang Tunay na Reporma sa Lupa*

Winawakasan ng tunay na reporma sa lupa ang pyudal na pagmamay-ari ng lupa at ang lahat ng anyo ng pagsasamantalang pyudal at malapyudal. Hindi lamang nito pinalalaya sa ekonomya ang karamihan ng mamamayan na magsasaka kundi pinalalaya rin sa pulitika. Ito'y nagbubunsod ng esensya ng demokrasya.

Ang susing hakbang sa tunay na reporma sa lupa ay ang libreng pamamahagi ng lupa sa mga magsasakang walang lupa, pati na sa maralita at nakakababang-panggitnang magsasaka. May sapat na lupang maipapamahagi kayat makakaasa-sa-sarili ang bawat sambahayang magsasaka.

Pwedeng ipamahagi nang libre sa mga magsasakang walang lupa ang lupang sinasaka ng kasama, lupang iligal na nakuha, lupang inilit ng mga bangko ng estado, lupang nakatiwangwang o sobrang bahagi ng lupang para sa pananim na pang-eksport, lupaing publiko na kunwari'y inuupahang maging pastulan, taniman ng puno, atbp., at lupang pinagtotrosohan na angkop sa agrikultura.

Sa reporma sa lupa, ang pira-pirasong pagmamay-ari ng lupa ay hindi lumilihis sa malakihang produksyon. Dapat hakbang-hakbang na magtayo ng mga kooperatiba para mapahusay ang produksyon, pagsasapamilihan at iba pang katulad nito.

Integral sa programa sa pamamahagi ng lupa ang pagkakaroon ng mga probisyon para sa pagpapautang na mababa ang interes, tulong na teknikal, patubig at iba pang pasilidad sa agrikultura; abonong organiko at kemikal; mababang presyo ng

kasangkapan sa sakahan, *feeder road* at iba pang katulad nito. Matutulungan ng mga asosasyon at kooperatiba ng mga magsasaka ang kanilang sarili at makakatanggap din sila ng nararapat na tulong mula sa estado.

Inalis ng reporma sa lupa ang pagkakasakmal ng uring panginoong maylupa sa sarplas na produkto. Sa pagkakaroon ng masang magsasaka ng kakayahang bumili nang mas marami, lalong lumalawak ang lokal na pamilihan para sa pambansang industriya. Habang sumusulong ang pambansang industriyalisasyon, pinalalaki ng masang magsasaka ang produksyong 'agrikultural ng pagkain at hilaw na materyales na kailangan sa industriya.

Nagtutulungan at nag-iimpluwensyahan ang tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. Imposibleng umiral ang isa kung wala ang isa. Hindi makakawala sa malapyudal na ekonomya ang reporma sa lupa kung walang pambansang industriyalisasyon. Hindi matatamo ang pambansang industriyalisasyon kung walang reporma sa lupa dahil Hindi ito makakatipon ng kapital at wala itong malawak na pamilihang lokal.

Winawakasan ng tunay na reporma sa lupa ang pagdaloy ng sarplas na produkto mula sa mga magsasaka at manggagawang bukid sa pamamagitan ng parasitikong uring panginoong maylupa patungo sa malaking burgesyang kumprador at sa huli'y patungo sa mga korporasyong transnasyunal ng US; at pinasisimulan nito ang pagdaloy ng sarplas na produkto mula sa mga magsasaka patungo sa pambansang industriya.

Katumbas nito, ang pambansang industriya ang nagsusuplay ng mga produkto sa mga magsasaka para sa produksyon at pangkonsumo at kumukuha ng sarplas na lakas-paggawa sa kanayunan na nililikha ng mekanisasyon ng agrikultura at paglaki ng produksyon.

### *Ang Pagpaplano sa Ekonomya*

Kailangan ang pagpaplano sa ekonomya para makamit ang mabilis pero balanseng-balanseng pag-unlad mula sa atrasadong antas ng ekonomya at teknolohiya ng malapyudal na ekonomya. Ang umasa sa mga bulag na pwersa ng pamilihan ay hindi lamang pagbansot at pagpayag na maging tagibang ang pag-unlad ng ekonomya kundi pagpapanatili ring bulnerable sa dikta ng mga korporasyong transnasyunal ng US at lokal na mga mapagsamantala.

Kailangan ang mabigat na industriya para mailatag ang pundasyon ng pambansang industriyalisasyon. Pero ang masyadong mabilis na pamumuhunan sa mabigat na industriya hanggang sa puntong napapabayaan ang magaang industriya ay pagkabigo sa magkasabay na akumulasyon ng kapital at sa pagtugon sa kagyat na pangangailangan ng buong mamamayan, laluna ng masang magsasaka.

Kailangang balansyado ang pag-unlad ng mabigat na industriya, magaang na industriya at agrikultura. Sa pamamagitan lamang ng pagpaplano ng ekonomya wastong maitatakda ang mga proporsyon.

Kailangang may planado ring pag-unlad ng ekonomyn sa iba't ibang rehiyon.

Walang isa mang rebiyon ang dapat magpatuloy na magmonopolisa ng kasaganaan sa pag-unlad ng industriya.

Kailangang magkaroon ng pantay na pang-ekonomyang ugnayan sa isa't isa ang mga lugar ng industriya, mga pinagkukunan ng hilaw na materyales at pamilihan. Ang pagkiling sa eksport ay dapat palitan ng oryentasyon sa pagpoproseso at pagsasapamilihan ng mga yaring produkto pangunahin sa bayan.

Ang ilang erya ng ekonomya ay pinakamahusay na mailalaan sa pangangasiwa at mga pamumuhunan ng estado, mga sosyohan ng estado at mga pribado, pribadong korporasyon, kooperatiba at indibidwal na maliliit na prodyuser ng kalakal.

***Ang Panlabas na Relasyon sa Ekonomya***

Ang natipong dayuhang utang ng Pilipinas ay naging malaking-malaki at dumating sa puntong hinding-hindi na mababayaran o Hindi mababayaran kahit man lamang ang interes maliban kung uutang uli. Malamang na sa kalaunan, ipawawalambisa ng baon sa utang na mga bayan sa Ikatlong Daiddig tulad ng Pilipinas ang kanilang dayuhang utang o basta na lamang di magbabayad ng interes.

Sa paghahanda sa boluntaryong pagwewelga ng nangutang o di boluntaryong pagpalya, ang Pilipinas ay dapat magpalawak at magpaunlad ng pang-ekonomyang pakikipag-ugnayan nito sa mga sosyalistang bayan, sa mga bayan sa Ikatlong Daigdig at mas maliliit na kapitalistang bayan para hindi epektibong matigil ang pagsusuplay ng US sa bayan at hindi epektibong makakagawa ng hakbang para maghiganti.

Pwedeng ipagpatuloy ang palitan ng kalakal para maidispatsa ng Pilipnas ang hilaw na materyales nito na pang-eksport at kapalit nito'y mga produktong ginagamit sa produksyon at esensyal na mga produktong pangkonsumo.

Pwode ring mangutang ang Pilipinas sa dayuhan para sa pagpapaunlad ng ekonomya, laluna sa mga sosyalistang bayan. Ang bagong mga plantang pang-industriya ay pwedeng bayaran sa pamamagitan ng bahagi ng kanilang taunang produkto o kita.

Kapag dumating ang panahon na mayroon nang demokratikong estadong bayan na matatag na nagpapatupad ng patakaran ng pambansang industriyalisasyon, ang mga sosyalistang bayan at relatibong abanteng bayan sa Ikatlong Daigdig ay makakatamo na ng mas mataas na antas ng pag-unlad at malalagay na sa pusisyong makakapagbigay ng mas maraming pautang na pangkalakal at pang-industriya sa Pilipinas. Pero syempre, ang mga ito'y pandagdag lamang sa umaasa-sa-sariling pagsisikap ng mamamayang Pilipino sa pagpapaunlad ng ekonomya.

## ISANG PAMBANSA, SYENTIPIKO AT PANGMASANG KULTURA

Para matupad ang bagong demokratikong rebolusyon ng mamamayang Pilipino, na komprehensibong rebolusyong panlipunan, hindi lamang kailangang magrebolusyon sa mga larangan ng ekonomya at pulitika kundi pati sa larangan ng kultura.

Kung hindi ganoon ang gagawin, magagamit ng US at lokal na mga reaksyunaryong uri ang kanilang pangkulturang institusyon at impluwensya para kontrolin nang walang tigil ang puso't isip ng mamamayan at padaliin sa bawat larangan ang kontrarebolusyon.

Hanggang noong matapos ang dekada '50, ang pagtatangkang ipagpatuloy ang pambansa-demokratikong rebolusyon ay isang malungkot na kabiguan dahil ang isa sa mga esensyal na sanhi ay ang kabiguan ng rebolusyonaryong partido na ilunsad ang bagong demokratikong rebolusyong pangkultura.

Ang masiglang pang-ideolohiya at iba pang pangkulturang gawain ng mga proletaryong rebolusyonaryo noong dekada '60 ang naghatid sa bagong demokratikong rebolusyong pangkultura na sumiklab noong 1970-72 umpisa sa Sigwa ng unang Kwarto ng 1970. Ang rebolusyong pangkulturang ito ay nakatulong nang malaki sa pagsusulong ng bagong demokratikong rebolusyon.

### *Ang Bagong Demokratikong Rebolusyong Pangkultura*

Alinsunod sa prinsipyong walang rebolusyonaryong kilusan kung walang rebolusyonaryong teorya, lumahok sa pang-ideolohiyang gawain ang mga proletaryong rebolusyonaryo sa kabila ng mga peligro ng Batas Anti-Subersyon.

Kasama sa pang-ideolohiyang gawain ang pag-aaral ng mga akdang klasikal ng Marxismo-Leninismo, mga kontemporaryong akda ng matatagumpay na proletaryong rebolusyonaryo sa ibang bayan at mga sulatin ng mga rebolusyonaryong Pilipino. Kinailangang isama ang pag-aaral ng kasaysayan at ng mga pangyayari sa Pilipinas na may matamang atensyon sa saligang problemang panlipunan ng mamamayang Pilipino at ng rebolusyonaryong kilusang Pilipino mula 1896 hanggang dekada '50.

Ang punto'y pagsamahin ang rebolusyonaryong teorya ng talibang uri't partido at ang kongkretong praktika ng rebolusyong Pilipino. Ang pang-ideolohiyang gawain ay nagresulta ng muling pagtatatag ng  Partido Komunista ng Pilipinas, sa teoretikong patnubay ng  Marxismo-Leninismo at ng saligang programa ng demokratikong rebolu.syong bayan.

Ang ginawa ng mga proletaryong rebolusyonaryo ay hindi naiiba sa ginawa ng mga prinsipal na lider ng Katipunan at rebolusyong Pilipino sa pagsasama ng mga prinsipyo ng rebolusyonaryong demokrasyang liberal at kongkretong kalagayan ng Pilipinas.

Ang nangingibabaw na kulturang maka-imperyalista at pyudal ay hinamon ng mga proletaryong rebolusyonaryo sa tatlong paraan: pinagtibay ang Marxismo-Leninismo bilang teoretikong patnubay; ginamit ito sa kalagayan ng Pilipinas sa pamamagitan ng programa ng demokratikong rebolusyon ng bayan; at itinaguyod ang isang pambansa,

syentipiko at pangmasang kultura.

Di nagtagal, sumiklab ang bagong demokratikong rebolusyong pangkultura. Isinagawa ito sa porma ng malalaking rali at martsa, malawakang *teach-in* at grupong talakayan, masiglang pagtataguyod ng pambansang wika, pamumulaklak ng sining at literaturang protesta, reoryentasyon ng panlipunang pananaliksik at pagtuturo ng syensya sa hanay ng maraming guro at estudyante. Ang lahat ng ito'y isinagawa alinsunod sa bagong demokratikong linya.

Umalingawngaw ang popular na panawagan para sa isang pambansa, syentipiko at pangmasang kultura. Nanguna sa bagong demokratikong rebolusyong pangkultura ang mga estudyante, lider-manggagawa, guro at iba pang propesyunal. Nagbuo sila ng mga organisasyon sa Maynila-Rizal at iba pang lunsod para itaguyod ang bagong demokratikong rebolusyon at likhain ang bagong demokratikong kultura.

At noon din, pinalakas ng mga proletaryong rebolusyonaryong nasa kanayunan ang kanilang gawaing pang-ideolohiya ar itinaguyod ang bagong demokratikong kultura. Sa katunayan, lumahok sila sa pag-aaral na teoretiko at pampulitika, pero masigasig din silang nagtatag ng mga organisasyong pangkultura sa kanayunan.

Maaaring ipagpalagay na ang mga proletaryong rebolusyonaryo ay sumulong sa kanilang gawaing pang-ideolohiya't iba pang gawaing pangkultura tulad ng pagsulong nila sa iba pang aspeto ng gawaing rebolusyonaryo sa kabila ng hirap ng buhay-at-kamatayang pakikibaka sa pagitan ng rebolusyon at kontrarebolusyon.

Ang pag-usapan ang demokratikong rebolusyong pangkultura na nagtataguyod at lumilikha ng pambansa, syentipiko at pangmasang kultura ay pagpapatibay nga ng mabungang aktibismo ng mga proletaryong rebolusyonaryo sa pang-ideolohiya't iba pang pangkulturang gawain.

Pero ang mga progresibong liberal na demokrata ay nagbigay din ng makabuluhang kontribusyon sa paghahanda at pagsasagawa ng bagong demokratikong rebolusyong pangkultura. Mahusay ang paggunita nila sa rebolusyonaryong diwa ng 1896, paglahok sa pakikibakang anti-imperyalista at antipyudal, paglaban sa reaksyunaryong katangian ng dominanteng simbahan at pagtatanggol ng mga kalayaang sibil.

Ang mga progresibong liberal na demokrata ay makakapagbigay ng mas malaking kontribusyon sa bawat pangunahing aspeto ng bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan lamang ng pakikipagkaisa sa mga proletaryong rebolusyonaryo. Ang mga proletaryong rebolusyonaryo at progresibong liberal na demokrata ay kumikilala na kapag magkasama'y mananalo sila sa bagong demokratikong rebolusyon at makakalikha ng pambansa, syentipiko at pangmasang kultura.

Sa tindi ng epekto ng bagong demokratikong rebolusyong pangkultura, na nakaimpluwensya sa maraming kabataang nakapag-aral, marami-raming propesor at iba pang propesyunal na nakakuha ng karagdagang pag-aaral sa eskwelahan sa US at reaksyunaryong eskwelahan dito, at kahit mga pari at madre ng dominanteng simbahan ay kumilala sa pangangailangan para sa pambansa, syentipiko at pangmasang kultura.

Ang bagong demokratikong rebolusyong pangkultura ay lumilikha ng sarili nitong mga organisasyon at paraan at kasabay nito'y pumapasok at nakikibahagi sa mga

institusyong pangkultura at mga proseso na dati'y ginamit para dominahan ang mamamayan

*Ang Aspetong Pambansa*

Ang bagong demokratikong kultura ay may pambansang katangian. Itinataguyod nito, ipinagtatanggol at tinatangkilik ang pambansang soberanya at kasarinlan ng sambayanang Pilipino. Ipinagdiriwang nito ang rebolusyonaryong pakikibaka at mga natamo ng bansang Pilipinas. Binibigyang inspirasyon nito ang bansa para makamit ang mithiin at matamo ang mas malalaking tagumpay.

Pinapawi ng bagong demokratikong kultura ang kolonyal na mentalidad at nilalabanan ang bawat pangkulturang agresyon ng US. Pinagyayaman nito ang patriyotismo, respeto sa sarili at pag-asa-sa-sarili ng bansa. Pero kahit kailan ay handa nitong matutunan at tanggapin ang mga bagay mula sa ibayong dagat na kapaki-pakinabang sa bansa.

Pinangangalagaan nito at pinapahalagahan ang pambansang pamanang pangkultura mula pa noong panahong natuklasan ang mga ito. Hinahangad nitong matuto sa nakaraan para makapagsilbi sa kasalukuyan nang hindi napipinsala ang hinaharap.

Itinataguyod nito ang paggamit ng pambansang wika bilang prinsipal na midyum ng upisyal na komunikasyon, edukasyon at impormasyon. Ito'y para mapabilis ang pagkakaunawaan ng buong bansa. Dapat magwakas ang pangingibabaw ng Ingles bagamat maaaring manatiling prinsipal na lenggwahe ito para sa pakikipag-ugnayan sa ibang bansa.

Samantalang nagmamantini at nagpapaunlad ng modernong bansang estado, niyayakap, nirerespeto at itinataguyod ng bagong demokratikong kultura ang mga lokal na lenggwahe at kultura, laluna ang mga lenggwahe at kultura ng pambansang minorya na nagrerebelde dahil sa sobinismo at diskriminasyong Pilipino. Ang pagiging marami ng mga lenggwahe't kulturang ito ang nagpapayaman sa kulturang Pilipino.

Dapat tapusin ang kontrol ng US sa patakaran sa edukasyon at kultura ng Pilipinas sa pamamagitan ng direktang upisyal at di upisyal na mga instrumento at hindi direktang instrumento tulad ng World Bank. Hindi dapat magresulta ang dayuhang ayuda na pang-edukasyon sa kontrol nito sa mga patakaran sa edukasyon, pagpupwesto ng mga istap, pagbibigay ng grant para sa iskolarsyip at pananaliksik, konstruksyon ng mga pasilidad, pagkuha ng mga materyales at nilalaman at produksyon ng teksbuk.

Ang mga patakaran sa edukasyon, kurso ng pag-aaral at mga teksbuk (laluna sa syensyang panlipunan at luananities) ay dapat gawin ng mga Pilipinong guro lipos ng pambansang diwa at makabayang ideya ng bagong demokratikong kultura. Dapat hikayatin at bayaran nang sapat ang mga manunulat ng teksbuk.

Kapag nakakapagpabulo'k ng isip, dapat pagbayarin ng malaking buwis o kaya'y ipagbawal ang lahat ng imported na materyales na pangkultura tulad ng mga pelikula, programa sa telebisyon, libro at babasahin at iba pang tulad nito pati na ang mga

pangkulturang pagtatanghal na hindi nakakatulong sa pagsusulong ng kultura ng Pilipinas.

Ang mga Pilipinong manunulat at artista at mga produksyong pangkultura ay dapat bigyan ng grant at iba pang insentib sa pamamagitan ng kanilang mga organisasyon at hindi dapat papagbayarin ng buwis. Dapat nilang ikabuhay ang gawaing pangkultura sa halip na umasa sa iba pang hanapbuhay.

Wala kahit anong dayuhang entidad ang dapat magmay-ari ng anumang pangunahing midyum ng komunikasyon, edukasyon o impormasyon. Ipagbabawal ang propagandang pampulitika ng alinmang dayuhang entidad. Hihigpitan ang superbisyon at kontrol ng komersyal na anunsyo ng US at iba pang korporasyong transnasyunal.

### *Ang Aspetong Syentipiko*

Ang bagong demokratikong kultura ay may aspetong syentipiko. Itinataguyod nito ang syentipikong pananaw ar metodolohiya. Nilalabanan nito ang maka-imperyalista at reaksyunaryong mga ideya ng pyudal na metapisika at suhetibismong burges.

Pero Hindi ito nagsasayang ng panahon sa publiko sa mga debateng panteolohiya at pampilosopiya. Nirerespeto nito ang kalayaan sa kaisipan at paniniwala. Ar hinahangad nito ang nagkakaisang prente at praktikal na kooperasyon ng lahat ng syentipiko, inhinyero at teknolodyist para sa pang-industriya't lahatang-panig na pag-unlad ng inang bayan, diyalektikong materyalista man sila, empirisistang burges o mga naniniwala sa bathala.

Itinataguyod ang syensya at teknolohiya sa malinaw na layuning paunlarin ang bayan sa industriya at ekonomya. Mabilis na palalawakin ang hanay ng mga syentipiko, inhinyero at iba pang teknolodyist.

Mapanlikha at produktibong gagamitin ang kanilang kasanayang syentipiko at teknikal. Hindi malilimitahan ang kanilang prayoridad sa paghahangad ng mga pusisyon bilang tagapamahala sa bentahan o teknisyan na mababa ang ranggo sa dayuhang korporasyong transnasyunal dito at sa ibang bayan. Mamamahala sila sa mga saligang pagpoproseso at malawakang konstruksyon.

Mabilis na palalawakin ang mga programa sa pag-aaral ng saligang syensya, inhinyeriya at modernong agrikukura. Ang mga guro at estudyante sa mga larangang ito ay bibigyan ng prayoridad at todo-todong suporta sa sweldo at pasilidad. Bibigyan sila ng pagkakataong matutunan ang pinakaangkop at pinakabagong pagsulong sa syensyang panteknolohiya sa ibang bayan sa pamamagitan ng mga programa sa palitan ng mga mag-aaral at sa pamamagitan ng pagkakaroon ng bagong kagamitan mula sa ibang bayan.

Mangingibabaw sa syensyang panlipunan ang syentipikong pananaw at metodolohiya. Ang mga pag-aaral at pananaliksik sa syensyang panlipunan ay itutuon sa mga proseso ng pang-aapi't pagsasamantala sa mahabang panahon at sa mga nangyari kamakailan o nangyayari sa kasalukuyan, at mga pakikibaka ng mga inaapi't pinagsasamantalahan para mapalaya ang sarili. Ang punto'y hindi lamang para

maunawaan o mabigyan ng kahulugan ang mga batas ng pagbabago sa lipunan, kundi mabago ang mga mapang-api't mapagsamantalang kalagayan sa lipunan.

Ang mga social scientist ay dapat hikayating gawin ang kanilang pananaliksik sa hanay ng mamamayan, at huwag manaliksik sa laybrari lamang. Ito'y para matutunan nila kung paano mababago mismo ng mga tao ang kanilang sariling kalagayan para sa kanilang kapakinabangan nang walang presyur ng dogmatismo at syentismong burges at di makatwirang tunguhin ng pag-iisip at paniniwala sa hanay ng mamamayan.

Sa humanities, bahagi ng syentipikong pananaw at metodolohiya na alamin at respetuhin ang lahat ng pangkulturang tagumpay ng nakaraan, ipreserba ang mga ito para sa kritisismo at pagpapayaman, at pagtibayin ang tradisyunal na mga pormang pangkultura para sa pagtataguyod ng rebolusyonaryong ideya at sentimyento.

Dapat hikayatin ang panlipunang realismo, rebolusyonaryong romantisismo, panlipunang kritisismo at iba pang malusog na larangan ng kaisipan at mga usong estilo sa bagong mga likhang makasining at pangkultura at pangkritikong gawain. Dapat ikabuhay ng maraming artista ang kanilang artistikong propesyon sa pamamagitan ng kanilang sariling mga organisasyon at pangkulturang yunit na pamproduksyon.

Ang kalusugan, isports, libangan at lahat ng iba pang programang pangkultura ay dapat maituon sa mental at pisikal na kagalingan at kalusugan ng mga tao para sa panlipunang rebolusyon at konstruksyon.

Dapat patingkarin nang husto ang inisyatiba't pagkamapanlikha ng mga indibidwal at kolektibo sa loob at labas ng mga depinidong programa sa syensyang pangkalikasan, syensyang panlipunan at *humanities* na direktang kaugnay ng depinidong programa ng panlipunang rebolusyon at konstruksyon.

Hindi mangingibang bayan ang mga propesyunal at teknisyan ng bayan kapag nasigurado at napalawak ng industriyal at lahatang-panig na pagsulong ng bayan ang mga oportunidad para sa kanilang kapakipakinabang na pagtatrabaho at pagkamapanlikha.

### *Ang Aspetong Pangmasa*

Ang bagong demokratikong kultura ay may aspetong pangmasa. Pinaglilingkuran nito ang mamamayan, laluna ang masang anakpawis na manggagawa't magsasaka, sa kanilang lahatang-panig na rebolusyonaryong pakikibaka at produktibong gawain.

Dapat matutong bumasa't sumulat ang mamamayan para maitaas nila ang kanilang kamulatan at pagiging epektibo sa rebolusyon at produksyon. Dapat palawakin ang sistemang eskwelahang publiko at dapat maging unibersal ang edukasyong panghayskul ng kabataan. Dapat ilunsad ang mga kampanyang papawi sa kamangmangan at dapat maging epektibo ang mga ito dahil kaugnay ng rebolusyon at produksyon.

Habang tumataas ang antas ng pormal na edukasyon na natatamo ng mga tao, mas lumalaki ang kanilang tendensyang mahiwalay sa masang anakpawis. Para mapaglapit ang lumalaking agwat ng may mas mataas na pinag-aralan at may mas mababang

pinag-aralan, dapat magkaroon ng puspusang pagtataguyod ng rebolusyonaryong diwa na nagbubuklod sa dalawa, at dapat magkaroon ng praktikal na programa ng pagdadala sa mamamayan ng direktang serbisyo ng mga nakapag-aral pati na ang mga programa na nagtataas sa antas ng edukasyon ng mamamayan na hindi nagkaroon ng oportunidad na mag-enrol sa mga pormal na eskwelahan.

Ang *print media* at *electronic media* ay dapat gamitin para mabigyan ng kumpletong mga kurso sa pag-aaral ang mga di nakapag-aral pati na sa pagpapalaganap ng syentipiko't teknikal na kaalaman tungkol sa kasalukuyang mga usapin sa panlipunang rebolusyon at produksyon.

Dapat itaguyod ang artistiko at iba pang pangkulturang likhang may mataas na pamantayan ng kagandahan at sumasalamin sa mga paghihirap, pakikibaka at tagumpay ng anakpawis. Gayundin, dapat paunlarin ang maraming artista at aktibistang pangkultura para makalikha sa abot ng makakaya nila, gamit ang tradisyunal at modernong mga porma.

Dapat magkaroon ng mga kadreng pangkultura na lulubog sa masa at mangunguna sa gawaing pang-edukasyon at pangkultura sa hanay nila sa pamamagitan ng pang-edukasyon at pangkulturang organisasyon.

Dapat magkaroon ng mga kadreng pangkultura na pwedeng ideploy mula mga sentro tungo sa pambansa hanggang munisipal na antas. At dapat ding magkaroon ng mga kadreng nagmula sa lokal na mga komunidad na nag-iisponsor ng kanilang mas mataas na antas na edukasyon at treyning para sa layuning maglingkod sa lokalidad sa loob ng isang depinidong panahon.

Ang rebolusyonaryong oryentasyon ng edukasyon at kultura at ang diwa ng paglilingkod sa mamamayan ang mga motibasyon na makapagpapanatili dito sa Pilipinas sa mga may kasanayang propesyunal at teknikal. Hanggat ang mga motibasyong ito ay nakatimo sa mga nakapag-aral at mayroon silang disenteng kita, Hindi sila aalis sa bayan para lamang makakuha ng mas mataas na sweldo pero dumaranas ng sakit ng pagkadistyero.

Sa proseso ng bagong demokratikong rebolusyon, lumilitaw ang mga kadreng pangkultura sa mga sentrong lunsod at lokal na mga komunidad sa kanayunan. Magtatagumpay ang bagong demokratikong rebolusyon dahil mahusay na ginagawa ng mga kadreng pangkulturang ito ang kanilang gawain, pinaparami ang kanilang hanay, at mahusay na pinaglilingkuran ang mamamayan.

*Ikasiyam na Lektyur*

## NAGSASARILING PATAKARANG PANLABAS

Sa proseso ng bagong demokratikong rebolusyon, pinauunlad ng mga rebolusyonaryong pwersa (mga partido, organisasyong masa, kilusan at alyansa) ang

pakikipagkapatiran at pakikipagkaibigan sa mga katulad nilang rebolusyonaryo sa maraming bayan para labanan ang dominasyon at panghihimasok ng US. Sa gayon, sa panahong magtagumpay na ang rebolusyon, mahusay nang naihanda ng pag-unlad ng mga relasyong mamamayan-sa-mamamayan ang pagtatatag ng ugnayan sa pagitan ng demokratikong estadong bayan at iba pang estado.

Tulad ng paghikayat ng mga rebolusyonaryong pwersa sa isang gubyerno na hindi pa pinamumunuan ng rebolusyonaryong uri at partido pero may tendensyang makabayan at progresibo, ipinaglalaban nila ang pagpapatupad ng nagsasariling patakarang panlabas ng gubyernong iyon para magpatupad ng mga makabuluhang reporma sa patakarang panloob. Inilalantad at nilalabanan ng mga ligal na demokratikong pwersa ang patakarang panlabas na sunud-sunuran sa patakaran ng US at iminumungkahi ang aktibong nagsasariling patakarang panlabas.

Sa sandaling magtagumpay ang bagong demokratikong rebolusyon, ang Pilipinas ay ganap na makakapagbigay at makakapagpatupad ng patakarang ito. Iyon ay dahil nasa kapangyarihan ang mga rebolusyonaryong pwersa at napawi na ang panloob na batayan para sa sunud-sunurang patakarang panlabas. Kailangang samantalahin ng demokratikong estado ng bayan ang diplomatikong ugnayan para masuportahan, maipagtanggol at maitaguyod ang soberanya ng Pilipinas at lahat ng iba pang pambansang karapatan at interes.

### *Ang Isang Nagsasariling Patakarang Panlabas*

Nakabatay sa pambansang soberanya at panteritoryong integridad ang isang nagsasariling patakarang panlabas. Ligtas ito sa dominasyon ng ibang bansa at nangangalaga sa lahat ng pambansang karapatan at interes ng mamamayang Pilipino at estadong Pilipino. Ang kasarinlan ay walang iba kundi panlabas na aspeto ng soberanya at dapat isabuhay para pagtibayin at palakasin ang soberanya.

Sa nagsasariling patakarang panlabas, ang Pilipinas ay kapantay *ng* lahat ng iba pang estado, anuman ang laki at lakas. Sa ilalim ng prinsipyo ng kasarinlan at pagkakapantay-pantay, makakapagpaunlad ang Pilipinas ng pakikipag-ugnayan na may mutwal na respeto, mutwal na pakinabang at mutwal na suporta sa lahat ng iba pang estado; at iwinawaksi nito ang anumang klase ng dominasyon at panghihimasok ng ibang bayan.

Ang nagsasariling patakarang panlabas ng Pilipinas ay dapat manindigan sa matagal nang kinikilalang limang prinsipyo ng mapayapang pakikipamuhay, mutwal na pagrespeto sa soberanya at panteritoryong integridad, mutwal na di pagsalakay, di pakikialam sa mga usaping panloob ng isa't isa, pagkakapantay-pantay at mutwal na pakinabangan, at mapayapang pakikipamuhay sa pagpapaunlad ng diplomatikong ugnayan At pang-ekonomya at pangkulturang pakikipagpalitan sa ibang bayan.

Sa ilalim ng mga prinsipyong ito, maaaring makipag-ugnayan ang Pilipinas sa lahat ng bayan, anuman ang ideolohiya at sistemang panlipunan. Ang mga pakikipag-ugnayang ito ay pwedeng magkaroon ng katangiang bilateral gayundin sa pamamagitan ng mga organisasyon at ahensyang multilateral tulad ng United Nations

at iba pang hindi mapanalakay.

Nilalabanan ng demokratikong estadong bayan ang imperyalismo, hegemonismo at kolonyalismo. Tulad din ng pagkagalit nito kapag kinokontrol ng masasamang pwersang nabanggit, nakikipagkaisa ito sa mamamayan ng ibang bayan sa paglaban sa mga pwersang nabanggit. Sinusuportahan ng demokratikong estadong bayan ang inaaping mga bansa at di mauunlad na bayan sa kanilang makatarungang pakikibaka para sa pambansang kasarinlan at pag-unlad ng ekonomya. Matatag kong naninindigan laban sa pakikialam ng ibang bansa at mga gerang agresyon, tumutulong sa pangangalaga ng kapayapaan sa mundo at nagtataguyod ng simulain ng pagsulong ng tao.

Magagamit ng Pilipinas ang diplomatikong ugnayan nito Hindi lamang para tumulong sa pagpapanatili ng isang mapayapang kapaligiran para sa umaasa-sa-sariling lahatang-panig na pag-unlad at para sa mutwal na kapakipakinabang na palitan sa ekonomya, kultura, syensya't teknolohiya. Madadagdagan ng suporta't ayudang panlabas sa Pilipinas ang umaasa-sa-sariling mga pagsisikap ng mamamayan at maaari namang magpunyagi ang Pilipinas para makapagbigay ng suporta at ayuda sa alinmang bayan o mamamayang nangangailangan.

***Ang Pakikipag-ugnayan sa US***

Para makamit ang tunay na nagsasariling patakarang panlabas, dapat unang-una na'y ipawalambisa ng Pilipinas at mamamayang Pilipino ang di pantay na mga tratado at kasunduan sa US, gayundin, ipawalambisa ang mga batas na nagbibigay ng pambansang trato at iba pang ekstraordinaryong pribilehiyo sa mga korporasyong transnasyunal ng US.

Sa lalong madaling panahon, dapat ipawalambisa ang Kasunduang US-RP sa Base Militar o hayaang matapos ito sa 1991. Dapat lansagin ang mga base militar ng US dahil lumalabag ang mga ito sa soberanya ng Pilipinas at panteritoryong integridad, at dahil ang mga ito'y lunsaran ng agresyon at isang magneto para sa nukleyar na pagsalakay.

Mas makikinabang ang Pilipinas kung kukunin nito ang permanenteng mga isrruktura sa lupain, kung gagawing internasyunal na daungang sibilyan ang mga daungan at kung gagamitin ang malawak na lupain sa agrikultura, pagmimina at industriya sa halip na tumanggap ng kakarampot na "kabayaran".

Dapat ipawalambisa ang Kasunduang US-RP sa Ayudang Militar dahil inilalagay nito ang AFP sa kontrol ng US. Nananatiling neokolonyal na estado ang estado ng Pilipinas hanggat ang pangunahing sangkap ng estado, ang AFP, ay nananatiling nakaasa sa US sa pagpaplano, payo, pondong militar, pautang para sa kagamitang militar, treyning ng upisyal at iba pa.

Dapat ipawalambisa ang Kasunduang US-RP sa Mutwal na Depensa dahil pinapayagan nitong manghimasok sa internal na usapin ng Pilipinas ang mga tropa ng US. Dapat ding ipawalambisa ang Kasunduang Maynila kahit ito'y wala nang saysay, laluna nang malansag ang makinaryang SEATO.

Dapat nang patigilin ang Central Intelligence Agency at ang Defense Intelligence

Agency sa pangwawasak ng Pilipinas at pagmamanipula ng mga "ahente" ng AFP sa paniniktik, sa burukrasyang sibil at sa pribadong sektor.

Dapat wakasan ang mga pagdidikta ng patakarang pang-ekonomya ng US sa pamamagitan ng IMF, World Bank at iba pang ahensyang multilateral. Dapat balewalain ang Kasunduan sa Kooperasyong Pang-ekonomya at Teknikal dahil pinapayagan nito ang mga tagapayo ng US sa ekonomya at teknolohiya, na kunwari'y tumutulong, para ibagsak ang Pilipinas.

Gayundin, Hindi dapat gamitin ang Batas Publiko 480 1 at II para impluwensyahan ang patakarang pang-ekonomya ng Pilipinas at suportahan ang mga kampanyang pampropaganda, mga programa ng palitan sa edukasyon at iba pang pakana na nagpapabagsak sa Pilipinas.

Dapat patigilin sa pagsira ng Pilipinas ang mga ahensyang panggubyerno ng US tulad ng AID, USIS, US Educational Board, Peace Corps, National Endowment for Democracy; mga pundasyong tulad ng Asia Foundation, Rockefeller Foundation, Ford Foundation at Asian-American Free Labor Institute; at iba pang upisyal at pribadong ahensya ng US.

May mga nagsasabing kapag winakasan ng soberanong mamamayang Pilipino ang dominasyon ng US, ang Pilipinas ay mahuhulog sa kamay ng isa pang dayuhang kapangyarihan. Ang sagot dito'y kung mawawakasan ng mamamayang Pilipino ang dominasyon ng US, mahahadlangan din nila ang dominasyon ng alinmang iba pang dayuhang kapangyarihan.

Habang umaasa sa sarili ang mamamayang Pilipino sa pagpapalaya sa sarili mula sa dominasyon ng US, pwede nilang makuha ang suporta ng proletaryado't mamamayang Amerikano para biguin ang dominasyon, pakikialam, panghihimasok, o pananalakay ng US. Ang mamamayang Pilipino ay may malawak na antas ng internasyunal na suporta mula sa mga progresibong bayan, mamamayan, partido, kilusan at organisasyon para sa pakikipaglaban sa imperyalismong US.

Pwedeng magkaroon ng normal na pakikipag-ugnayang diplomatiko't pangkalakalan sa US ang demokratikong estado ng bayan ng Pilipinas sa sandaling itigil ng superpower na ito ang dominasyon nito at mga pakanang agresyon laban sa Pilipinas at mamamayang Pilipino.

### *Ang Pakikipag-ugnayan sa Asya, Aprika at Amerika Latina*

Bago't pagkaraang maipagtagumpay ang bagong demokracikong rebolusyon, makakakuha ang mamamayang Pilipino ng malaking suporta sa mga bayan, mamamayan, kilusan at organisasyon sa Asya, Aprika, at Amerika Latina; at makakapagbigay din ng makabuluhang kontribusyon ang mamamayang Pilipino sa pamamagitan ng rebolusyonaryong pagsisikap para sa pagsusulong ng mga anti-imperyalistang pwersa sa mga rehiyong ito na biktima ng imperyalismo, kolonyalismo at hegemonismo.

Makakakuha at makakapagpaunlad ang rebolusyonaryong mga pwersa sa Pilipinas ng relasyong pakikipagkaisa at kooperasyon sa mga katulad nilang rebolusyonaryo sa

ibang bayang nasa mga rehiyong ito. Sa sandaling maitatag ang bagong demokratikong estado ng Pilipinas, magiging posibleng magpaunlad ng relasyong estado-sa-estado at mamamayan-sa-mamamayan.

Kauna-unawa na habang wala pa sa kapangyarihan, binibigyang diin ng mga rebolusyonaryong pwersang Pilipino ang paghahangad at pagpapaunlad ng pakikipagkaisa at kooperasyon sa mga katulad nilang rebolusyonaryo sa ibang bansa. Pero kahit pa nga ganoon, malugod nilang tinatanggap ang pagkilos ng mga bayan para palawakin at konsolidahin ang blokeng walang kinikilingan at igiit ang bagong internasyunal na kaayusan sa ekonomya.

Sasama ang demokratikong estadong bayan sa blokeng walang kinikilingan at tutulong sa lalo pang paggigiit ng bagong internasyunal na kaayusan sa ekonomya. Sasama ito sa walang kinikilingan at di maunlad na mga bayan sa bawat pagkilos laban sa imperyalistang mga pakana ng US sa loob at labas ng United Nations at iba pang porum.

Kahika-hikayat para sa mga rebolusyonaryong pwersang Pilipino ang paggigiit ng paparaming mga bayan sa Asya, Aprika at Amerika Latina para lumaya mula sa mga dikta ng imperyalista at para makamit ang soberanya sa ekonomya, pag-unlad at makawala sa patibong ng utang. Pwedeng paunlarin ang pampulitika't pang-ekonomyang kooperasyon sa hanay ng mga bayan ng Asya, Aprika, at Amerika Latina para sa indibidwal at kolektibong kapakinabangan ng mga ito.

Hihahangad ng mga pwersa ng rebolusyong Pilipino na lalo pang mapaunlad ng Pilipinas ang mapagkaibigang relasyon nito sa lahat ng magkakalapit-bayan sa Timog-Silangang Asya at Hilagang-Silangang Asya. Hinahangad din nila na matupad ng mga bayan ng ASEAN ang kanilang pangarap na magkaroon ng sona ng kapayapaan at nyutralidad na walang mga base militar ng dayuhan at sandatang nukleyar.

Umaasa ang mga rebolusyonaryong pwersang Pilipino na maitatatag ang isang demokratikong estadong bayan na may nagsasarili, nyutral at walang kinikilingang patakarang panlabas, mapayapang umiiral kasama ng lahat ng magkakalapit-bayan at nagpapaunlad ng pakikipag-ugnayan sa kanila na may mutwal na kapakinabangan.

### *Ang Pakikipag-ugnayan sa mga Sosyalistang Bayan*

Ang mga sosyalistang bayan ay maaaring lumahok sa diplomatikong ugnayan sa mga bayan anuman ang ideolohiya't sistemang panlipunan ng mga ito. Pero dapat nilang siguraduhin na Hindi makakatulong ang kanilang diplomasya sa kampanya ng panunupil ng imperyalistang US at lokal na mga reaksyunaryo laban sa mamamayang Pilipino at mga rebolusyonaryong pwersa.

Ang mga sosyalistang bayan ay binubuklod ng prinsipyong proletaryong internasyunalismo, at dapat payagan ang kanilang mga rebolusyonaryong pwersa na magkaroon ng pinakamahusay na ugnayang pangkapatiran sa mga rebolusyonaryong pwersang Pilipino at magbigay ng suportang moral at materyal sa kanila. Ang suportang ibibigay ay sukatan ng proletaryong internasyunalismo.

Ang mga rebolusyonaryong pwersang Pilipino, isang gubyernong koalisyon na

nilalahukan nila, o isang demokratikong estadong bayan sa Pilipinas, ay makakaasa sa mga sosyalistang bayan at mga mamamayan nito ng ilang suporta para makapagsagawa ng nagsasariling patakarang panlabas, at makayanang labanan ang mga hakbanging pagganti ng US.

Ang isang gubyernong koalisyon na nilalahukan ng mga rebolusyonaryong pwersa, o sa pinakamahusay, isang demokratikong estadong bayan, ay makakakuha ng pampulitikang suporta para sa nagsasariling patakarang panlabas nito at mas malaki kaysa karaniwang tulong na pang-ekonomya at pangkalakalan mula sa mga sosyalistang bayan.

Sumisimpatya ang mga sosyalistang bayan sa mga bayang naghahangad na ang kanilang ekonomya'y maging umaasa-sa-sarili at higit sa lahat, naghahangad na makapagpaunlad ng pambansang industriya. Pwedeng ipagpalit ng Pilipinas ang mga kalakal nito sa mga produktong kapital pati na sa esensyal na mga produktong pangkonsumo mula sa mga sosyalistang bayan.

Pwede ring makipagnegosasyon ang Pilipinas para sa mga produktong kapital na nakabatay sa pautang, na ang kabayara'y manggagaling sa bahagi ng taunang inaasabang produkto o kita mula sa bagong industrya. Ang mga pautang mula sa mga sosyalistang bayan na may maluwag na kundisyon para sa pagpapaunlad ng industriya ay ibang-iba sa mga pautang para sa mga proyektong pang-impraistruktura at malawakang pangkonsumo na nagpalubog nang husto sa Pilipinas sa utang.

Habang pinipiga ng US ang Pilipinas dahil sa napakalaking naipong utang at matinding paghahangad ng dayuhang pondo, mapipilitan itong maghanap ng solusyon sa problemang pampinansya at pang-ekonomya, sa paglaban ay makikiisa sa iba pang di maunlad na bayang may utang, at lalo pang magpapaunlad ng pakikipag-ugnayan sa mga sosyalistang bayan.

### *Ang Pakikipag-ugnayan sa iba pang Kapitalistang Bayan*

Sa mga kapitalistang bayan bukod sa US, may mga bayang mas sumusunod sa kumpas ng US at may mga bayang Hindi gaanong sumusunod o naggigiit ng kanilang kasarinlan.

Pwedeng samantalahin ng Pilipinas ang mga kontradiksyon sa hanay ng mga kapitalistang bayan para mas makapagmaniobra sa pangangalaga ng sariling interes at magbalangkas ng nagsasariling patakarang panlabas.

Di gaanong namumwersa ang ilang kapitalistang bayan kumpara sa US dahil gusto nilang makakuha ng mas maraming kunsesyon para sa kanilang sariling mga kumpanya sa ganid na daigdig ng kapitalismo. Pwedeng mapawi ng Pilipinas ang ekstraordinaryong pribilehiyo ng US sa pamamagitan ng panghihikayar sa ibang kapitalistang bayan na palawakin at paunlarin ang pangkalakalan at iba pang pang-ekonomyang pakikipag-ugnayan sa Pilipinas nang di kakailanganin ang di pantay na mga tratado't kasunduan at imperyalistang mga pribilehiyo.

Habang lumilipas ang panahon at lumalala ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista, ang tunguhin ng kasarinlan mula sa dikta ng US ay susulong sa mga

kapitalistang bayan sa Kanlurang Europa, Oceania, Japan at Canada. Bukod sa US, ang mga kapitalistang bayang ito ay makakapagsuplay ng mga produktong kapital at esensyal na mga produktong pangkonsumo sa Pilipinas.

Sa anu't anuman, para makapagbalangkas ng nagsasariling patakarang panlabas ang Pilipinas at mamamayang Pilipino nang sa gayo'y mapalakas ang pambansang soberanya at ang internal na sosyo-ekonomiko at pangkulturang pag-unlad, dapat pangunahin silang umasa sa nagsasariling rebolusyonaryong mga pagsisikap; dapat matatag na matatag na makiisa sa walang kinikilingan at iba pang progresibong bayan sa Asya, Aprika, at Amerika Latina, makiisa sa mga sosyalistang bayan at mamamayan sa buong daigdig, at makiisa sa mga proletaryo't mamamayan ng kapitalistang mga bayan; at dapat samantalahin ang mga kontradiksyon sa hanay at sa loob ng mga kapitalistang bayan para biguin ang pinakamapanalakay at pinakamapagsamantalang mga pwersa ng imperyalismong US.

Malugod na tinatanggap ang lahat ng rebolusyonaryo't iba pang positibong pwersang nasa ibang bayan na gustong tumulong sa pakikibaka ng Pilipinas at sambayanang Pilipino para sa pambansang kasarinlan at demokrasya.

*Ikasampung Lektyur*

## HINAHARAP NG REBOLUSYONG PlLIPINO

Inilarawan ng US at mga reaksyunakyong anti-Marcos na "rebolusyong sinimulan ng panggitnang uri" ang pinagsamang paghihimagsik militar at pag-aalsa ng mamamayan na nagbagsak sa pasistang dikradurang Marcos at nagbunsod ng gubyernong Aquino.

Sa deskripsyon, pinapalabo ang matagalang pakikibaka ng mga rebolusyonaryong pwersa at malawak na masa ng mamamayan laban sa rehimeng US-Marcos gayundin lubusang ikinakaila ang tuwiran at di tuwirang partisipasyon ng mga ligal na pwersang pambansa-demokratikong kilusan sa mga nangyari noong Pebrero 22-25.

Pero malinaw na ipinapakita ng deskripsyon na sa wakas ay nagdesisyon ang US at lokal na mga reaksyunaryo (kasama ang dominanteng simbahan) na lubusang ibasura si Marcos pagkaraang suportahan siya sa mahabang panahon para maunahan ang kinakatakutan nila nang husto na di hamak na mas mabilis na pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan kung patatagalin ang pasistang diktadura pagkatapos ng dinayang snap na eleksyong presidensyal.

Para bang masasalamangka ng pagbabago ng presidente at pag-atras sa lantarang pasistang diktadura ang palala nang palalang krisis ng naghaharing sistema, paglaki ng

rebolusyonaryong pwersa at posibilidad ng gubyernong koalisyon (kasama ang rebolusyonaryong pwersa) at demokratikong estadong bayan.

***Ang Palala nang Palalang Krisis***

Walang pwedeng magwakas sa palala nang palalang krisis pang-ekonomya't pampulitika ng malakolonyal at malapyudal na sistema kundi ang rebolusyonaryong pagdaluyong. Hanggang ngayon, ang gubyernong Aquino ay walang iniaalok na mga radikal na hakbang para mapalitaw ang pangmatagalang pagpapagaan o pangmatagalang solusyon sa mga grabeng problema sa lipunan.

Hindi nalansag ang lahat ng istruktura ng pasistang diktadura. Ang pinakaimportante sa mga ito—ang AFP—ay Hindi nagkaroon ng reoryentasyon at reorganisasyon alinsunod sa pambansa at demokratikong interes ng mamamayan. Patuloy ang militarisasyon sa malalawak na erya sa kanayunan. Ang mga kampanyang milirar laban sa mamamayan at rebolusyonaryong pwersa ay pinatindi alinsunod sa mga idinikta ng imperynlismong US at pinakamasamang reaksyunaryong interes na mula pa sa rehimeng US-Marcos.

Nananatiling di nasasagot ng bagong rehimen ang malalaking usaping pambansang soberanya at demokrasya. Walang komprehensibong programa sa pagpapaunlad ng ekonomya na saklaw ang reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon para lutasin ang kahirapan, kawalan ng trabaho, kagutuman at iba pang matingkad na problemang sosyo-ekonomiko at pagbubunsod ng katarungang panlipunan na pangmatagalang batayan ng pambansang rekonsilyasyon at kapayapaan.

Patuloy na inoobliga ng US ang Pilipinas na manatiling agraryo, liberal na mag-import ng namanupakturang produkto, maghintay sa mga dayuhang mamumuhunan na mamuhunan sa mga larangang di industriyal at madaling makakakuha ng ganansya, mamalimos ng internasyunal na pampinansyang tulong, magpuno ng depisit, magbayad ng dating utang sa pamamagitan ng bagong utang, at magpababa ng kita ng masang anakpawis at panggitnang saray ng lipunan sa pamamagitan ng kawalan ng trabaho, mataas na buwis, mataas na interes, implasyon at debalwasyon.

Sa pagpapatuloy ng krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista, pinababang presyo ng hilaw na materyales na pang-eksport ng Pilipinas, pinataas na presyo ng mga import at ibayong hirap sa pangungutang, kahit ang nakatataas na mga uri ng malaking kumprador at panginoong maylupa ay nakakaranas ng mas mahigpit na sitwasyon sa ekonomya ng Pilipinas kaysa dati dahil mas kaunti ang kanilang dolyar para sa kanilang sariling layunin.

Dahil sa mas mahigpit na sitwasyon sa ekonomya, tiyak na titindi pang lalo ang mga hidwaan ng mga paksyon ng mga malaking kumprador at panginoong maylupa. Ang pinasimulan ng pangkating US-Marcos na garapal na paggamit ng kapangyarihang pang-estado para makinabang sa pulitika't ekonomya ang siya ring kailangan para makuha uli at sa huli'y mailipat ang ganoong mga pakinabang sa iba pang pribadong entidad.

Ang tinatawag na *snap revolution* ng Pebrero ay hindi nagbigay ng wakas sa

karahasan kundi nagbigay ng daan sa palawak nang palawak at parami nang paraming karahasan sa hanay ng mga paksyon ng naghaharing uri gaano man kaingay ang mga ito sa pagpapalaganap ng anti-komunistang pagkiling at misrepresentasyon ng mga rebolusyonaryong pwersa bilang orihinal, tangi at pangunahing pinagmulan ng karahasan.

Ang sitwasyon ng mga paksyon ng mga naghaharing uri ay mas kumplikado ngayon at mas punung-puno ng karahasan kaysa nakaraan. Ang kumprontasyon ng paksyong Marcos at paksyong Aquino ay malamang na sumiklab sa mararahas na insidente sa loob at labas ng AFP.

Ang paksyong Marcos ay may malaking bentaheng pampinansya, militar at pampulitika na wala sa mga partidong oposisyon noong nakaraan. At ang paksyong Aquino ay nasa proseso pa ng pagkakaroon ng bentahe sa pagiging presidente ng isang bangkaroteng gubyerno at ekonomya at sa pagiging punong kumander ng militar na kontrolado ngayon ng mga dating tagapangalaga ng ibinagsak na diktador, na direktang inaatasan ng US.

Ang AFP ay di hamak na mas watak-watak kaysa nakaraan. May tatlong bloke ngayon ng mga upisyal sa loob ng AFP Ang mga ito'y ang blokeng Enrile-Ramos-RAM, blokeng Marcos at blokeng Aquino, ayon sa pagkakasunud-sunod ng kanilang lakas.

Ang blokeng Enrile-Ramos-RAM ay nangingibabaw at may awtonomya pa nga sa awtoridad ni Gng. Aquino bilang presidente at punong kumander. Ito'y pangunahing nakabatay sa sobrang laking pwersang panseguridad ng minister sa depensa, Philippine Constabulary at mga nakinabang sa promosyon kamakailan. Nag-iingat ito sa blokeng Marcos at blokeng Aquino sa AFP bagamat pumapanig sa pagkapresidente ni Aquino laban kay Marcos.

Sa kabila ng pagbagsak ni Marcos at Ver at pagpapatalsik sa bantog sa kasamaan na mga loyalista ni Marcos na matataas ang katungkulan, ang blokeng Marcos ay nananatili sa AFP hindi lamang dahil nakapanatili sa AFP ang mga nakakababang upisyal na loyalista ni Marcos kundi dahil may tendensyang sumama sa kanila ang malaki-laking bilang ng mga integree (pinunong regular ng Hukbo na galing sa sibilyan) na upisyal bilang reaksyon sa kayabangan, diskrirninasyon at paghahari-harian ng mga gradweyt ng PMA na myembro ng RAM. Ang paksyong Ver-Ramas ay sadyang nagpaunlad noong nakaraan ng mga tagasunod sa hanay ng mga *integree* na upisyal sa Philippine Army at lahat ng sangay sa paniniktik.

Papalaki pa ang blokeng Aquino. Ang susunod na problema nito'y kung paano ito mangingibabaw sa dalawang iba pang bloke. Kabilang sa blokeng ito Hindi lamang ang masyadong pinaunting mga gwardyang militar at ahensyang nagkokoordina ng paniniktik na nasa direktang pamumuno ng presidente kundi pati ang tagasunod ng pangalawang minister sa depensa na si Heneral Ileto sa Philippine Army at makabuluhang bilang ng mga upisyal sa Philippine Air Forces.

Bukod sa nabanggit na tatlong pangunahing bloke ng mga upisyal na namulat sa pulitika, naririyan ang IROG at iba pang kapatiran ng mga upisyal na integree, na ipinagmamalaki ang kanilang kalamangan sa bilang sa sobrang pinalawak na AFP; at nag-iingat o may sama ng loob sa mga gradweyt ng PMA na myembro ng elitistang

RAM; mga grupo ng upisyal na kasangkot sa katiwalian at iba pang kriminal na aktibidad; mga grupo ng upisyal na nag-uusap tungkol sa pagkukudeta pero hindi alam kung paano panatilihin ang kapangyarihan kapag naagaw na ito; at mga grupo ng upisyal at tauhan na mga lihim na nagsisimpatya sa rebolusyonaryong kilusan.

Tulad ng makikita sa tumitinding banggaan ng pwersa ni Marcos at pwersa ni Aquino at kaguluhan ng AFP, ang proseso ng disintegrasyon ay gumagana sa loob ng naghaharing sistema sa lipunan. Sa mga mapanlipol na bira ng armadong rebolusyonaryong kilusan, ang AFP ay magkakaroon at magkakaroon ng bitak.

Sa partikular, sa loob ng gubyernong Aquino, may tensyon sa pagitan ng awtoridad na sibilyan at militar gayundin sa hanay ng mga partidong pampulitikang sumusuporta sa gubyerno. Pero di nga ba't sa kabuuan, ang ugnayan ng mga partidong ito'y mapagkaibigan pa rin at may tendensyang magsama-sama ang mga partidong ito laban sa bantang pagbabalik ng pwersa ni Marcos at alerto sa kasibaan ng AFP sa pondong publiko at ayuda ng US, gayundin sa mga ambisyon ng militar.

Para sa mamamayan, kalabisan ang mataas na at papataas pang gastos sa militar kung ikukumpara sa mga hakbang sa pagtitipid sa sibilyang panig ng gubyerno. Ang bawat dagdag sa gastos ng militar ay magpapagalit pang lalo sa mamamayan at magbubukod sa AFP

Pero di nga ba't ang patuloy na mga kalupitan at pang-aabuso ng AFP sa pagsisilbi sa dayuhan at pyudal na interes ang nagpapagalit nang husto sa mamamayan at nagpapaalab ng armadong paglaban. Kailangang kontrolin ng gubyernong Aquino ang AFP para magbigay-daan sa pambansang rekonsilyasyon o pakakawalan ito nang todo-todo hanggang madurog nang lubusan ng armadong rebolusyon.

Ang pagpapahintulot na pakawalan ang AFP sa mamamayan ay di maiiwasang magdulot ng mga peligro sa gubyernong Aquino. Sa napakaikling panahon, ang pag-igting ng armadong pakikibaka ay magpapahirap sa pinansya't pulitika ng gubyerno, magbubunsod ng direktang linya ng US sa AFP at manghihikayat at magsusulsol ng militaristang ambisyon sa pulitika.

Kung talagang interesado sa pangmatagalang pagtigil ng labanan at pambansang rekonsilyasyon, kailangang pabalikin ng gubyernong Aquino ang militar sa baraks, at pauntiin ang pwersa at mga gastusin, buwagin ang CHDF at mga paramilitar na yunit, at ibalik ang pulisya sa mga lokal na sibilyang upisyal kahit bago pa magkaroon ng pormal na tigil-putukan sa pagitan ng AFP at BHB.

Ang mga naipon dahil sa pag-unti ng gastos sa militar ay pwedeng gamitin sa pagpapaunlad ng ekonomya at esensyal na serbisyong publiko. Ang paghina ng AFP ang magpapatampok sa pampulitikang inisyatiba ng gubyernong sibil at magpapababa sa militaristang ambisyon.

Kahit wala pang pormal na tigil-putukan, mapapahinto ng gubyernong Aquino ang operasyon ng AFP sa BHB, at sa gayon, mabilis na mababawasan man lamang ang armadong banggaan. Ito'y usapin lamang ng pagtungo ng AFP sa estratehikong depensiba mula sa estratehikong opensiba sa paraan din na laging nasa estratehikong depensiba ang BHB.

Dapat iwaksi ng gubyernong Aquino ang ilusyong naagaw na ng tinatawag na

bagong AFP ang puso't isip ng mamamayan at ginawa itong laban sa rebolusyonaryong kilusan. Sa pinakamainam, ang tinatawag na snap *revolution* ay nakapagdulot ng pampulitikang ginhawa sa panggitnang uri sa kalunsuran mula sa pagpapahirap ng pasistang diktadura pero ang saligang problemang modernong imperyalismo at katutubong pyudalismo ay patuloy na nagpapahirap sa mamamayan, laluna sa kanayunan.

Bagamat gusto ng US na imantini sa ilang panahon ang mga istruktura ng pasistang diktadura, ang gubyernong Aquino mismo ay pinepresyur nang husto ng mamamayan na kumpletuhin ang paglalansag dito at lutasin ang problema na sa simula pa ay nagpasulpot ng pasistang diktadura. Ang mga ito'y ang problemang imperyalismong US at katutubong pyudalismo.

***Ang Lumalaking Rebolusyonaryong Pwersa***

Ang palala nang palalang krisis ng naghaharing sistema ang nagpapataba ng lupa sa paglaki ng rebolusyonaryong pwersa. Pangunahing kabilang sa organisadong pwersang ito ang Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan at National Democratic Front. Sa paanu't paano man, sa ayaw nila't sa gusto, ang ligal na mga pwersang demokratiko ay nakakaambag din sa pagsulong ng rebolusyong Pilipino.

Hanggang sa antas na nakikipaglaban ang mga rebolusyonaryong organisasyon ng mamamayang Moro para sa pambansang pagpapasya-sa-sarili, sinusuportahan nila ang pakikibaka ng buong mamamayang Pilipino para sa pambansang pagpapalaya at demokrasya. At nakakakuha rin naman sila ng suporta sa mga tagumpay ng pakikibakang ito.

Ang PKP ay may mayamang karanasan sa paglalagom at pagsusuri sa teoretikal na patnubay ng Marxismo-Leninismo. Ang pagpapatingkad ng mga natamo at pagwawasto ng mga pagkukulang ang nagtatakda sa tungkuling pabilisin ang tagumpay ng bagong demokratikong rebolusyon sa natatanaw na hinaharap.

Maaaring sabihin ng ilang tao na hindi nagamit nang husto ng PKP ang mga pampulitikang oportunidad mula 1978 hanggang 1986 para maisulong ang armadong pakikibaka at pakikipagkaisang prente, at gampanan ang mas malaking papel sa pagbabagsak ng pasistang diktadurang Marcos at magkaroon ng mas malaking bahagi sa tagumpay.

Pero mas malalaking pagsulong ang naisagawa ng PKP. Bagamat lumampas ang ilang oportunidad na di maksimum na nagamit ng PKP, ang palala nang palalang krisis ng naghaharing sistema ay patuloy na nagbibigay sa PKP ng ilang oportunidad para sa mabilis na rebolusyonaryong pagsulong.

Sa mga erya na wala pang matinding armadong banggaan, lumalabas na makakaya ng US at lokal na mga reaksyunaryo na kunsintihin ang ilang pampalubag-loob na katangian ng kalayaang sibil. Ang mga ito'y mainam na kalagayan para sa pagpapaunlad ng ligal na mga pwersang demokratiko at pagtatayo ng nagkakaisang prente sa pambansang saklaw.

Walang garantya kung gaano ang aabutin at kung gaano katagal rerespetuhin ang

mga kalayaang sibil. Pero masisigurado ng lahat ng ligal na mga demokratikong pwersa sa sarili nila ang katotohanan na kahit niyuyurakan ng pasistang diktadurang Marcos ang mamamayan, ang antipasista, anti-imperyalista at antipyudal na mga organisasyon at alyansa ay pwedeng umiral at maglunsad ng militanteng pakikibakang masa.

Sa mga sitwasyong patuloy na sumusulong ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka, pwedeng sumulong din ang ligal na demokratikong pwersa kahit nanaglulunsad sila ng militanteng mga pakikibaka sa rehimen na naglunsad ng pinakamasamang pagsalakay sa mamamayan, laluna sa kanayunan.

Hindi pwedeng magtagumpay ang mga kampanyang militar sa panunupil na pinapatindi ngayon sa ilang erya sa kanayunan laban sa mamamayan at rebolusyonaryong armadong pwersa.

Ang hukbong bayan ay may kakayahang maglunsad ng mga taktikal na opensiba at kontra-opensiba hindi lamang sa larangang gerilya na sinasalakay ng kaaway kundi sa maraming iba pang larangang gerilya sa buong bayan. Hindi pwedeng wasakin ng AFP ang BHB kahit sa isang rehiyon sa pamamagitan ng pagkokonsentra dito ng nakakalamang na pwersa at pagbabawas ng pwersa sa kalunsuran at iba pang rehiyon kung magkokontra-opensiba ang mga pwersa ng BHB sa mga eryang huling nabanggit para mapagaan ang hirap ng rehiyong sinasalakay.

Malinaw na ang malamang na takbo ng pag-unlad ay ang pagkakasunud-sunod ng tatlong estratehikong yugto ng digmang bayan (depensiba, pagkapatas at opensiba). Kailangan pa ng ilang panahon para mapaunlad ang rebolusyonaryong armadong pwersa sa kanayunan at mapadaluyong sa kalunsuran. Sa kalaunan, ang hukbong bayan ay makakasalakay sa pinakahuling mga kuta ng kaaway nito.

Makakapag-insureksyon lamang kapag mabilis ang disintegrasyon ng naghaharing sistema nang walang anumang maagap at sapat na panghihimasok ng US, at ang rebolusyonaryong pwersa ay pwedeng nasa bag-as ng ispontanyong nagbabangong masa, at may sapat na lakas hindi lamang sa pag-agaw ng kapangyariban kundi pati sa pagpapanatili nito.

Batay sa kasalukuyang lakas ng BHB, magagamit nito ang mga pwersang gerilya na nakabase sa kanayunan at armadong partisano sa kalunsuran para makaagaw ng armas kailanman gustuhin, sa malawakang saklaw at madalas, sa mahihinang yunit ng AFP, pulisyang munisipal, yunit paramilitar at pribadong pwersang panseguridad.

Sa loob ng ilang taon, mapapaunlad nang husto ng BHB ang estratehikong depensiba at maaabot ang estratehikong pagkapatas sa pamamagitan ng aktibong paghahanap at paglikha ng mga oportunidad sa paglipol o pagdidisarma ng mga kalabang yunit. Ang estratehikong pagkapatas at opensiba ay relatibong maikling yugto kapag ang rebolusyonaryong armadong pwersa ay may mga sandatang anti-tangke at anti-sasakyang panghimpapawid, mismong magagamir nang husto ang sandatang insureksyon ng mamamayan, at hindi maagap na makakasaklolo ang US sa mga papet na pwersa nito tulad ng ginawa sa Byetnam.

Para masiguradong maaagaw at mapapanatili ang kapangyarihan, ang PKP ay tiyak na magdadagdag ng mga kadre at myembro nito, sa kantidad at kalidad; ang BHB ay

magpapaunlad ng serye ng pormasyong panlaban sa antas ng sona, larangan, rehiyon at sa pagitan ng mga rehiyon; ang NDF ay magtatayo ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika mula antas baryo pataas.

Sa pagkakawasak ng makinaryang militar ng reaksyunaryong estado, maaaring itatag ang demokratikong estadong bayan. Bago nito, kailangang maglunsad ng puspusang pakikibaka ang mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan.

Gayunman, kung seryoso ang gubyernong Aquino tungkol sa pambansang rekonsilyasyon at pangmatagalang kapayapaan, dapat handa itong itransporma agad ang sarili sa gubyernong koalisyon na nagpapatupad ng linyang anti-imperyalista at anti-pyudal at nagsasali sa mga rebolusyonaryng pwersa.

Ang krisis ng naghaharing sistema ay napakalubha kaya kailangang magdisisyon agad ang gubyernong Aquino kung bubuuin o hindi ang gubyernong koalisyong ito. Tinanggap mismo ni Presidente Aquino na pagkaraan ng anim na buwan ng rehimen ay mag-uumpisa itong magkaroon ng mga grabeng problema kung Hindi makakapag-alok ng epektibong mga solusyon sa mga saligang problema ng mamamayan.

Kapaki-pakinabang sa gubyernong Aquino at sa mga rebolusyonaryong pwersa na sa lalong madaling panaho'y magtatag ng linya ng komunikasyon kaugnay ng pambansang rekonsilyasyon, tigil-putukan at posibleng gubyernong koalisyon. Ang linyang ito ng komunikasyon ay kailangan para maunahan man lamang ang banta ng mga pwersa ni Marcos o pansamantala, ng alinmang iba pang banta sa loob ng AFP. Sa kalaunan, mababalangkas ang gubyernong koalisyon.

Magpapabilis lamang sa posibleng pagbabalik ng pasistang diktadura, at kung gayo'y sa pagtatagumpay ng armadong kilusang rebolusyonaryo, ang pagmomonopolyo sa kapangyarihang pampulitika ng bagong pangkatin ng mga malaking kumprador at panginoong maylupa na sunud-sunuran sa imperyalismong US at tinutulungan ng mga bagong rikrut mula sa panggitnang uri; at paggamit ng mismong makinaryang militar ng ibinagsak na pasistang diktador sa pang-aapi sa mamamayan.

Sa kabila ng lahat ng imperyalista't klerikong pagdiriwang sa tinatawag na *snap revolution* para maunahan ang armadong rebolusyon, sa malao't madali ay magiging napakadesperado ng gubyernong Aquino dahil sa ugat ng pasistang diktadurang Marcos at pagtindi ng armadong rebolusyon.

Para mapahusay ang pusisyon sa darating na panahon, kailangang harapin ng gubyernong Aquino ang rebolusyonaryong kilusan tungkol sa usapin ng pambansang soberanya at pagkakamit ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon.

Sa gubyernong koalisyon, ang mga rebolusyonaryong pwersa ay nakakapagpanatili ng kanilang integridad, may bahagi sa kapangyarihang pampulitika at nakakapagpanatili sa hukbong bayan. Kung hindi posible ang gubyernong koalisyon, tulad ng dati ay pwedeng maging layunin ng mga rebolusyonaryong pwersa ang pagtatatag ng demokratikong estadong bayan.